# MGA RELIHIYON SA MUNDO AT MGA KULTO

Dr. Stephen Gibson

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2019 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Ikalawang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman


Pangkalahatang-Ideya sa Kurso ..... 5

(1) Pag-unawa sa Hindi Pagkakasundo ng Mga Relihiyon ..... 11

(2) Mahahalagang Punto ng Ebanghelyo ..... 23

(3) Mormonismo ..... 27

(4) Saksi ni Jehovah ..... 37

(5) Iglesia ni Cristo ..... 43

(6) Eastern Lightning/Iglesya ng Makapangyarihang Dios ..... 49

(7) Teolohiya ng Kasaganahan ..... 55

(8) Apocalyptic Cults Mga Kulto sa mga Huling Araw Ayon sa Pahayag ..... 63

(9) Hinduismo ..... 69

(10) Buddhismo ..... 75

(11) Taoismo ..... 83

(12) Islam ..... 89

(13) Judaismo ..... 95

(14) New Age Religion ..... 101

(15) Animismo ..... 107

(16) Voodoo ..... 111

(17) Pag-unawa sa Sabadista ..... 117

(18) Pag-unawa sa Katolisismong Romano ..... 125

(19) Pag-unawa sa Eastern Orthodoxy ..... 131

Handbook ng Doktrina ..... 143

Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral ..... 153

Mga Inirerekomendang Pagkukunan ..... 159

Talaan ng mga Takdang-Aralin ..... 163

# Pangkalahatang-Ideya sa Kurso

| Mga Kulto na Nagsasabing sila ay Kristiyano | Mga Relihiyong Hindi Kristiyano | Mga Iglesyang May Lihis na Tradisyon |
|---|---|---|
| Mormonismo | Hinduismo | Seventh-Day Adventism/Sabadista |
| Saksi ni Jehovah | Buddhismo | Katolikong Romano |
| Iglesia ni Cristo | Taoismo | Eastern Orthodoxy |
| Eastern Lightning /Ang Iglesia ng Makapangyarihang Dios | Islam | United Pentecostalism |
| Prosperity Theology/ Teolohiya ng Kasaganahan | Judaismo | |
| Mga Kulto sa mga huling araw ayon sa Pahayag/apocalyptic cults | New Age Religion/Relihiyon sa Makabagong Panahon | |
| | Animismo | |
| | Voodoo | |

**Paglalarawan ng Kurso**

Ipinapaliwanag ng kursong ito ang mga pangunahing paniniwala at kasaysayan ng labingwalong piling kulto at relihiyon, inihahambing ang mga ito sa pangkasaysayang Kristiyanismo at sinusuri ang kanilang mga doktrina at mga isinasagawa na ayon ng Biblia. Ang mag-aaral ay magiging handa na tumugon sa mga pagkakamali ng mga maling relihiyon at mapangangalagaan ang mga Kristiyano mula sa panlilinlang.

**Mga Layunin ng Kurso**

(1) Upang tulungan ang mga Kristiyano na maunawaan ang mga pangunahing doktrina ng ilan sa mga pinakamaimpluwensiyang kulto at relihiyon.

(2) Upang tulungan ang mga Kristiyano na maunawaan kung bakit nakakasama ang ilang tiyak na maling doktrina.

(3) Upang bigyang-kakayahan ang mga pastor na protektahan ang kanilang kongregasyon mula sa impluwensiya ng mga kulto.

(4) Upang sanayin ang mga Kristiyano sa mga tugon ayon sa Biblia para sa mga kamalian ng mga kulto.

(5) Upang bigyan ng mga praktikal na direksiyon sa pag-eebanghelyo sa mga miyembro ng mga kulto.

**Mga Paliwanag at mga Direksiyon Para sa mga Tagapanguna sa Klase**

Ang ilan sa mga direksiyon ay nakaimprenta sa kabuuan ng bawat leksiyon na *italics.*

Kapag ang mga Kasulatan ay nakalista sa parenthesis o sa loob ng pangunahing teksto, dapat basahin ng klase ang Kasulatan bago magpatuloy.

Ang mga leksiyon tungkol sa mga grupong pangrelihiyon (Leksiyon 3-20) ay sumusunod sa modelo na inilarawan sa mga sumusunod na direksiyon. Ang unang dalawang leksiyon ay sa mga espesyal na paksa.

Ang mga direksiyong ito ay naglalarawan kung paano matuturuan ang klase ng pinakamataas na antas ng kalidad. Dapat panatilihin ng tagapanguna sa klase ang batayang ito para sa mga mag-aaral na nagnanais na magkaroon ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom. Para sa ibang klase ng mga grupo na hindi nakatugon sa mga pangangailangang ito, ang guro ay maaari na iangkop ang mga pangangailangan ayon sa kanilang kakayahan, at magbigay ng ibang sertipiko.

Sa aming kalkula ang bawat leksiyon ay gagamit ng dalawang oras upang matapos ng lubusan. Kapag ang grupo ay nagtitipon sa mas maikling oras, ang leksiyon ay maaaring hatiin sa dalawang pagtitipon.

**Pagkakasunod-susnod ng mga Gawain ng Grupo**

**(1) Mga ulat tungkol sa pagbabalik-loob ayon sa Ebanghelyo**
**Gospel conversation reports** (Tinatayang oras: 20 minuto, kung mayroong ilang mga pag-uulat)

Ang mga mag-aaral na nakatapos na ng takdang-aralin na pag-uusap mula sa sinundang leksiyon ay dapat mag-ulat. Dapat nilang sabihin ng simple ang kwento tungkol sa kanilang pag-uusap. Ang ibang mag-aaral ay maaaring magpanukala ng mga gagawin sa hinaharap. Huwag hayaan ang mga mag-aaral na maging sobrang mapanuri sa sinumang nag-uulat.

**(2) Oras ng Pagbabalik-Aral ng Klase** (Tinatayang Oras: 5-10 minuto)

Dapat itanong ng tagapanguna sa klase ang mga tanong sa pagbabalik-aral para sa sinundang leksiyon, pagkatapos ay ilan pang tanong na pagbabalik-aral mula sa ibang leksiyon na napag-aralan na. Ang layunin ay makapagtatag sa mga mag-aaral ng pangmatagalang pagsasa-ulo at pagwawasto ng mga maling pag-kakaunawa na maaaring mayroon sila. Nakatutulong ang mga tanong sa pagbabalik-aral upang maalala nila ang pinakamahahalagang katotohanan. Maaaring gawing napaka-epektibo ng tagapagturo ang kurso sa paggamit ng mga tanong sa pagbabalik-aral. Matatagpuan ang mga tanong sa pagbabalik-aral sa dulo ng kursong ito.

**(3) Unang Paghaharap**

Dapat may isang bumasa ng parapo na pinamagatang "Unang Paghaharap." Dapat itong gawin nang walang maraming komento o talakayan. Ang mga kwento ay karamihang walang konklusyon upang maging mausisa tungkol sa grupong pinag-uusapan. Sa ilang bihirang kaso, ang testimonya sa dulo ng leksiyon ay tungkol sa parehong tao na binanggit sa Unang Paghaharap.

**(4) Pag-aaral sa Kasulatan – Unang Bahagi** (Tinatayang Oras: 15 minuto)

Sama-samang basahin nang malakas ang nakatakdang talata. Ilang mag-aaral ang maaaring magsalit-salit sa pagbasa sa mga talata. Pagkatapos magkaroon ng ilang minuto ng katahimikan para sa mga mag-aaral upang sumulat ng buod na parapo at isang listahan ng mga pangungusap (espesipikong mga tagubilin ay nasa bawat leksiyon). Pagkatapos nilang sumulat, hayaan ang ilang mag-aaral na sabihin kung ano ang kanilang isinulat upang ang bawat isa ay matuto rin mula sa iba.

**(5) Pag-aaral tungkol sa Grupong Pangrelihiyon.** (Tinatayang Oras: 20 minuto)

Pag-aralan ang impormasyong ibinigay tungkol sa grupong pangrelihiyon. Ang tagapanguna o ibang tao sa grupo ay maaaring basahin at ipaliwanag ang materyal sa grupo. Ang ibang mag-aaral ay maaaring basahin at ipaliwanag ang mga quotations sa mga margin. Sa panahong ito ng pag-aaral, kinakailangang hanapin ang talata sa Kasulatan na nasa footnotes.

Ang simbolong ► ay nagpapahiwatig ng tanong para sa pagtatalakayan. Dapat itong itanong ng tagapanguna sa klase at bigyan ang mga mag-aaral ng panahon upang talakayin ang sagot. Mayroong ilang ganito sa bawat leksiyon. (Tinatayang Oras: 10 minuto).

**(6) Pagbasa ng mga Kasulatang May Footnote** (Tinatayang Oras: 10 minuto)

Ngayon balikan ang naunang materyal at basahin ang bawat may footnote na katotohanan at reperensiyang Biblikal. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga talata at magkaroon ng kanya-kanyang pagkakataon sa pagbasa nito sa grupo.

**(7) Paggamit ng Handbook ng mga Doktrina** (Tinatayang Oras:20 minuto)

Ang *Handbook ng Mga Doktrina* ay isang seksiyon ng materyal sa kursong ito na nakaimprenta sa dulo ng mga leksiyon. Sa puntong ito sa leksiyon, tingnan ang mga paksa ng *Handbook ng Doktrina* na nakalista sa ilalim ng leksiyong ito. Dapat sama-samang basahin ng mga mag-aaral ang Kasulatan at tiyaking nauunawaan nila kung paano pinatutunayan ng talata ang isang punto. Dapat ipakita ng bawat mag-aaral na kaya niyang patunayan ang isang punto mula sa Kasulatan. May ilang punto na ginamit sa ilang leksiyon. Hindi kinakailangang ulitin ang paggamit ng parehong mga punto kung tila natututuhan naman itong mabuti ng mga mag-aaral.

**(8) Pag-eebanghelyo** (Tinatayang Oras: 10 minuto)

Nagbibigay ang seksiyong ito ng ilang praktikal na bagay na dapat tandaan kapag nakikipag-usap sa mga miyembro ng partikular na grupong pangrelihiyon. Sa ilang leksiyon ang seksiyong ito ay isinama sa seksiyon ng "*Paggamit ng Handbook ng Doktrina."*

**(9) Isang Patotoo**

May isang dapat bumasa sa seksiyon ng materyal na may titulong "Isang Patotoo." Ang lahat ng mga patotoo ay tunay na pangyayari, bagaman kung minsan ang mga pangalan ay binago.

**(10) Pag-aaral sa Kasulatan - Ikalawang Bahagi** (Tinatayang Oras: 20 minuto)

Sa katapusan ng sesyon ng pag-aaral, basahin uli ang nakatakdang talata sa Kasulatan. Maghintay ng ilang minuto para sa bawat mag-aaral upang sumulat ng parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata para sa isang miyembro ng grupong pangrelihiyon na kanilang pinag-aralan. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi sa grupo kung ano ang kanilang isinulat.

**(11) Takdang-Aralin**

Laging tapusin ang oras ng leksiyon sa pagpapaalala sa mga mag-aaral na magtakda ng pagkakataon para sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Dapat magkaroon ng pakikipag-usap ang mag-aaral sa isang miyembro ng grupong pangrelihiyon na pinag-aaralan, kung maaari. Dapat niyang sikapin na ipahayag ang ebanghelyo at ibang katotohanang Kristiyano. Kung hindi posible sa kanya na makakita ng miyembro ng partikular na grupong pangrelihiyon, dapat siyang humanap ng isang maaaring interesado na marinig ang materyal. Dapat niyang ilarawan ang pangunahing paniniwala ng relihiyon, at pagkatapos ay magbigay ng pagtugon na ayon sa Biblia. Dapat siyang maghanda na sabihin sa klase ang tungkol sa pag-uusap na ito.

Ang bawat mag-aaral ay dapat mag-ulat ng mga pag-uusap tungkol sa sampung iba't-ibang relihiyon sa kabuuan ng kurso. Ang nakasulat na ulat ng bawat pag-uusap ay dapat maglarawan ng mga katangian ng relihiyon na mahalagang malaman ng isang nag-eebanghelyo. Sa ulat, dapat ipaliwanag ng mag-aaral kung ano ang ipinahayag niya sa pag-uusap, at kung paano tumugon ang kanyang kinausap. Ang ulat ng bawat pag-uusap ay

dapat 2 pahina ang haba. Dapat ipaliwanag ng tagapagturo ang takdang-araling ito ng ilang beses sa panahon ng unang ilang leksiyon. Ang mabubuting ulat ng mga mag-aaral ay maaaring ipakita sa grupo bilang mga halimbawa.

Ang sampung pag-uusap at pagsulat ng mga takdang-aralin ang mga pangunahing takdang-aralin sa kursong ito. Isang form ang nakaimprenta malapit sa dulo ng aklat na ito para magamit ng tagapagturo para makagawa ng mga record.

**(12) Mga Inirerekomendang Pagkukunan**

Kung nais ng mga mag-aaral na mas marami pa ang matutunan tungkol sa alinmang grupong pangrelihiyon ay dapat tingnan ang mga Inirerekomendang Pagkukunan malapit sa likod ng aklat upang makita ang pagkukunan na mayroon tayo.

# Leksiyon 1
# Pag-unawa sa Hindi Pagkakasundo ng Mga Relihiyon

## Panimula

► Bakit umiiral ang mga hindi pagkakasundo sa mga relihiyon? Kinakailangan ba ang di-pagkakasundo sa relihiyon, o maaari ba itong maiwasan?

► Pagkatapos ng maikling pagtatalakayan tungkol sa mga tanong na ito, dapat hanapin ng klase ang sumusunod na mga reperensiya sa Kasulatan: 1 Timoteo 3:15, Judas 3, 2 Timoteo 2:17, Mateo 16:6 at 16:12, Tito 1:9, at 1 Pedro 3:15. Maikling talakayin kung ano ang ipinahihiwatig ng mga talata na ito tungkol sa hindi pagkakasundo ng mga relihiyon.

Sinabi ni Hesus sa babaeng Samaritana malapit sa balon na ang suliranin sa pagsamba ng mga taga-Samaria ay hindi nila nalalaman kung sino ang kanilang sinasamba (Juan 4:22). Ang konsepto ng Dios ng isang tao ang kanyang pinakamahalagang katangian at tiyak na pundasyon ng kanyang buong relihiyon. Walang mas seryosong pagkakamali kaysa sa pagkakaroon ng maling pagkaunawa tungkol sa kung sino/ano ang Dios.

Imposibleng sambahin ang Dios nang walang anumang bagay na pinaniniwalaan tungkol sa kanya. Kapag mali ang konsepto ng isang tao tungkol sa Dios, pararangalan niya ang mga katangiang hindi taglay ng Dios at mabibigo siyang parangalan ang mga katangiang taglay ng Dios. Ang mismong katangian ng taong sumasamba ay magbabago upang umayon sa katangian na iniisip nilang taglay ng Dios.

Hindi maaaring ilagay ng tao ang kanyang pananampalataya kay Hesus para sa kanyang kaligtasan nang walang pinaniniwalaan tungkol sa kanya. Kung naniniwala ang tao sa mga maling bagay tungkol kay Hesus, mayroon siyang doktrina na hindi sumusuporta sa ebanghelyo. Maaari siyang maniwala sa isang maling ebanghelyo na hindi makapagliligtas sa kanya.

May tungkulin ang iglesya na itatag ang katotohanan. Sinabi ni Apostol Pablo na ang iglesya ang "haligi at pundasyon ng katotohanan."[1]

Upang itatag ang katotohanan, ang iglesya ay may tungkulin na ipaliwanag at ipagtanggol ito. Sinasabi sa atin ni Apostol Judas na kapag ang mga tao ay nagtuturo ng maling doktrina, tayo ay dapat "manindigan para sa pananampalataya na noon ay dinala sa mga pinabanal."[2]

---

[1] 1 Timoteo 3:15
[2] Judas 3

Ang maling doktrina ay katulad ng isang karamdaman na nagkakalat ng kanyang mga resulta.[3] Ang doktrina ay inihambing sa lebadura, na unti-unting umiepekto sa isang masa ng tinapay.[4]

Tinatawag ng Dios ang mga pastor na maging mga tagapanguna sa pagtatanggol sa katotohanan. Sinabi ni Pablo kay Tito na ang isang pastor ay inaasahang "magagawa sa pamamagitan ng matuwid na doktrina na makahikayat at makumbinsi ang sinomang sumasalungat."[5] Sinabi rin niya na dahil sa mga manlilinlang, mga buong pamilya ang nailalayo sa katotohanan.

Ang kursong ito ay hindi tungkol sa mga doktrinang humahati sa iba't-ibang iglesyang Kristiyano at naging mga kategoryang tulad ng Methodista, Baptist, o Pentecostal. Sa pangkalahatan ang mga iglesyang ito ay nagkakasundo sa mga pangunahing doktrinang biblikal na tinukoy sa *Handbook ng Doktrina* na nasa dulo ng kursong ito. Sa halip, ang kursong ito ay tumitingin sa mga grupong pangrelihiyon na tumatanggi sa mga doktrina na siyang pundasyon ng pananampalatayang Kristiyano.

Sa leksiyong ito pag-aaralan natin ang pitong mahahalagang bahagi ng paghahanda sa mga Kristiyano para maharap ang mga hindi pagkakasundo sa relihiyon.

## Personal na Maranasan ang Kaligtasan

► Bakit mahalaga para sa isang tao na maligtas bago siya sumali sa mga pakikipagtalo tungkol sa relihiyon?

Kung hindi pa personal na nararanasan ng isang tao ang biyaya ng Dios, siya ay (1) magkukulang sa espirituwal na pag-unawa sa katotohanan, (2) hindi siya magkakaroon ng kapangyarihan at karunungan ng Banal na Espiritu sa kanyang mga pagsisikap, at (3) magkakaroon siya ng mga maling motibo para sa di-pagkakasundo sa relihiyon.

## Pag-unawa sa Panganib ng Pagkakamali

Dapat tayong maghanda na makipagtalo laban sa mga pagkakamaling pangrelihiyon. Seryoso ang resulta ng mga pagkakamaling pangrelihiyon.

---

[3] 2 Timoteo 2:17
[4] Mateo 16:6
[5] Tito 1:9

Ang mga pagkakamaling pangrelihiyon ay may seryosong mga resulta dahil:

**(1) Hindi lahat ng relihiyon ay nagsasabi sa iyo na sumampalataya sa Dios at pumunta sa langit.**

May mga relihiyon na hindi naniniwala sa isang kataas-taasang Dios na isang persona (Buddhismo). Milyong mga relihiyosong tao ang hindi naniniwala na sila ay makapupunta sa langit kung saan sila ay magpapatuloy na umiral bilang isang persona. (mga naniniwala kay Buddha at karamihan sa mga Hindu).

**(2) May mga relihiyon na nagbubunga ng masamang karakter at masasamang pagkilos.**

Kung minsan binibigyang-katwiran ng relihiyon ang pinakamasamang pagkilos ng sangkatauhan, katulad ng pagpatay ni Hitler sa milyong bilang ng mga Judio. Hinihikayat ng relihiyon ang mga teroristang Islamic upang pumatay ng libong bilang ng tao.

**(3) Ang opinyong pangrelihiyon ay hindi tungkol sa personal na naisin.**

Hindi dapat piliin ng isang tao ang kanyang pangrelihiyong opinyon nang tulad ng kanyang pagpili sa kanyang paboritong kendi. Ang lahat ng relihiyon ay nag-aangkin na inilalarawan nila ang reyalidad. Kung totoo ang mga tao, at kung ang sanlibutan ay totoo, at kung ang Dios ay totoo, sagayun, may mga relihiyon na mali sa kanilang paraan ng pagpapaliwanag sa reyalidad. Halimbawa, kung mayroong isang kataas-taasang Dios na maghuhukom sa mundo, samakatuwid ang mga taong sumasamba sa mga espiritu at hinahayaang kontrolin ng mga espiritu ang kanilang buhay (Animismo at Voodoo) ay hindi magiging handa para sa paghuhukom. Hindi lamang dapat piliin ng isang tao ang relihiyon na kanyang nagugustuhan, kundi iyong relihiyon na sumasang-ayon sa reyalidad.

**(4) Mahalaga kung paano inilalarawan ng isang tao ang Dios.**

Kung ang isang tao ay nagsasalita tungkol sa isang bagay na hindi totoo, hindi mahalaga kung paano niya ito inilalarawan. Ngunit kung ang Dios ay totoo, ang ilang ideya tungkol sa kanya ay tama, at ang iba naman ay mali. Kung paanong mali na gumawa ng ilang pangungusap tungkol sa iyo, ang ilang mga pangungusap ay mali tungkol sa Dios, dahil siya ay totoo. Dahil si Hesus ay Dios at dapat sambahin, magiging malaking pagkakamali na sabihin na siya ay tao lamang, tulad ng sinasabi ng maraming relihiyon.

**(5) Ang pang-walang hanggang kapupuntahan ay nakadepende sa katotohanan.**

Kapag ang mga tao ay nagtitiwala sa isang bagay para sa kaligtasan na hindi naman tunay na makapagliligtas sa kanila, dapat nating sikapin na baguhin ang kanilang isipan bago pa man sila tuluyang maligaw magpakailanpaman.

*Pagbalik-aralan ang listahan ng limang dahilan na ang mga pagkakamali sa relihiyon ay nagkakaroon ng seryosong mga resulta. Tingnan kung ilang dahilan ang maaalala ng mga mag-aaral nang hindi tinitingnan ang pahina.*

Nasusunog ang bahay ng isang lalaking mayaman. Sa loob nito ay maraming mahahalagang bagay na nais niyang iligtas. Nang dumating ang mga lalaki upang tumulong, natakot silang pumasok sa nasusunog na gusali. Ang may-ari ng bahay ay mabilis silang binigyan ng plastic na kapote. Sinabi niya sa kanila na ang mga kapote ay may espesyal na disenyo upang protektahan sila mula sa apoy. Nagtiwala sila sa kanya. Pumasok sila sa gusali at sinikap na ilabas ang mga bagay na nais niya. Ang ilan sa kanila ay namatay dahil hindi naman sila kayang protektahan ng mga kapote. Hindi sila nailigtas ng kanilang pananampalataya dahil pinaniwalaan nila ang isang bagay na hindi naman totoo.

Totoo ang Dios, at ang langit at impiyerno ay totoo. Magkakaroon ng panghuling paghuhukom para sa lahat ng kasalanan, at bawat tao ay pupunta sa alinman sa langit o sa impiyerno sa pangwalang-hanggan. Kung ang isang tao ay may relihiyon na nagiging dahilan upang magtiwala siya sa maling bagay, ang mga resulta ay magiging kakila-kilabot at pangwalang-hanggan. Hindi siya maililigtas ng kanyang relihiyon kung ito ay hindi totoo. Ito ang dahilan kung bakit dapat mayroong pagtatalo sa relihiyon.

## Pag-unawa sa mga Miyembro ng Kulto

Mahalaga na maunawaan kung paano nag-iisip at ano ang pakiramdam ng mga miyembro ng isang kulto. Kung ipinag-wawalang-bahala natin ang kanilang mga pangangilangan, mabibigo tayong ipahayag ang ebanghelyo sa paraang makukuha ang kanilang atensiyon.

Isipin ninyo kung paano kayo unang pumunta sa iglesya. Marahil hindi iyon dahil mayroong isang taong tumalo sayo sa isang pagpapaliwanagan. Samakatuwid, hindi natin dapat isipin na kaya nating mapag-balik-loob ang isang miyembro ng kulto sa pamamagitan lamang ng pagtalo sa kanya sa isang pagpapaliwanagan.

Ang katwiran ay mahalaga bilang paraan ng pagpapatunay sa katotohanan, ngunit ang katwiran kung nag-iisa ay hindi nakakabago sa paninindigan ng isang tao.

Ang seksiyong ito ay nagbibigay ng ilang katangian ng mga taong pinili na umanib sa isang relihiyosong kulto. Ang mga katangiang ito ay hindi tiyakang naglalarawan sa isang taong ang relihiyon ay bahagi ng kanyang kultura.

► Ano ang nalalaman mo tungkol sa mga taong umanib sa isang kulto? Anong mga katangian ang karaniwang tinataglay nila?

**(1) Ang miyembro ng kulto ay naniniwalang ang kanilang mga tagapanguna ang tanging mapagkukunan ng katotohanan.**

Maaaring iniisip niya na kinukuha niya ang kanyang mga paniniwala mula sa mga itinuturo ng nagtatag at mula sa kasulatan ng kulto, ngunit binibigyan niya ito ng kahulugan ayon sa

sinasabi ng tagapanguna sa kanya. Iyon ang paraan kung paano hindi niya pinapansin ang mga pagsalungat sa mga kasulatan at rebelasyon ng kulto.

Nagtuturo ang mga tagapanguna ng kulto ng mga hindi karaniwang doktrina na hindi natatagpuan saan mang lugar sa layunin na ito ay maging ang tanging pagkukunan ng katotohanan para sa kanilang mga miyembro. Nagbibigay sila ng pangwakas na awtoridad, maging nakasulat o nabubuhay, na ipinapalit sa Biblia sa kanilang ginagawa, kahit pa inaangkin nila na naniniwala sila sa Biblia.

**(2) Sa pangkalahatan, hindi pinagtitiwalaan ng miyembro ng kulto ang iglesyang Kristiyano.**

Tinuruan ang mga miyembro ng kulto na ang mga iglesyang Kristiyano ay ganap na tumalikod, hindi nagtataglay ng katotohanan, at hindi nagtataglay ng pagpapala ng Dios. Maaaring patuloy na nililibak ng mga tagapanguna ng mga kulto ang mga iglesyang Kristiyano. Ang kaibahan dito, kinikilala ng mga tunay ng iglesyang Kristiyano na may ibang iglesya na nagtataglay ng katotohanan, na kinakailangan para sa isang tao na makilala ang Dios at mapunta sa langit.

May mga tagapanguna ng kulto na nagpapanatili ng patuloy na paglabas ng mga bagong rebelasyon, kung kaya't ang kanilang mga tao ay mag-iisip na sila ang pangunahing pinagmumulan ng katotohanan.

**(3) Walang nalalaman ang miyembro ng kulto tungkol sa kasaysayan at tradisyon ng iglesya.**

Kaunti lamang ang nalalaman ng mga miyembro ng kulto kung paano hinarap ng iglesya ang mga usapin sa nakalipas na panahon. Hindi nila nauunawaan kung paano naingatan at napanatili ang Biblia. Hindi nila nalalaman kung anong mga doktrina ang pundasyon ng ebanghelyo at kinakailangan sa Kristiyanismo. Iniisip nila na nagkamali ang iglesya sa mga pinakamahalagang doktrina sa pinakamaraming bahagi ng kanyang kasaysayan. Hindi nila natatanto na sa pagtanggi sa mga pundasyong doktrina, sila ay naging bahagi ng isang bagong relihiyon.

**(4) Inaasahan ng miyembro ng kulto ang pag-uusig at hindi pagkakasundo.**

Kapag ikaw ay nakipagtalo sa isang miyembro ng kulto, iniisip niya na ikaw ay nalinlang, walang nalalaman, sumusunod sa mga maling motibo, at marahil ay kinokontrol ni Satanas.

Inaasahan ng mga miyembro ng kulto na sila ay uusigin ng ibang relihiyosong tao. Kapag sila ay pinakiharapan nang may kagaspangan, ito ay nagpapatotoo sa kanila na sila ay tama.

**(5) Ang mga miyembro ng kulto ay may mga paniniwala na nagkakasalungat sa isa't-isa.**

Ang miyembro ng kulto ay tila naglalagay ng kanyang mga paniniwala sa iba't-ibang kahon. Hindi niya inihahambing ang mga paniniwala sa isang kahon sa mga paniniwala na nasa kabilang kahon. Nagugulat siya kapag tinutukoy ng mga tao ang mga magkakasalungat na ito, at hindi niya naiisip na kailangan niya itong lutasin.

**(6) Nakukumbinsi ang miyembro ng kulto sa pamamagitan ng mga karanasan nang higit kaysa sa pangangatwiran.**

Tila ginagamit ng mga miyembro ng kulto ang pangangatwiran kapag ipinapahayag nila ang kanilang mga doktrina sa mga hindi nila miyembro. Gayunman, ang kanilang pangangatwiran ay batay sa isang bulag na pagtitiwala ng kulto. Ang mga katwiran ay nilikha upang suportahan kung ano ang pinaniniwalaan na nila.

Tinatanggap niya ang kulto dahil pakiramdam niya ay mahal siya at tinatanggap ng mga miyembro, o dahil sa naging pakiramdam niya sa kanilang oras ng pagsamba, o dahil sa isang personal na karanasang espirituwal. Pagkatapos niyang pumasok sa pakikipag-ugnayan sa kulto, nagsisimula siyang tanggapin ang kanilang mga katuruan nang hindi sinusuri ang mga ito. Kapag nakipagtalo ang mga hindi miyembro tungkol sa doktrina, ang pakiramdam niya ay hindi lamang nila nauunawaan ang kanyang naranasan. Iniisip niya na kung magagawa lamang niyang lampasan nila ang mga argumento at madala sila sa karanasan, sila ay makukumbinsi.

**(7) Naniniwala ang miyembro ng kulto sa ibang ebanghelyo.**

Upang manatiling matapat ang mga tao, ang kulto ay hindi maaaring natatangi sa mga minor na doktrina lamang; dapat itong matangi sa isang bagay na kinakailangan. Kaya't kabilang sa mga madaling makitang doktrina ng isang kulto ay ang ibang ebanghelyo. Naniniwala ang mga miyembro ng kulto na ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan lamang ng kulto.

**(8) Ang miyembro ng kulto ay hindi nasisiyahan sa espirituwal.**

Dahil siya ay hindi ligtas, wala siyang katiyakan ng kapatawaran; wala siyang tagumpay laban sa kapangyarihan ng kasalanan; wala siyang kaligayahan na nagmumula sa relasyon sa Dios; at wala siyang tunay na pakikipag-ugnayan bilang Kristiyano sa kanyang mga kapwa miyembro ng kulto. Kailangan niyang marinig ang ebanghelyo.

## Pag-unawa sa Pinagmulan ng Hindi tunay na Relihiyon

► Saan nagmula ang mga hindi tunay na relihiyon?

Kung iisipin na ang isang hindi tunay na relihiyon ay nagmumula lamang sa motibong kumita, mula sa maling karanasan, o mula sa mga diyablo, mauunawaan natin ang pagiging

kumplikado ng relihiyon. Sa pagtugon sa mga hindi tunay na relihiyon, dapat nating maunawaan ang ilang elemento ng kanilang pinagmulan.

**(1) Pangangatwiran ng Tao**

Ang mga hindi tunay na relihiyon ay binuo at ipinaliwanag ng matatalinong tao na nangangatwiran tungkol sa mga paniniwalang pangrelihiyon nang wala ang rebelasyon at paggabay ng Banal na Espiritu (1 Corinto 2:6-9).

**(2) Personal na motibo upang kumita**

Hindi lahat ng tagapagturong pangrelihiyon ay sinsero o matapat. Itinuturo ng Biblia na ang mga hindi tunay na doktrina ay itinuturo ng mga taong lumabag sa kanilang konsiyensya, tinanggihan ang katotohanan, at mga mapagpaimbabaw (1 Timoteo 1:5-6,19; 4:2). Ang ilang tagapangunang pangrelihiyon ay naging mayaman dahil sa kanilang mga hindi tunay na doktrina. (2 Pedro 2:1-3).

**(3) Espirituwal na Pagkabulag**

Ang mga taong walang relasyon sa Dios ay espirituwal na mga bulag. Hindi lamang sila nagkukulang ng espirituwal na pag-unawa, kundi maging ang kanilang natural na pag-unawa ay hindi rin tama (2 Corinto 4:3-4).

**(4) Pagtanggi sa Katotohanan**

Matapat ang Banal na Espiritu sa pagpapaunawa sa mundo ng tungkol sa kasalanan, pagiging matuwid, at paghuhukom (Juan 16:7-11). Ang taong tumatanggi sa katotohanan ay gumagawa ng isang kusang loob na pagpili. Samakatuwid, ang paghikayat at pagpapaliwanag ay hindi magiging sapat upang magbago ang kanyang isip. Sinasabi ng Biblia na ang isang taong nagpapatuloy sa pagkakamali sa mga kinakailangang doktrina ay dapat ding tanggihan mula sa iglesya dahil siya ay nagkakasala (Tito 3:10-11).

**(5) Espirituwal na Karanasan**

Ang hindi tunay na relihiyon ay hindi lamang basta walang kahulugang ritwal. Ang mga diyablo ay kasama sa hindi tunay na pagsamba. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga taong sumasamba sa dios-diosan ay sumasamba sa demonyo (1 Corinto 10:20-21). Ang ibig sabihin nito, ang mga tao sa hindi tunay na relihiyon ay mayroong espirituwal na mga karanasan.

**(6) Mga Maling Rebelasyon**

Hindi lahat ng mga doktrina ng hindi tunay na na relihiyon ay gawa ng imbensiyon ng tao. Sinasabi ng Biblia na mayroong mga doktrina na nagmumula sa mga demonyo.

*Pagkatapos talakayin ang anim na puntos sa itaas, tingnan kung ilang mga puntos ang mababanggit at maipapaliwanag ng mga mag-aaral nang hindi tumitingin sa kanilang papel.*

**Pangkalahatang mga Katangian ng mga Kulto**[6]

- Nagpapakita ang grupo ng masigasig at walang pag-aalinlangang katapatan sa kanilang tagapanguna, at itinuturing ang kanyang sistema ng paniniwala at mga ginagawa bilang lubos na katotohanan.
- Ang pagtatanong, pag-aalinlangan at pagtutol ay tinatalakay, o maging pinaparusahan.
- Gumagamit ang grupo ng mga gawaing nakakabago sa kaisipan (katulad ng meditation/pag-iisip ng malalim, chanting/pagsasalita ng paulit-ulit, at ecstatic/maligayang pagsamba).
- Idinidikta ng mga tagapanguna sa mga miyembro kung paano mag-iisip, kikilos at makikiramdam (halimbawa, ang mga miyembro ay dapat kumuha ng permiso kung kailan magde-date, mag-aasawa o lilipat ng trabaho. Inilalarawan ng mga tagapanguna kung ano ang isusuot, kung saan titira, kung dapat o hindi dapat magkaroon ng anak ang isang miyembro, at iba pa.
- Inaangkin ng grupo ang isang espesyal, itinaas na kalagayan para sa kanyang sarili, sa tagapanguna nito, at sa kanyang mga miyembro (halimbawa, ang tagapanguna ay itinuturing na isang espesyal na nilalang o bilang ang Mesiyas).
- Ang tagapanguna ay walang pananagutan sa anuman o sinumang awtoridad.
- Ang pamunuan ay lumilikha ng pakiramdam ng pagkahiya at/o pagiging makasalanan upang kontrolin ang mga miyembro.
- Ang pagpapasakop sa tagapanguna o sa grupo ay humihingi sa mga miyembro na putulin ang kaugnayan nila sa pamilya at mga kaibigan, at lubusang baguhin ang kanilang pansariling mga adhikain.
- Ang grupo ay nakatuon sa pagdadala ng mga bagong miyembro.
- Ang grupo ay nakatuon sa pagkakaroon ng pera.
- Ang mga miyembro ay inaasahang maglalaan ng hindi binabanggit na halaga para sa grupo at mga gawaing nakaugnay sa grupo.
- Ang mga miyembro ay hinihikayat o inuutusang manirahan at/o makisama tanging sa kapwa miyembro lamang.

[6] Adapted from http://www.apologeticsindex.org/268-characteristics-of-cults. Accessed June 3, 2020.

## Ibahagi ang Ebanghelyo

Mabuti na malaman ang mga espesyal na katangian ng isang kulto at kung paano pabubulaanan ang mga pagkakamali. Gayunman, pinakamahalaga na ibahagi ang ebanghelyo.

Upang magkaroon ng pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo, huwag sayangin ang panahon sa pakikipagtalo sa mga di-gaanong mahalagang mga punto. Huwag saktan ang kalooban ng miyembro ng kulto sa pamamagitan ng pakikipagtalo tungkol sa mga katotohanan sa kasaysayan tungkol sa kanyang kulto na hindi mo naman kayang patunayan. Magtuon sa mga puntos na kinakailangan sa ebanghelyo, at huwag hayaang iwasan niya ang mga puntos na iyon nang hindi siya sumasagot.

Kapag natapos ang pag-uusap, pinakamahalaga na narinig nila ang mensahe kung paano sila maliligtas. Ang pagtatalo tungkol sa ibang mga bagay ay hindi makapagliligtas sa kanila kahit na mas mahusay ka pa sa kanila sa pakikipagpaliwanagan.

Kapag nakikipag-usap sa isang miyembro ng kulto, mahalaga para sa isang Kristiyano na magpakita ng katapatan at malasakit para sa kausap. Ang Kristiyano ay dapat maging katulad ng isang taong nagmamalasakit sa isang kaibigan. Ang Kristiyano ay dapat magalit sa paraan lamang na katulad kapag ang isang kaibigan ay nagagalit para sa isang taong sinasaktan. Kung makikita ka ng isang miyembro ng kulto bilang kaaway, tatanggi siya sa pagkumbinsi mo. Kapag ang pagtatalakayan ay tila isang paligsahan, tatanggi siyang matalo.

Ang isang Kristiyano ay dapat magpakita ng pagmamahal, pagtanggap, tunay na malasakit, at pagiging bukas sa katotohanan—nagpapakita na siya ay sinserong nagnanais na umunawa.

## Ipakita ang Iglesya

Ang isang malusog na lokal na iglesya ang ultimong tagumpay laban sa impluwensiya ng kulto sa isang komunidad.

Ang pag-eebanghelyo sa mga miyembro ng kulto ay hindi lamang magagawa ng indibidwal na humihikayat lamang ng indibidwal. Hindi karaniwang binababago ng isang tao ang kanyang relihiyon nang hindi muna pinag-iisipan ang tungkol sa komunidad ng pananampalataya na kanyang iiwan at ang isa na kanyang papasukin. Kapag ang isang miyembro ng kulto ay magsimulang maakit ng patotoo ng isang indibidwal na Kristiyano, nais niyang makita ang komunidad ng pananampalataya na kinakatawan ng Kristiyanong ito. Nais niyang makita kung paanong tunay na ipinamumuhay ang pagiging Kristiyano. Itinuturing niya na ang mensaheng kanyang naririnig ay nakalikha na ng isang komunidad ng pananampalataya na maaari niyang pasukin kung siya ay magbabalik-loob.

Nangangahulugan ito na ang kalikasan ng isang lokal na iglesya ay lubusang mahalaga. Upang maging kaakit-akit sa isang taong nag-iisip na lumipat patungo sa isang naiibang komunidad, ang lokal na iglesya ay dapat magtaglay ng ilang katangian.

► Ano ang mga katangian ng isang iglesya na maaaring makaakit sa mga tao palayo sa isang kulto?

**Mga Katangian ng Isang Kaakit-akit na Iglesya Lokal**

- Ipinapakita ng mga miyembro na ang kanilang relasyon sa Dios ay tunay at kasiya-siya. (Ang miyembro ng kulto ay walang relasyon sa Dios).
- Inihahayag ng iglesya ang mga doktrina kapwa bilang isang paglalarawan sa reyalidad at bilang panuntunan para sa relasyon sa Dios. (Ang mga doktrina ng kulto ay sumasalungat sa isa't-isa at hindi naglalapit sa tao sa Dios.)
- Ipinapakita ng iglesya na sila ay nagagalak at nasisiyahan sa pagsamba sa Dios. (Ang pagsamba ng kulto ay sa tao, makalaman, at para sa demonyo).
- Ipinapakita ng mga miyembro ng iglesya ang layunin para sa buhay na may pananaw sa walang-hanggan. (Inaangkin ng mga kulto na sila ay kumikilos para sa prayoridad na pangwalang-hanggan. Dapat ipakita ng iglesya kung paano mamumuhay sa kasalukuyan nang may pangwalang-hanggang pagpapahalaga.)
- Ipinapakita ng iglesya ang prayoridad ng ministeryo sa halip na mga makamundong layunin. (Nananawagan ang mga kulto para sa pagtatalaga para sa ministeryo, ngunit ang kanilang mga tagapanguna ay may layuning maka sanlibutan.)
- Ang mensahe ng iglesya ay nakatutugon sa malalalim na espirituwal na pangangailangan. (Ang kulto ay hindi nagtataglay ng mensahe ng ebanghelyo na tumutugon sa mga espirituwal na pangangailangan.)
- Ang iglesya ay isang pamilya ng pananampalataya na nagmamahal at kumakalinga sa kanilang mga miyembro. (Maaaring angkinin ng kulto na inaalagaan nito ang kanilang mga miyembro, ngunit hindi maaaring magkaroon ng tunay na pakikisamang Kristiyano.)

►Ano ang mga tiyak na pagkilos na iyong inaasahang makikita sa isang iglesya na nagtataglay ng mga katangiang nakalista?

## Umaasa sa Banal na Espiritu

Laging tandaan na ang Banal na Espiritu ang nag-iisang may kakayanang magpaunawa sa mga makasalanan upang malaman ang kanilang pagiging makasalanan, maunawaan ang katotohanan, at naisin ang Dios. Ang isang ebanghelista ay hindi magiging epektibo malibang siya ay ginagabayan at kinakasihan ng Banal na Espiritu.

►Paano mo ilalarawan ang pagkakaiba ng isang taong umaasa sa Banal na Espiritu at ng isang taong hindi umaasa sa Banal na Espiritu?

# Leksiyon 2
# Mahahalagang Punto ng Ebanghelyo

## Mahahalagang Punto ng Ebanghelyo

Ang mga sumusunod na punto ay mahalaga sa ebanghelyo. Posible para sa isang tao na maligtas nang hindi lubos na nauunawaan ang mga ito. Gayunpaman, ang pagtanggi sa alinman sa mga puntong ito ay nag-aalis ng pundasyon ng ebanghelyo. Ang isang tao o organisasyon na tumatanggi sa alinman sa mga mahahalagang puntong ito ay may posibilidad na bumuo ng isa pang ebanghelyo, ang pagtitiwala sa isang maling paraan ng kaligtasan.

Kapag ibinahagi mo ang ebanghelyo sa isang tao, ang ilang mga punto ay magiging lalong mahalaga dahil sa mga pagkakamali na pinaniniwalaan na niya. Halimbawa, kung naniniwala siya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng isang partikular na organisasyon, maniniwala siya na ang mga kinakailangan sa pagiging miyembro ng organisasyon ay kinakailangan para sa kaligtasan. Kailangan niyang malaman na ang isang tao ay indibidwal na tumatanggap ng kapatawaran at napupunta sa direktang kaugnayan sa Dios.

**(1) Nilikha ng Dios ang tao ayon sa kanyang sariling larawan upang magkaroon siya ng kaugnayan sa kanya (Genesis 1:27, Gawa 17:24-28).**

Ang katotohanang ito ay nagpapakita ng layunin ng ating pag-iral at ang layunin ng kaligtasan. Ang katotohanang ito ay sinasalungat ng mga relihiyon na hindi naniniwala sa isang Dios na may personalidad na nagmamahal sa lahat ng tao. Ang katotohanang ito ay nagpapakita ng tunay na problema sa mundo; ang mga tao ay walang kaugnayan sa Dios.

►Paano kung hindi naniniwala ang isang tao na mahal siya ng Dios?

**(2) Ang mga unang tao ay nagkasala at nahiwalay sa Dios (Genesis 3:3-6, Isaias 59:2).**

Ipinapakita nito ang pinagmulan ng kasalanan at ang dahilan ng kalagayan ng mundo. Ang mundo ay may pagdurusa at kalungkutan dahil sa kasalanan. Mayroon pa ring kagalakan at layunin dahil sa disenyo ng Dios, ngunit ang mundo ay hindi tulad ng plano ng Dios na mangyari.

►Paano kung ang isang tao ay hindi naniniwala na ang kasalanan ang tunay na problema sa sanlibutan?

**(3) Bawat isa sa atin ay nakagawa ng kasalanan laban sa Dios (Roma 3:10, 23).**

Ang bawat tao ay nagkasala ng sadyang kasalanan laban sa Dios. Walang tao na laging gumagawa ng tama.

►Paano kung iniisip ng isang tao na kaya niyang bigyang katwiran ang mga bagay na ginawa niya?

**(4) Bawat makasalanan na hindi nakatagpo ng awa ay hahatulan ng Dios at hahatulan sa walang hanggang kaparusahan (Hebreo 9:27, Roma 14:12, Pahayag 20:12).**

Ipinapakita nito ang kaseryosohan at pagmamadali sa pangangailangan ng makasalanan na magkaroon ng kaligtasan.

►Paano kung ang isang tao ay hindi naniniwala na mayroong isang matuwid na Dios na nagagalit sa kanyang mga kasalanan?

**(5) Ang isang tao ay hindi maaaring gumawa ng anuman upang bayaran ang mga kasalanan na kanyang ginawa laban sa Dios (Roma 3:20, Efeso 2:4-9).**

Ang mabubuting gawa at mga kaloob ay hindi maaaring magbayad para sa kasalanan dahil ang kasalanan ay laban sa isang walang hanggang Dios at dahil ang lahat ay pag-aari na niya.

►Paano kung naniniwala ang isang tao na dapat niyang gawin ang kanyang sarili na karapat-dapat sa kapatawaran?

**(6) Dapat mayroong batayan para sa agpapatawad dahil ang kasalanan ay malubha at ang Dios ay makatarungan (Roma 3:25-26).**

Nais ng Dios na magpatawad, ngunit kung siya ay magpapatawad nang walang batayan, ang kasalanan ay tila walang halaga, at ang Dios ay tila hindi makatarungan.

►Bakit kailangan ang kamatayan ni Kristo?

**(7) Si Hesus, ang Anak ng Dios, ay namuhay ng sakdal na buhay at namatay bilang isang handog upang tayo ay mapatawad, maging matuwid sa harap ng isang banal n Dios, at magkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16, Roma 5:8-9).**

Dahil si Hesus ay ang Anak ng Dios, ang kanyang handog ay may walang katapusang halaga at nagbibigay ng batayan para sa kapatawaran ng sinuman sa mundo. Kung siya ay tao lamang, ang kanyang handog ay may limitadong halaga. Kung siya ay hindi Dios, hindi niya magagawang iligtas tayo ng lubusan, at kailangan nating maghanap ng ibang paraan ng kaligtasan.

►Bakit itinuturo ng ilang relihiyon na ang mga tao ay dapat maligtas sa pamamagitan ng mga gawa?

**(8) Si Hesus ay pisikal na bumangon mula sa mga patay, na pinatutunayan ang kanyang pagkakakilanlan bilang Anak ng Dios at ipinakita ang kanyang kaangyarihan na magbigay ng buhay na walang hanggan (Juan 11:25-26, 20:24-28, Roma 1:4, Pahayag 1:18).**

Ang mga kultong tumatanggi sa muling pagkabuhay ni Hesus ay karaniwang itinatanggi din ang kanyang pagka-Dios at ang kasapatan ng kanyang handog para sa kaligtasan. Pagkatapos ay nag-imbento sila ng ibang paraan ng kaligtasan.

►Ano ang mga bagay na alam natin dahil nabuhay si Hesus mula sa mga patay?

**(9) Ang handog ni Hesus ay sapat para sa kaligtasan (Efeso 2:8-10, 1 Juan 2:2).**

Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng *biyaya*, sa pamamagitan ng *pananampalataya*, kay Kristo Hesus *lamang*, at hindi sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Maraming relihiyon ang nagtuturo na ang isang tao ay maaaring bahagyang makamit ang kanyang kaligtasan. Inilalagay nito ang mga tao sa ilalim ng kontrol ng isang relihiyosong organisasyon na nagsasabi sa kanila kung ano ang gagawin upang maligtas.

►Bakit iniisip ng ilang tao na hindi sila maliligtas kung wala ang kanilang relihiyosong organisasyon?

**(10) Iniligtas ng Dios ang bawat tao na umamin na siya ay makasalanan, nagsisi sa kanyang kasalanan, at naniniwala sa ebanghelyo (Marcos 1:15, 1 Juan 1:9).**

Walang organisasyon ng tao ang may karapatang magdagdag sa mga kinakailangan para sa kaligtasan o mag-alok ng ibang paraan ng kaligtasan.

►Anong uri ng tao ang may karapatang maniwala na siya ay naligtas?

**(11) Repentance means that a person is sorry for his sins and willing to quit his sins (Isaiah 55:7, Ezekiel 18:30, 33:9-16, Matthew 3:8).**

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na ang isang tao ay kailangang gawing perpekto ang kanyang buhay bago siya tanggapin ng Dios. Ang Dios lamang ang makapagliligtas sa makasalanan mula sa kapangyarihan ng kanyang mga kasalanan. Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang tao ay sapat na nagsisi para sa kanyang mga kasalanan na handa niyang talikuran ang mga ito. Kung ang isang tao ay hindi handang talikuran ang kanyang mga kasalanan, hindi siya maliligtas.

►Bakit hindi mapapatawad ang isang tao nang walang pagsisisi?

**(12) Ang isang nagsisisi, makasalanang nanampalataya ay tumatanggap ng kaligtasan kapag hiniling niya sa Dios na iligtas siya (Roma 10:13, Gawa 2:21).**

Ang bawat tao ay may paraan makatanggap nang awa ng Dios dahil kay Hesus. Walang institusyon o samahan ng mga tao ang kailangan para makatanggap ang isang tao ng

kapatawaran ng Dios. Ang isang tao ay tumatanggap nito ng indibidwal at nagsisimula ang isang direktang kaugnayan sa Dios.

►Paano natin malalaman na ang isang ta ay maaaring maging Kristiyano sa isang sandaling panahon?

# Leksiyon 3
# Mormonismo

## Unang Pakikipagharap

Nakita sila ni Juan sa unang pagkakataon habang siya ay naglalakad sa isang parke habang pauwi siya. Sila ay dalawang kabataang lalaki na nakasuot ng itim na pantalon at puting polo, at may suot na pangalan/ID. Sila ay palakaibigan at nais makipag-usap sa kanya tungkol sa kanilang relihiyon. Nakinig si Juan at hindi siya nagtanong ng marami. Tila galing sila sa isang normal na iglesya at tila sinasabi rin nila ang parehong mga bagay na narinig niya sa kanilang iglesya. Sinabi nila na sila ay galing sa Church of Jesus Christ of Latter-Day Saints, na tinatawag ring Mormon.

## Pag-aaral sa Kasulatan – Unang Bahagi

*Basahin nang malakas nang sama-sama ang Isaias 4. Pasulatin ang bawa't mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito sa Kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito tungkol sa Dios? Pasulatin ang bawa't mag-aaral ng listahan ng mga pangungusap. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## Mormonismo

### Pinagmulan at Kasaysayan

Nagsimula ang Mormonismo sa isang taong nagngangalang Joseph Smith. Sinabi ni Joseph na isang araw noong 1820, idinalangin niya sa Dios na ipakita sa kanya kung aling iglesya ang tama. Habang nagdadasal, nakakita siya ng isang pangitain. Nakakita siya ng dalawang lalaki na nadadamitan ng puting roba, sina Hesus at ang Dios Ama. Sinabi sa kanya ng Dios na walang alinman sa mga iglesya ang tumpak at ang kanilang mga paniniwala ay kasuklam-suklam.

► Ano ang ilang bagay na mali sa Biblia tungkol sa pangitaing ito?

Pagkalipas noon inangkin ni Joseph na mayroon siyang pangitain na nagpakita sa kanya kung saan dapat niyang hukayin ang mga ginintuang plato na may sulat. Isinalin niya mga nakasulat sa tulong ng mahiwagang salamin sa mata at inilathala iyon bilang ang *Aklat ng Mormon*. Walang sinumang ibang nakakita sa mga plato o salamin sa mata dahil muli iyong kinuha ng anghel at ibinalik sa langit upang doon itago.

Si Joseph ay miyembro ng Masonic lodge, at kinopya ang mga sikretong ritwal ng Mormonismo mula sa mga manual ng Masonry, kabilang ang panunumpa sa dugo, mga password at sikretong pagkakamay.[7]

Inorganisa ang iglesya ng Mormon sa New York noong 1830. Noong 1839, una silang lumipat sa Nauvoo, Illinois, pagkatapos ay sa Missouri. Sinabi ni Smith na ang Missouri ang Lupang Pangako para sa mga Mormon, at ang templo ay itatayo sa Independence, Missouri.[8] Hindi kailanman naitayo ang templo, at muling lumipat ang mga Mormon. Naghayag si Smith ng maraming propesiya na hindi kailanman nagkatotoo.[9]

Sinabi ni Smith, "Mayroon akong higit na maaaring ipagmalaki kaysa sinumang tao. Ako ang tanging tao na nakapagpanatiling buo ng isang buong iglesya simula sa mga panahon ni Adan. Ang malaking bahagi ng kabuuan ay nanindigan sa aking tabi. Hindi ito nagawa ni Pablo, ni Pedro, o maging ni Hesus. Ipinagmamalaki ko na walang sinumang tao ang makagagawa ng katulad ng aking nagawa. Ang mga tagasunod ni Hesus ay tumakbo palayo sa kanya; ngunit ang Latter-Day Saints ay hindi pa tumatakbong palayo sa akin."[10]

Inatake at winasak ni Joseph ang palimbagan ng isang diyaryo na nagparatang sa kanya ng pag-aasawa ng marami.[11] Habang nasa kulungan si Joseph at naghihintay ng paglilitis, isang pangkat ang umatake sa kulungan at pinatay si Joseph at ang kanyang kapatid na si Hiram.

Itinalaga ni Smith ang kanyang anak na lalaki bilang susunod na tagapanguna, nguni't pagkamatay ni Smith karamihan sa miyembro ay sumunod kay Brigham Young at lumipat sa Salt Lake City, at iniwan ang "lupang pangako."

Naniniwala ang mga Mormon na ang tunay na Kristiyanismo ay nagwakas nang mamatay ang mga apostol at hindi muling umiral sa mundo hanggang nang simulan ni Smith ang iglesyang Mormon.

► Ano ang ilan sa mga unang pangyayari sa iglesyang Mormon na dapat naging dahilan upang tayo ay magduda na ito ang tunay na Kristiyanismo na pinanumbalik sa mundo?

### Impluwensiya sa Kasalukuyan

Maraming iba't-ibang denominasyon ng Mormon ang humiwalay sa orihinal na kilusan na sinimulan ni Joseph Smith. Ang ilan sa kanila ay napakaliit.

---

[7] Ang mga Mormon ay maraming sikretong mga ritwal na kinopya sa Masonic Lodge. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga Apostol ay hindi nagtataglay ng lihim na relihiyon, kundi bukas/lantad sila sa lahat ng kanilang pinaniniwalaan . Tingnan ang 2 Corinto 4:2 at 2 Timoteo 2:2.

[8] Joseph Smith, *Doctrine and Covenants*, Seksiyon 57

[9] Sinasabi ng Biblia na kapag ang propesiya ng isang tao ay hindi nagkatotoo, hindi siya dapat pagkatiwalaan bilang propeta. Tingnan ang Deuteronomio 18:22.

[10] Joseph Smith, *Doctrine and Covenants*, Seksisyon 57.

[11] Sinasabi ng Biblia na ang pastor ay hindi dapat sumunod sa sariling kalooban at hindi marahas. Tingnan ang Tito 1:7.

Ang pinakamalaking iglesya ng mga Mormon ay may punong-tanggapan sa Salt Lake City, sa Utah at inaangkin na mayroong pangbuong mundong mga miyembro na may bilang na 14,700,000. Naglalathala sila ng mga babasahin sa 177 wika.

Mayroon silang halos 80,000 full-time na misyonero.[12] Ang mga misyonero ay karaniwang mga young adults/kabataang may sapat na gulang na nagboboluntaryo sa loob ng isa at kalahati hanggang dalawang taon. Maaari silang ipadala kahit saang lugar sa buong mundo na may ministeryo ang mga Mormon nang hindi maaaring pumili. Nagtatrabaho sila nang walang suweldo.

**Mga Mahihirap na Doktrinang Mormon**

***Polygamy/Pag-aasawa ng Higit sa Isa***

Sinasabi ni Joseph Smith na ang polygamy/pag-aasawa ng higit sa isa ay iniutos ng Dios bilang paraan upang ang tao ay maging mga dios pagkatapos na mamatay.[13] Ang mga lalaki ay inaasahang maraming asawa para sa walang-hanggan, upang maaari nilang panirahan ang bagong daigdig sa parehong paraan na nilaganapan ng Dios ang mundo.[14]

Nag-asawa si Smith ng 27 babae. Ang pinakabata ay 14 na taong gulang. Ang ilan sa kanila ay kasal na sa ibang lalaki, subalit sinabi ni Smith na ang mga naunang kasal ay walang bisa kung ito ay ginawa sa labas ng Mormonismo.[15] Ang sumunod na tagapamuno pagkatapos ni Smith, si Brigham Young ay nagkaroon ng 57 asawa at 165 na anak.

Sinabi ni Smith na ang polygamy ang pangwalang-hanggang tipan ng Dios, at ito ay itinakda bago pa ang pundasyon ng mundo. Ang mga sumunod na apostol ng iglesyang Mormon ay nagsabi na ang polygamy lamang ang tanging paraan upang maabot ang pagiging dios[16] at hindi ito kailanman mababago.

Nagpatuloy sa pagsasagawa ng polygamy ang mga Mormon hanggang noong 1890, nang ang pamahalaan ng United States ay nagbanta na kukumpiskahin ang lupain ng iglesya dahil nilalabag nila ang batas. Sa panahong iyon, ang propetang Mormon na si Woodruff ay nagsabing nakatanggap siya ng rebelasyon mula sa Dios na tapos na ang polygamy o pag-aasawa ng marami.

► Karamihan sa mga Mormon ay hindi na nagsasagawa ng polygamy sa kasalukuyan. Bakit ang kasaysayan ng kanilang polygamy ay patuloy na suliranin para sa kanilang kredibilidad para sila paniwalaan.

---

[12] Iniulat noong 2014

[13] Sinasabi ng Biblia na ang pastor ay dapat magkaroon ng isa lamang asawa. Tingnan ang Tito 1:6.

[14] Joseph Smith, *Doctrine and Covenants*, Seksiyon 132

[15] Sinasabi ng Biblia na ang sinumang nakikisama sa isang humiwalay sa asawa ay nagkakasala ng pangangalunya. Tingnan ang Mateo 5:32.

[16] Brigham Young, *Journal of Discourses,* Volume 11, 269

### ***Racism/Pagkapoot sa Lahi***

Ayon sa doktrina ng Mormon, ang bawat tao ay isang espiritu sa langit bago ito ipanganak. Mayroong digmaan sa langit, at ang mga hindi lumaban sa kanilang lubos na kakayanan para sa Dios ay isinumpa na may maiitim na balat. Ang lahat ng mga lalaking binanggit sa parapong ito ay mga presidente ng iglesyang Mormon at patuloy silang itinuturing ng mga Mormon na mga propeta ng Dios. Sinabi ni Joseph Smith na kung ang mga taong maiitim ang balat ay maniniwala sa mga doktrina ng Mormon at gawin ang tama, ang kanilang balat ay magiging mas maputi pagkalipas ng ilang henerasyon. Sinabi ni Brigham Young na ang maitim na balat at ilong na pango ay mga sumpa ni Cain. Sinabi niya na ito ay walang hanggang prinsipyo mula sa Dios na ang isang tao na may dugong Africano ay hindi makahahawak sa tungkuling maging pari. Sinabi rin niya na ang pang-aalipin sa mga itim ay isang banal na institusyon. Sinabi ni Joseph Fielding Smith na natatanggap ng mga taong may maitim na balat kung ano ang nararapat sa kanila dito sa mundo dahil sa ginawa ng kanilang espiritu bago pa man sila isilang. Sinabi ni David McKay na ang diskriminasyon ng iglesya laban sa Negro o maiitim ang balat ay hindi nagsimula sa tao kundi sa Dios.[17]

Sa Mormonismo, ang bawat lalaking miyembro ay inaasahang magiging isang pari. Sa malaking bahagi ng kanilang kasaysayan, hindi pinahihintulutan ng mga Mormon ang mga lalaking itim na maging pari, na nangangahulugang hindi sila tunay na mga miyembro. Noong 1978, inihayag ng iglesyang Mormon na nakakuha sila ng bagong rebelasyon na bumago sa lahat ng kanilang sinabi tungkol sa mga itim na lahi mula pa sa simula, at ngayon pinahihintulutan na nila ang mga itim na lalaki upang maging pari.[18]



*Ang estatwa ng anghel na si Moroni ay nasa ibabaw ng bawat templo ng Mormon.*

► Sinasabi ng mga Mormon na tinatanggap na nila nang pantay sa iba pang lahi ang mga itim na lahi. Bakit ang kasaysayan ng kanilang maling pagkapoot sa lahi ay nananatiling suliranin para sa kanilang kredibilidad?

### ***Damit Panloob***

Ang lahat ng miyembro ng Mormon ay inaasahang magsuot ng espesyal na damit sa ilalim ng kanilang damit na panlabas. Puti ang espesyal na damit na ito at nakatakip sa halos buong katawan. Ito ay sinasabing nagbibigay sa kanila ng espirituwal na proteksiyon. Ito ay kumakatawan sa kanilang pangako na maging tapat sa iglesya. Inaasahang isusuot nila ito araw at gabi.

---

[17] Sinasabi ng Biblia na kay Cristo walang pagkakaiba ang nationality at pagiging katutubo. Tingnan ang Galacia 3:28.
[18] Image by ErikaWittlieb from Pixabay, retrieved from https://pixabay.com/photos/moroni-angel-statue-prophet-mormon-1467937/.

## Mga Ereheng Doktrina ng Mormon

Ang bawat miyembrong Mormon ay dapat maniwala na si Joseph Smith ay isang propeta ng Dios at ang *Aklat ng Mormon* ay isa pang Testamento ni Kristo, kapantay ng Biblia sa awtoridad nito. Mayroon din silang isang aklat ng mga rebelasyon na tinatawag na *The Doctrine and Covenants*/*Ang Doktrina at mga Tipan* na pinaniniwalaan nilang kinasihan rin katulad ng Biblia. Naniniwala sila na ang Biblia ay hindi sapat upang itatag ang kanilang pinakamahahalagang mga doktrina.

Inaangkin ng mga Mormon na ang kanilang relihiyon ay tunay na Kristiyanismo. Marami sa kanilang mga doktrina ay sumasalungat sa Biblikal at pangkasaysayang mga doktrina na sumusuporta sa ebanghelyo. Mahirap makita ang mga ereheng katuruan kapag nakikipag-usap sa mga miyembro ng Mormon dahil marami sa kanila ay hindi nalalaman kung ano ang itinuro ng kanilang mga propeta.

> "Bilang positibong sinasabi ng wika, ang Lumang Tipan ay nagpapatunay na ang Diyos ang walang hanggan, walang simula o wakas, na lumalampas sa mga limitasyon ng panahon."
> - W.T. Purkiser
> (*God, Man, and Salvation*, 151)

Ang iglesyang Mormon ay naniniwala na ang Dios ay minsan naging taong katulad natin, ngunit umunlad hanggang siya ay naging Dios na siyang kalagayan niya ngayon.[19] Naniniwala sila na ang Dios Ama ay may pisikal na katawan. Mayroon siyang maraming asawa. Ang kanyang mga anak ay ipinanganak muna bilang mga espiritu, pagkatapos ay isinugo sa mundo upang ipanganak bilang mga tao.

Sinasabi ng mga Mormon na sila ay naniniwala na si Hesus ay isinilang ng isang birhen, ngunit itinuturo ng iglesyang Mormon na si Maria ay nagdalang-tao sa pamamagitan ng Dios Ama sa natural na paraan gamit ang kanyang katawan. At si Hesus ay isinilang sa parehong paraan na ang sinumang tao ay isinilang.[20]

> "Ang pundasyon ng tunay na relihiyon ay nakatayo sa mga kasulatan ng Diyos. Ito ay itinayo sa ibabaw ng mga propeta at mga apostol, si Kristo Hesus mismo ang Punong Bato sa Panulok."
> - John Wesley
> ("The Case of Reason Considered")

Naniniwala ang mga Mormon na bago isinilang si Hesus sa lupa, siya ay isang espiritu, katulad ng ibang mga anghel. Naniniwala sila na siya ay hindi Dios.[21]

Naniniwala ang mga Mormon na ang Banal na Espiritu at si Hesus ay mga nilalang na hiwalay sa Ama, at sila ay hindi kapantay ng Ama. Hindi sila naniniwala sa Trinidad.

► Sa kaunting salita paano mo ipapaliwanag ang suliranin sa pananaw ng mga Mormon patungkol sa Dios?

---

[19] Joseph Smith in *History of the Church*, Volume 6, p. 305

[20] Sinasabi ng Biblia na si Maria ay naglihi ng isang sanggol sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Tingnan ang Lucas 1:35 at Mateo 1:18.

[21] Sinasabi ng Biblia na si Jesus ang Salita ng Dios at siya ay Dios maging bago pa man siya isinilang sa mundo. Tingnan ang Juan 1:1, 14.

Naniniwala ang mga Mormon na ang isang lalaking Mormon ay maaaring lumago at maging katulad ng Dios. Naniniwala sila na marami na ang nakatupad nito, kung kaya't marami nang dios. Sinabi ni Apostol Lorenzo Snow, "Kung ano ang tao ngayon, gayun dati ang Dios; at kung ano ang Dios ngayon, maaaring maging gayun din ang tao."

Sinabi ni Joseph Smith, "Narito ngayon ang walang hanggang buhay –ang makilala ang tanging matalino at tunay na Dios; at kailangan mong matutuhan kung paano kayo mismo ay maging Dios, at maging mga hari at mga pari sa Dios nang kapareho ng ginawa ng lahat ng mga dios na nauna sa inyo."

Naniniwala ang mga Mormon na ilang tao lamang ang mapupunta sa isang walang hanggang impiyerno.[22] Karamihan sa mga tao ay bibigyan ng pagkakataon na tanggapin ang Mormonismo pagkatapos ng kamatayan. Ang matatapat na Mormon ay mapupunta sa pinakamataas na antas ng langit.

Naniniwala ang mga Mormon na ang kaligtasan ay isang gantimpala na ibinibigay para sa isang buhay ng matapat na paglilingkod sa Dios.[23] Hindi inaangkin ng mga Mormon ang pagkakaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Naniniwala ang mga Mormon na ang lahat ng ibang iglesya ay Satanic, at walang kaligtasan maliban sa pamamagitan ng iglesya ng Mormon. Walang tunay na pagkakaisa ang posible sa pagitan ng mga Mormon at mga Kristiyano.

► Bakit imposible na magkaroon ng pagkakaisa sa pagitan ng mga Kristiyano at mga Mormon? Magbigay ng ilang dahilan.

### Mga Taktika ng mga Mormon

Hinihiling ng mga Mormon sa mga tao na manalangin sa Dios upang ipakita sa kanila kung ang aklat ng Mormon ay totoo at kung si Joseph Smith ay isang propeta. Maraming tao ang nagsabi na nakaramdam sila ng nag-aapoy sa kanilang puso bilang tugon sa panalanging iyon. Iniisip nila na ang nag-aapoy na pakiramdam na iyon ay nagpapatotoo na ang Mormonismo ay totoo. Hindi pinatototohanan sa kanila ng pakiramdam na sila ay personal na naligtas.[24]

---

[22] Sinasabi ng Biblia na maraming tao ang ipadadala sa impiyerno kasama ng diablo at ng mga demonyo.Tingnan ang Mateo 25:41.

[23] Sinasabi ng Biblia na ang kaligtasan ay isang regalo ng Dios, hindi ito makukuha sa pamamagitan ng mga gawa. Tingnan ang Efeso 2:8-9.

[24] Sinasabi ng Biblia na hindi tayo dapat maniwala sa ibang ebanghelyo kahit isang anghel pa ang magsabi nito. Tingnan ang Galacia 1:8.

Inaangkin ng mga Mormon na naniniwala sila sa Biblia, ngunit sinasalungat ng Biblia ang kanilang mga doktrina. Sinasabi nila na ang Biblia ay may mga kamalian dahil sa mga pagkakamali sa pagkopya at pagsasalin. Sinasabi nila na kinakailangan ang dagdag na mga rebelasyon dahil sa mga pagkakamali sa Biblia.[25] Para sa isang Mormon, ang pinakamataas na awtoridad ay ang rebelasyon ni Joseph Smith. Dahil sila ay naniniwala na siya ay isang propeta, tinatanggap nila ang lahat ng paniniwala ng Mormonismo na sumasalungat sa Biblia.

> "Nasa atin ang mga sagradong kasulatan, kahit man lang sa kabuuan at nilalaman, tulad ng ibinigay nito kay Moises at sa mga propeta at sa simbahan ni Kristo ni Hesus, kanyang mga ebanghelista, at mga apostol, at wala sa mga manuskrito ng Hebreo o Griyego ang makikitang magpapatunay ng anumang pagkakamali sa doktrina."
> - Adam Clarke
> (Christian Theology, 51)

Ginagamit ng mga Mormon ang parehong mga salita na ginagamit ng mga Kristiyano, ngunit iba ang kahulugan nila para dito. Sinasabi nila na si Hesus ay ang anak ng Dios, nguni't hindi nila ibig sabihin na Siya ay Dios. Sinasabi nila na ang Banal na Espiritu ay ang ikatlong miyembro ng Godhead, nguni't hindi sila naniniwala sa Trinidad.

Sinasabi nila na si Hesus ay isinilang ng isang birhen, nguni't naniniwala sila na ang Dios Ama ay may pisikal na katawan at ginamit ito upang magdalang-tao si Maria sa natural na paraan.

Sinasabi nila na si Hesus ay nagdusa at namatay bilang kabayaran sa ating mga kasalanan, at tayo ay maaaring manalangin upang patawarin, nguni't naniniwala sila na ang langit ay isang gantimpala para sa isang matapat na buhay.

**Inaangkin ng mga Mormon na ito ay tunay na Kristiyanismo. Sinasabi nila na lahat ng ibang iglesya ay mali. Ngunit kung nauunawaan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng doktrina ng Mormonismo, hindi niya pinaniniwalaan ang ebanghelyo ayon sa Kasulatan at sagayun ay hindi isang Kristiyano.**

*Ngayon bumalik ka at basahin nang sama-sama ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Mormonismo. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa sa mga iyon sa grupo.*

> "Naniniwala ako kay... Kristo Hesus, ang kanyang bugtong na Anak na ating Panginoon; na ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo."
> - The Apostles' Creed

## Paggamit ng Handbook ng Doktrina

*Ang lahat ng mga doktrina sa sumusunod na lista ay itinatanggi ng mga Mormon. Tingnan ang* Handbook ng Doktrina upang makita ang kahalagahan ng bawat doktrina at ang

[25] Sinabi ni Jesus na ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang kanyang mga salita ay hindi lilipas (Mateo 24:35). Sinabi niya na alinman sa Salita ng Dios ay hindi mawawala bago matupad ang lahat ng nilalaman nito (Mateo 5:18). Sinabi ni Pedro na ang Salita ng Dios ay nananatili magpakailanman (1 Pedro 1:25). Inaasahan ng Dios na pagtitiwalaan natin ang kanyang Salita sa halip na humanap ng bagong rebelasyon.

ebidensiya para doon. Tiyakin na nauunawaan ninyo kung paanong ang mga talatang reperensiya ay nagpatunay sa doktrina.

(1) Ang Biblia ay sapat para sa doktrina.

(2) Mayroon lamang isang Dios.

(3) Ang Dios Ama ay hindi isang tao.

(4) Hindi kailanman nagbago ang Dios.

(5) Si Hesus ay Dios.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Dios.

(8) Ang Dios ay isang Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Kristo.

(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng sariling katiyakan ng kaligtasan.

(13) Ang hindi ligtas ay magdurusa ng walang hanggang kaparusahan.

## Ebanghelismo

Maaaring tila imposible na baguhin ang pag-iisip ng isang Mormon, ngunit ang katotohanan ay libo-libong Mormon ang umaalis na sa iglesyang Mormon taon-taon.

Sikaping ipakita sa Mormon na ang kanyang pinakamahalagang paniniwala ay taliwas sa ebanghelyo. Gamitin ang ebidensiya na nasa *Handbook ng Doktrina*. Ipakita ang ebidensiyang ito sa sinumang tila interesado sa Mormonismo.

Huwag sumang-ayon na ipanalangin na ipakita sa iyo kung tama ang Mormonismo. Hindi mo kailanman dapat hilingin sa Dios na ipakita sa iyo ang isang bagay kung alam mo na kung ano ang katotohanan. Ang pananalangin ng katulad noon ay nagbibigay kay Satanas ng pagkakataon na bigyan ka ng isang karanasan na lilito sa inyo.

Ang mga Mormon ay walang personal na katiyakan ng kaligtasan. Marami sa kanila ang nabubuhay sa takot na ang kanilang buhay ay hindi tatanggapin ng Dios. Tiyakin na ibahagi sa kanila ang ebanghelyo at sabihin sa kanila kung paano sila magkakaroon ng katiyakan ng kaligtasan. Iyon ay mas mahalaga kaysa anumang ibang bagay na masasabi mo sa kanila.

Maaaring hindi mo makita ang mga resulta ng inyong debate. Maaaring hindi sabihin sa iyo ng isang Mormon sa katapusan ng inyong pag-uusap na nagbago na ang kanyang isipan. Gayunman, hindi mo nalalaman ang pangmatagalang epekto ng pag-uusap ninyo. Patuloy na gagamitin ng Banal na Espiritu ang katotohanang iyong ibinigay.

## Isang Patotoo

Si Kris ay lumaki sa iglesyang Mormon at nakibahagi siya sa lahat ng kanilang ginagawa. Siya ay itinuturing na isang mabuting halimbawa ng kabataang babaeng Mormon. Nang siya ay umalis upang mag-aral sa Unibersidad ng Idaho, siya ay naanyayahang dumalo sa isang Kristiyanong Pag-aaral ng Biblia. Pumunta siya na umaasang mayroon siyang mahihikayat na lumipat sa Mormonismo. Sa Pag-aaral ng Biblia, marami siyang natutuhan tungkol sa Dios mula sa Biblia na hindi niya kailanman natanto. Nakita rin niya na ang mga Kristiyano doon ay may relasyon sa Dios na hindi niya kailanman naranasan. Umalis siya sa iglesyang Mormon at namuhay para sa Dios kahit na tinanggihan siya ng kanyang pamilya at karamihan sa mga kaibigan niyang Mormon. Binigyan siya ng Dios ng bagong pamilyang Kristiyano at higit na maraming kaibigan kaysa nakaraan. Sinasabi ni Kris, "Para doon sa mga umalis sa iglesyang Mormon at nag-iisip na tuluyan nang sumuko sa Dios, huwag… May layunin pa ang Dios sa inyo."

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi 2

*Muling Basahin ang Isaias 41. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa tagasunod ng Mormonismo. Hayaan ang ilang mag-aaral na ibahagi sa iba kung ano ang kanilang isinulat.*

## Takdang-Aralin sa Bawat Leksiyon

Sa kabuuan ng kursong ito magkakaroon kayo ng pakikipag-usap sa mga tagasunod ng iba't-ibang relihiyon at kulto na inyong pinag-aaralan. Kakailanganin mong makipag-usap sa mga miyembro ng hindi bababa sa 10 iba't-ibang grupong pangrelihiyon. Dapat mong ipahayag ang ebanghelyo at ibang katotohanang Kristiyano.

Kung hindi posible para sa iyo na makahanap ng miyembro ng grupong pangrelihiyon na iyong pinag-aaralan sa isang partikular na leksiyon, dapat kang humanap ng ibang tao na magiging interesado na marinig ang materyal.

Pagkatapos ng inyong pag-uusap, magbibigay ka ng dalawang ulat.

(1) Susulat ka ng 2-pahinang pag-uulat at ibibigay ito sa tagapanguna sa klase. Dapat mong ilarawan doon ang pangunahing mga paniniwala ng grupong pangrelihiyon, isang tugon mula sa Biblia para sa mga paniniwala, ang iyong pakikipag-usap sa hindi mananampalataya, at ang kanilang tugon sa iyong mga sinabi.

(2) Sasabihin mo sa iyong mga kaklase ang tungkol sa pakikipag-usap sa susunod na pagkikita ninyo sa klase.

Ang sampung pag-uusap at takdang araling isinulat ang pangunahing takdang-aralin sa kursong ito.

# Leksiyon 4
# Saksi ni Jehovah

## Unang Pakikipagharap

Kumatok sila sa pinto nina Sam at binigyan nila siya ng kopya ng magasin na *Awake*. Ang mga panauhin ay isang babae at dalawa sa kanyang mga anak. Maayos ang kanilang mga kasuotan at palakaibigan. Ang artikulong pambungad ng magasin ay tungkol sa kung paano tutulungan ang mga bata na maging mas mabuti sa paaralan. Bumasa ang babae ng isang talata sa Kasulatan, nagbigay ng komento tungkol dito at pagkatapos ay tinanong si Sam kung magiging interesado siya na mabisita para sa isang pag-aaral ng Biblia. Sinabi ni Sam na pag-iisipan niya iyon.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Hebreo 1. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito mula sa Kasulatan. Ano ang sinasabi sa atin ng talata na ito tungkol kay Hesus? Hayaang sumulat ng listahan ng mga pahayag ang bawat mag-aaral. Talakayin bilang isang grupo ang inyong isinulat.*

## Ang Mga Saksi ni Jehovah

### Kasaysayan

Sinimulan ni Charles Russell ang Zion's Watch Tower Tract Society noong 1881 upang ilathala ang kanyang natatanging mga katuruan. Binago ng organisasyon ang pangalan nito sa Saksi ni Jehovah noong 1931..

Sumulat si Russell ng isang set na may anim na volume ng pag-aaral sa Biblia. Sinabi niya na magiging mas mabuti para sa mga tao na basahin ang kanyang mga aklat nang walang Biblia kaysa basahin ang Biblia nang wala ang kanyang mga aklat. Sinabi niya na kapag tumigil ang isang tao sa pagbabasa ng kanyang mga aklat at ang Biblia lamang ang babasahin, sa loob lamang ng dalawang taon ay malalagay siya sa kadiliman, nguni't kung babasahin lamang niya ang kanyang mga libro nang wala ang Biblia, siya ay mananatili sa liwanag.[26]

Maraming beses nang binago ang mga doktrina ng mga Saksi ni Jehovah.

Ang mga tagapanguna ng Saksi ni Jehovah ay gumawa na ng maraming propesiya na hindi naman nagkatotoo. Halimbawa, ang ikalawang tagapanguna na si Rutherford ay nagpropesiya na si Abraham, si Isaac at si Jacob ay muling bubuhayin noong 1925 at titira

[26] Sinasabi ng Biblia na ang Salita ng Dios ay isang ilaw na gumagabay sa atin (Awit 119:105). Tinuturuan tayo ng Banal na Espiritu kahit na walang taong magtuturo sa atin. (1 Juan 2:27).

sa isang marangyang bahay na kanyang inihanda para sa kanila. Hindi sila dumating, ngunit siya mismo ang tumira sa naturang bahay.[27]

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na ang lahat ng ibang mga iglesya ay kay Satanas, at walang kaligtasan malibang sa pamamagitan ng kanilang samahan.[28]

► Ano ang ilang mga bagay na nakikita mo na nagpapahiwatig na ang mga Saksi ni Jehovah ay hindi Kristiyano ayon sa Kasulatan?

**Pangkasalukuyang Impluwensiya**

Inaangkin ng mga Saksi ni Jehovah na sila ay nagtatrabaho sa 239 bansa, at naglathala sa 595 wika. Sa huling sampung taon nakapaglimbag na sila ng 20 bilyong piraso ng mga babasahin. Mayroon silang 111 libong kongregasyon at talaan ng mga miyembro na higit sa 7 milyong aktibong mga miyembro.[29]

Ang pangunahing tanggapan ng Saksi ni Jehovah ay nasa Brooklyn, New York.

**Mahihirap na mga Doktrina ng Saksi ni Jehovah.**

Ang mga Saksi ni Jehovah ay hindi nakikilahok sa eleksiyong pampamahalaan o humahawak ng anumang tungkulin sa opisina ng pamahalaan, dahil naniniwala sila na hiwalay sila mula sa mga kaharian ng mundong ito.[30]

Hindi sila naglilingkod sa militar at hindi sila naniniwala kahit kailan na ang digmaan ay wasto.

Hindi sila nagdiriwang ng anumang opisyal na pista, maging ito man ay pambansang holiday, pagdiriwang ng Kristiyano o kaarawan, dahil naniniwala sila na ang lahat ng pagdiriwang ay sumusunod sa mga kaugaliang pagano.

Hindi sila tumatanggap ng pagsasalin ng dugo, maging upang sagipin ang buhay, dahil sa Kasulatan na nagbabawal sa pagkain ng dugo.

Hindi sila nagkakaloob ng ikapu, at ang kanilang pastor ay hindi tumatanggap ng sweldo.

Ang sinumang miyembro na hindi nagbibigay ng ulat ng pagpapatotoo ay inaalis mula sa listahan ng mga aktibong miyembro at hindi na itinuturing na ligtas.[31]

---

[27] Sinasabi ng Biblia na kung ang propesiya ng isang tao ay hindi magkatotoo, hindi siya dapat pagkatiwalaan bilang isang propeta. Tingnan ang Deuteronomio 18:22.

[28] Sinabi ni Jesus sa mga disipulo na hindi lahat ng mga tagapaglingkod ng Dios ay matatagpuan sa parehong mga organisasyon. (Lucas 9:50).

[29] Iniulat noong 2014

[30] Ang mga lalaking tulad nina Nehemias, Mordecai, at Daniel ay naglingkod sa Dios ngunit nagtrabaho rin para sa mga paganong bansa (Nehemias 2:7-8, Esther 2:21, Daniel 6:2).

[31] Ang Biblia ay nagsasabi na ang Dios ay may listahan sa langit ng mga ligtas na. Ang listahang iyon ay hindi pag-aari ng alinmang organisasyon sa lupa. (Lucas 10:20, Pahayag 21:27).

Hindi naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na madaling maliligtas ang isang tao. Dapat siyang sumali sa organisasyon at magsimulang pag-aralan ang kanilang mga doktrina. Ang kaligtasan ay isang proseso, at ang sandali na malalaman ng isang tao na siya ay ligtas na ay hindi matitiyak.

Hindi tinatanggap ng mga Saksi ni Jehovah ang krus bilang isang simbolo ng Kristiyanismo, at naniniwala na si Hesus ay namatay sa isang tulos.

► Bakit dapat tawaging "mahihirap na doktrina" ang mga doktrinang ito?

> "Ang Muling Pagkabuhay ang at siyang pagbibigay-katwiran ni Hesus. Sa pamamagitan nito ang pagkakakilanlan ni Hesus at ang katotohanan ng kanyang misyon ay pangwalanghanggang naitatag."
> - Willard Taylor
> (*God, Man, and Salvation*, 361)

Ang pinakaseryosong pagkakamali sa doktrina ng mga Saksi ni Jehovah ay ang pagtanggi sa pagiging Dios ni Kristo at ng Banal na Espiritu.

**Sinasabi ng mga Saksi ni Jehovah na sila ay tunay na Kristiyano. Inaangkin nila na ang lahat ng ibang iglesya ay mali. Ngunit kung nauunawaan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng mga doktrina ng Saksi ni Jehovah, hindi siya sumasampalataya sa ebanghelyo na ayon sa Banal na Kasulatan at hindi isang Kristiyano.**

### Mga Taktika ng mga Saksi ni Jehovah

Ang isang tao na interesadong sumanib sa mga Saksi ni Jehovah ay dumaraan sa isang pag-aaral ng Biblia sa loob ng ilang buwan. Kailangan niyang gumawa ng mga pagbabago sa kanyang buhay upang sundan kung ano ang kanyang napag-aaralan. Pagkatapos siya ay babautismuhan at nagiging "isang tagapaglathala," at inaasahang magpapalaganap ng mga babasahin mula sa organisasyon.

Ang mga Saksi ni Jehovah ay hindi naniniwala na ang isang tao ay nagiging Kristiyano agad matapos na ilagak niya ang kanyang pananampalataya kay Kristo. Naniniwala sila na dapat muna niyang matutuhan ang kanilang mga doktrina at magsimulang isagawa ang mga hinihingi nito.[32]

> "Sumasampalataya ako sa…isang Panginoon na si Kristo Hesus, ang bugtong na Anak ng Dios; bugtong na anak ng kanyang Ama bago pa man nilikha ang mundo, Dios ng mga Dios, Liwanag ng liwanag, Mismong Dios ng mismong Dios,ipinanganak, hindi nilikha; na kaisa sa sangkap ng Ama…At sumasampalataya ako sa Banal na Espiritu, ang Panginoon at Nagbibigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at sa Anak; na kasama ng Ama at Anak ay sinasamba at niluluwalhati."
> - Ang Nicene Creed
> (isinulat ng iglesya noong AD 325)

[32] Sa Bagong Tipan, ang mga tao ay nagiging Kristiyano sa sandaling sila ay magsisi at ilagak ang kanilang pananampalataya kay Cristo (Mga Gawa 2:41, 8:26-39). Ito ay posible dahil tayo ay naliligtas sa pamamagitan ng biyaya at hindi dahil sa mga gawa.

Ang bawat miyembro ay kinakailangang magsumite ng buwanang ulat ng gawaing pagpapatotoo. Ang isang miyembrong hindi nagsusumite ng ulat ay inaalis sa listahan ng mga aktibong miyembro at hindi itinuturing na ligtas.

► Ayon sa mga Saksi ni Jehovah, paano naliligtas ang isang tao?

Sa pangkaraniwan, ang mga Saksi ay umuubos ng 8,000 oras ng pagpapatotoo upang makahikayat ng isang bagong miyembro.

Ang bawat miyembro ay bumibili ng mga nakaimprentang babasahin mula sa organisasyon upang ipamahagi.

Hindi nila tinutukoy ang kanilang kongregasyon bilang mga iglesya. Naniniwala sila na lahat ng mga iglesya ay kay Satanas. Tinatawag nila ang kanilang mga gusali na "Kingdom Halls."[33]

Sinasabi nila na ang doktrina ng Trinidad ay dapat tanggihan dahil ito ay hindi lohikal at imposibleng maunawaan, na tila ba dapat walang anumang bagay sa likas ng Dios na hindi natin maaabot ng pang-unawa.

Sinisikap nilang patunayan ang kanilang mga doktrina sa pamamagitan ng Kasulatan sa mga taong nagtitiwala sa Biblia nang walang gaanong nalalaman tungkol dito. Inilathala nila ang kanilang sariling bersiyon ng Biblia, na tinatawag na *The New World Translation*, na may mga pagbabago na sumusuporta sa kanilang doktrina. Binago nila ang maraming talata na nagpapahiwatig sa pagiging Dios ni Kristo. Ang bersiyong ito ay hindi ginawa ng mga tunay na iskolar sa lengguwahe ng Biblia.

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na ang Banal na Espiritu ay isang hindi personang lakas na nagmumula sa Dios at maihahambing sa lakas ng koryente.

Inaangkin nila na naniniwala sila sa muling pagkabuhay ni Hesus, ngunit naniniwala sila na ang kanyang espiritu lamang ang muling nabuhay, hindi ang kanyang katawan.

Sinasabi nila na si Hesus ang Anak ng Dios at Tagapagligtas ng mundo, at ginawa niyang posible ang kaligtasan. Naniniwala sila na siya ay iisang perpektong tao, ngunit hindi sila naniniwala na Siya ay Dios. Naniniwala sila na siya ang unang bagay na nilikha ng Dios.

► Sa Colosas 1:16-17, idinagdag ng New World Translation ang salitang "iba," upang ang talata ay nagsasabi na nilikha ni Hesus ang lahat ng iba pang mga bagay, nauna siya sa lahat ng ibang bagay, at para sa kanya ang lahat ng ibang bagay ay umiiral. Sa palagay mo, bakit idinagdag ng mga Saksi ni Jehovah ang salitang iyon?

*Ngayon bumalik at basahin nang sama-sama ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Saksi ni Jehovah. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga ginamit na reperensiya na mga talatang Biblikal at magsalit-salit sa pagbasa sa grupo.*

---

[33] Ang Bagong Tipan ay isinulat sa mga iglesya. (Pahayag 1:4, 1 Corinto 14:33).

## Paggamit ng Handbook of Doctrina

*Ang lahat ng doktrina na nakalista sa ibaba ay itinatanggi ng mga Saksi ni Jehovah. Tingnan ang* Handbook ng Doktrina *upang makita ang kahalagahan ng bawat doktrina at ang ebidensiya para dito. Tiyakin na nauunawaan mo kung paanong ang mga talatang reperensiya ay nagpapatunay sa doktrina.*

(5) Si Hesus ay Dios.

(6) Ang katawan ni Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Dios.

(8) Ang Dios ay Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagbabayad-sala ni Kristo.

(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

(13) Ang hindi ligtas ay magdurusa ng walang hanggang kaparusahan.

## Pag-Eebanghelyo

Huwag ninyong tratuhin ng magaspang na pag-uugali ang mga Saksi ni Jehovah. Dahil naniniwala sila na sila ay pinag-uusig dahil sa katotohanan, inaasahan nila na ang mga ebanghelikong Kristiyano ay tatratuhin sila nang masama. Sa halip, ipakita sa kanila ang pag-ibig ni Kristo at ang tunay na malasakit sa kanila.

Huwag makikipagtalo tungkol sa maliliit na usapin, katulad ng pagdiriwang ng mga opisyal na pista o paglilingkod sa militar. Higit na mas mahalaga na mag-usap tungkol sa mga pangunahing punto ng ebanghelyo at katiyakan ng kaligtasan.

Ang prayoridad ay ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Walang katiyakan ng kaligtasan ang mga Saksi ni Jehovah at walang personal na relasyon sa Dios.

## Isang Patotoo

Si Robert ay pinalaki bilang isang Saksi ni Jehovah, at marami sa kanyang mga kamag-anak ay nananatili pa rin sa mga kulto. Bilang isang may hustong gulang na, unti-unti siyang lumayo sa organisasyon, ngunit patuloy na naniniwala na sila ay tama. Naging Kristiyano ang kanyang asawang babae, at nagpasya siyang patunayan sa kanyang asawa na tama ang mga Saksi ni Jehovah. Sa kanyang pag-aaral natuklasan niya na nakagawa na ang mga ito ng maraming maling propesiya. Nagsimula siyang magbasa ng Biblia at napagtanto niya na si Hesus ay Dios, at hindi isang anghel na katulad ng itinuro sa kanya. Binasa niya ang talata kung saan sinabi ni Hesus, "Ako ang daan,ang katotohanan, at ang buhay," at

napagtanto niya na ang kinakailangan niya ay hindi lamang basta paniniwalang pangrelihiyon, kundi isang relasyon kay Hesus.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahin uli ang Hebreo 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang Saksi ni Jehovah. Hayaang ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaang humanap ng pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang miyembro ng grupong pangrelihiyong ito. Maghanda upang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang pag-uulat at ibigay iyon sa iyong tagapanguna sa klase.

# Leksiyon 5
# Iglesia ni Cristo

## Unang Pakikipagharap

> "Sa puso ng pananampalatayang Kristiyano ay ang pagpapahayag na ang ating Panginoong Hesu-Kristo, ang walang hanggang Anak ng Dios, naging tao para sa ating kaligtasan."
> - Willard Taylor
> (*God, Man, and Salvation*, 341)

Si Theo ay isang Katolikong Romano at minsan nang naging isang pari, nguni't umalis sa pagkapari. Isang araw nagsimula siya ng isang bagong trabaho. Habang ipinapakita sa kanya ng isang lalaki kung paano gagawin ang trabaho, nalaman ni Theo na ito ay isang miyembro ng Iglesya ni Cristo. Sinabi ni Theo, "Kay Hesus lamang ako nananampalataya; Siya ang aking Dios." Sinabi ng lalaki sa kanya na si Hesus ay hindi Dios, at mapapatunayan iyon ng kanyang pastor gamit ang Biblia na si Hesus ay isang tagapamagitan lamang. Ipinakita nila kay Theo ang maraming talata sa Kasulatan, at siya ay nalito, ngunit nakumbinsi nila siya na si Hesus ay hindi Dios.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin ng malakas ang Pahayag 1. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito sa Kasulatan. Ano ang sinasabi sa atin ng talata tungkol kay Kristo? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pangungusap. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Iglesia ni Cristo

### Pinagmulan at Impluwensiya

Ang pangalan ng organisasyong ito ay isinalin na Church of Christ. May iba pang mga organisasyon na gumagamit ng parehong mga salita sa kanilang pangalan.

Ang Iglesia ni Cristo ay sinimulan sa Pilipinas noong 1914 ni Felix Manalo,[34] isang dating miyembro ng Seventh-Day Adventist/Sabadista. Nang siya ay mamatay, naging tagapanguna ang kanyang anak na lalaki, pagkatapos ay ang isang apong lalaki.

Ang Iglesia ay mayroong mahigit sa 5,000 kongregasyon sa 112 mga bansa.[35] Karamihan sa mga ito ay nasa Pilipinas. Sila ang pinakamalaking organisasyon na nagsasabing Kristiyano sa Pilipinas maliban sa Simbahan ng Katolikong Romano. Ang kanilang pagsang-ayon ay hinahanap ng mga tagapangunang pampulitika. Nagmamay-ari sila ng mga

---

[34] Larawan: Felix Manalo, nakuha sa http://stepankiskin.info/felix-manalo-memes-3f5cb7c1/ June 4, 2020.
[35] Iniulat noong 2014

istasyon ng radyo. Nagtatrabaho sila para sa pagpapaunlad ng komunidad. Itinayo nila ang pinakamalaking *indoor domed auditorium* sa buong mundo.

Ang kulto ay tunay na nakikisangkot sa pulitika at sinasabi sa kanilang mga miyembro kung sino ang iboboto sa eleksiyon. Sinuportahan nila ang rehimeng Marcos sa Pilipinas.

Ang Iglesia ay isang mayamang organisasyon. Binibigyang-diin nila ang mga madetalyeng gusaling sambahan.[36] Bagaman marami sa kanilang mga miyembro ang mahihirap, marami sa kanilang mga tagapanguna ay mga propesyonal katulad ng mga doktor at abogado.[37]



Naglathala sila ng dalawang babasahin, ang *Pasugo* at ang *God's Message*. Ang mga magasin ay paulit-ulit na umaatake sa mga Katolikong Romano at mga iglesyang ebangheliko.

Marami sa kanilang mga naging miyembro ay mga dating Katolikong Romano na naniniwala na ang Biblia ay totoo ngunit hindi nagtataglay ng mabuting kaalaman sa Biblia. Pinapakitaan sila ng mga miyembro ng Iglesia ng mga talata sa Biblia na nagiging daan upang bitiwan nila ang mga doktrinang itinuro sa kanila.

Ang Iglesia ay may mga kongregasyon sa mga pangunahing lunsod sa buong mundo. Karamihan sa kanilang mga miyembro sa labas ng Pilipinas ay mga Filipino na nangibang bansa at nanirahan na sa mga bansang iyon.

► Bakit ang karamihan sa mga naging miyembro ng Iglesia ay nagmula sa Simbahan ng Katolikong Romano?

### Doktrina ng Iglesya at ang Pagbabayad-Sala

Ang pinakamahalagang paniniwala ng Iglesia ay sila daw ang tunay na iglesya, na pinapanumbalik ni Felix Manalo. Ang doktrinang ito ay sobrang binigyang-diin kaya't ang kanilang ebanghelyo ay tila binubuo ng doktrina ng kanilang iglesya at ng pinagmulan nito.

Naniniwala ang mga Iglesia na si Felix Manalo ang huling espesyal na mensahero ng Dios. Naniniwala sila na si Manalo ay binanggit nang tiyakan sa ilang pagkakataon sa propesiyang Biblikal, tulad ng Isaias 41:9-10, 43:5-7; 46:11, at Pahayag 7:2-3.

Ang Isaias 41:9-10 ay tungkol sa espesyal na piniling lingkod ng Dios. Naniniwala ang mga Kristiyano na ito ay tumutukoy kay Hesus, ang Mesiyas ngunit ang mga Iglesia ay nagsasabi na ito ay tumutukoy kay Felix Manalo. Sinasabi nila na ang mga salitang "dulo ng daigdig"

---

[36] Imahen: gusaling sambahan ng Iglesia ni Cristo, kinuha mula sa https://thefi lam.net/archives/24771 June 4, 2020
[37] Image: "8651Iglesia Ni Cristo churches Malolos City 09" by Judgefloro, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:8651Iglesia_Ni_Cristo_churches_Malolos_City_09.jpg, public domain.

ay nangangahulugan ng mga huling araw ng mundo. Naniniwala sila na tinupad ni Manalo ang propesiyang iyon dahil inirehistro niya ang kanyang sambahan sa parehong araw na ang Unang Pandaigdigang Digmaan (WW1) ay nagsimula, na tinatawag nilang ang simula ng mga huling araw ng mundo. Ang totoo, ang salitang *dulo ng daigdig* sa Biblia ay nangangahulugan ng isang lugar na malayo ang distansiya ayon sa geography.

Sa Isaias 46:11, sinabi ng Dios na tatawag siya ng isang ibong mandaragit mula sa malayong bayan sa Silangan na siyang tutupad sa kanyang layunin. Ang mga Kristiyanong iskolar ay karaniwang nauunawaan ang talata na ito na tumutukoy sa paggamit ng Dios ng banyagang kapangyarihan upang parusahan ang Israel, na sumasang-ayon/consistent sa simbolo ng isang ibong mandaragit. Naniniwala ang mga Iglesia na ang ministeryo ni Felix Manalo ay inihula ng talatang iyon.

Naniniwala ang mga miyembro ng Iglesia ni Cristo na ang iglesyang Kristiyano ay tumalikod sa Dios pagkatapos na mamatay ang mga apostol. Naniniwala sila na ang lahat ng mga iglesya ay tumalikod sa Dios maliban sa kanilang iglesya, at pinapanumbalik ni Manalo ang katotohanan na nawala matapos na mamatay ang mga apostol.

► Paano mo tutugunin ang inaangkin ng Iglesia na tinupad ni Manalo ang ilang tiyak na propesiya sa Biblia? Tingnan ang mga talata na kanilang ginagamit at isaalang-alang ang konteksto ng mga ito.

Ang Iglesia ay may natatanging doktrina ng pagbabayad-sala. Ito ay nakabatay sa kautusan sa Lumang Tipan na ang isang tao ay hindi dapat parusahan dahil sa krimen ng iba. Sinasabi nila na hindi maaaring mamatay si Hesus para sa kasalanan ng iba dahil lalabagin nito ang batas ng Dios. Ngunit, dahil sinasabi ng Biblia na ang iglesya ang katawan ni Kristo, kung ang isang tao ay aanib sa iglesya hindi na siya ibang tao, kundi bahagi ni Kristo. Samakatuwid, si Hesus ay hindi namatay para sa kanino pa man nang siya ay mamatay para doon sa mga nasa iglesya. Ang doktrinang ito ng pagbabayad-sala ay ginagawang lubusang kinakailangan ang kanilang iglesya para sa kaligtasan, dahil sila lamang ang tanging tunay na iglesya. Hindi sila naniniwala na ang isang tao ay naliligtas sa pamamagitan ng paglalagay ng kanyang tiwala kay Kristo matapos marinig ang ebanghelyong ipinangaral o nabasa sa Biblia. Ayon sa kanilang doktrina, ang isang tao ay hindi maliligtas kung hindi magiging miyembro ng kanilang iglesya.

►Ipaliwanag kung paano inaangkin ng Iglesia ni Cristo na namatay si Hesus para lamang sa mga miyembro ng kanilang iglesya.

Marami sa kanilang mga himno ay tungkol sa iglesya. Narito ang halimbawa ng isang himno na may pamagat na "Ang Tunay na Iglesya ni Cristo":

> Ang maluwalhati at makadios na katotohanan
> Tanging sa iglesia ni Cristo
> Yakapin sa ating mga puso ang ebanghelyo
> Mga Salita ng Dios na napakamakapangyarihan

Tayo ang mga miyembro ng tunay na iglesya
O ang iglesia ng Dios na inihula
Maging matatag, matibay na nananahan
Sa katuruang aming tinanggap.

Mga kapatid na minamahal huwag iwan
Ang tunay na iglesyang minahal ng Panginoon
Ialis na ang lahat ng pagdududa sa ating isipan
At maging matapat magpakailanman.

**Iba pang mga Paniniwala at mga Gawain**

Ang Iglesia ay napakasigasig sa panghihikayat sa mga tao sa kanilang relihiyon. Hinihimok nila ang kanilang mga miyembro na magtrabaho sa pagpapalaganap ng mensahe ng iglesya.

Ang mga lalaki at babae ay magkabukod na nakaupo sa magkabilang panig ng santuwaryo sa panahon ng pagsamba. Isinususi ang pinto sa pagsisimula ng gawain.

Ang mga paksang binibigyang-diin sa kanilang mga himno ay ang iglesya, pagtitiis sa mga kahirapan sa buhay, at pananalangin para sa kapatawaran. Ipinapanalangin nila na tulungan sila ng Dios na sundin ang mga kautusan at maging karapat-dapat sa pagtanggap ng kapatawaran.

Inaangkin ng Iglesia na ang Biblia ang pinagkukuhanan ng kanilang mga paniniwala. Ang kanilang karaniwang istilo ng pagtuturo ay ang paggamit ng maraming talata sa kabuuan ng Biblia na tila hindi magkakaugnay. Gumagamit sila ng iba't-ibang bersiyon ng Biblia at maaaring bumanggit mula sa anim na iba't-ibang bersiyon sa isang sermon. Sinisikap nilang sagutin ang alinmang tanong gamit ang Kasulatan. Marami sa kanilang mga miyembro ang nag-aangkin na sila ay nahikayat na sumapi dahil sa paggamit ng kulto ng Kasulatan.

Ang Iglesia ay hindi naniniwala sa Trinidad o sa pagiging Dios ni Kristo o ng Banal na Espiritu.

Patuloy na inaatake ng Iglesia ang doktrina ng pagiging Dios ni Kristo sa kanilang mga inilalathala. Sinasabi nila na kung ang isang tao ay nag-iisip na si Kristo ay Dios, hindi niya tunay na kilala si Kristo at sagayun ay hindi siya ligtas.

> "Kami, kung gayon, bilang pagsunod sa mga banal na Ama, lahat na nagkakaisang pagsang-ayon, na turuan ang mga tao na ipahayag ang isa at ang parehong Anak, ang ating Panginoong Hesu-Kristo, ang parehong perpekto sa pagiging Dios at perpekto rin sa pagiging Tao; tunay na Dios at tunay na tao."
> - The Chalcedonian Creed
> (isinulat ng iglesya taong AD 451)

Naniniwala sila na sa kamatayan ang kaluluwa ay namamatay at hindi na magpapatuloy sa pag-iral malibang muling buhayin at likhain ng Dios ang taong iyon. Hindi sila naniniwala sa impiyerno.

Hindi naniniwala ang Iglesia na tanging ang pananampalataya ang kundisyon para sa kaligtasan. Kinakailangang mabaustimuhan ang

isang tao sa kanilang sambahan at sundin ang kanilang mga kagustuhan. Gayunman, hindi nila sinisiguro na ang isang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng pag-anib sa iglesia. Naniniwala sila na ang kaligtasan ay isang proseso. Naniniwala sila na dapat tuparin ng isang tao ang mga hinihingi ng Dios bago maging karapat-dapat sa kapatawaran. Naniniwala sila na mawawala ang kaligtasan ng isang tao kapag hindi siya namuhay nang matuwid. Dahil sa mga doktrinang ito, marami sa kanilang mga miyembro ang natatakot na sila ay hindi ligtas.

► Bakit hindi nag-aalok ang Iglesia ni Cristo ng agarang katiyakan ng kaligtasan?

**Inaangkin ng Iglesia ni Cristo na sila ang tunay na Kristiyano. Inaangkin nila na ang lahat ng ibang iglesya ay mali. Ngunit kung nauunawaan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng kanilang mga doktrina, hindi niya pinaniniwalaan ang ebanghelyo ayon sa Kasulatan at sagayun ay hindi isang Kristiyano.**

## Paggamit sa Handbook ng Doktrina

*Dahil inaangkin ng Iglesia ni Cristo na naniniwala sila sa Biblia, maaaring gamitin ang Biblia upang tumugon sa kanilang mga doktrina. Gamitin ang sumusunod na seksiyon sa doktrina mula sa Handbook ng mga Doktrina upang tumugon sa kultong ito.*

(5) Si Hesus ay Dios.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Dios.

(8) Ang Dios ay Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan lamang ng pagbabayad-sala ni Kristo.

(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

(13) Ang hindi ligtas ay magdurusa ng walang hanggang kaparusahan.

## Pag-eebanghelyo

Maaaring napansin mo na ang mga doktrina ng Iglesia ni Cristo ay may malaking pagkakatulad sa mga doktrina ng Saksi ni Jehovah. Ang kanilang mga miyembro ay nabubuhay sa takot na sila ay maaaring hindi pa ligtas.

Mahalaga na bigyang-diin ang pangunahing katotohanan ng ebanghelyo. Tandaan na ikaw ay nakikipag-usap sa mga tao na umaasa sa doktrina na sila ay maliligtas sa pamamagitan ng pag-anib sa tamang iglesya. Bigyang diin ang Kasulatan na nagtuturo ng personal na katiyakan ng kaligtasan. Ipakita sa kanila na malibang ilagak nila ang kanilang pagtitiwala kay Cristo para sa kaligtasan, hindi nila kailanman matitiyak na sila ay ligtas.

## Isang Patotoo

Si Miguel ay isang ministro sa Iglesia ni Cristo. Habang nakikilala niya ang maraming ibang mga ministro sa iglesya, siya ay nadismaya na matuklasan na ang mga ito ay hindi namumuhay sa pamantayan ng banal na pamumuhay na kanilang ipinapangaral. Ipinapangaral nila sa kanilang mga miyembro na dapat silang mamuhay nang dalisay at matuwid. Nakita niya na mas masama ang pamumuhay ng isang tagapangaral, mas matindi ang kanyang pangangaral tungkol sa matuwid na pamumuhay. Sinabi ni Miguel na maraming ministro ang nagnanais na umalis sa kulto, ngunit hindi nalalaman kung paano iyon gagawin. Natatakot sila sa pag-uusig. Nagpasya si Miguel na umalis sa iglesya at panghawakan ang ebanghelikong doktrina.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon muling basahin ang Pahayag 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang tagasunod ng Iglesia ni Cristo. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon na maipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyong ito. Paghandaan na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pakikipag-usap mo. Isulat ang iyong 2 pahinang ulat at ipasa iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Leksiyon 6
# Eastern Lightning/Iglesya ng Makapangyarihang Dios

## Unang Pakikipagharap

Si Shang Hui ay isang pastor sa China. Nagsimula siyang makarinig ng mga taong umaalis sa iglesya upang umanib sa Church of Almighty God/Iglesya ng Makapangyarihang Dios. Maging ang kanyang mga magulang ay umanib din sa kanila. Nang makilala niya ang mga miyembro ng kulto, sinabi nila, "Ang pangalan ng Dios ay Jehovah, ngunit ng siya ay pumunta dito sa lupa siya ay tinawag na Hesus. Makagagawa uli ang Dios ng bagong bagay, at maging isa pang Kristo sa mundo." Nalilito si Shang sa kanilang mga katuruan. Nabigo siya sa kanyang ministeryo dahil ang kulto ay mabilis na dumadami.

## Pag-aaral sa Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin ng malakas ang 2 Timoteo 3. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito sa Kasulatan. Ano ang sinasabi sa atin ng talata na ito tungkol sa mga huwad na relihiyong Kristiyano? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## Eastern Lightning/Iglesya ng Makapangyarihang Dios

### Ang Pinagmulan at Impluwensiya

Ang opisyal na pangalan para sa kulto na tinatawag na Kidlat sa Silangan ay Iglesya ng Makapangyarihang Dios. Nagsimula ang relihiyon noong 1989 sa Tsina. Ang kanilang mga miyembro ay tinatayang mula sa 100,000 hanggang 1,000,000.

> "Ang rebelasyon [ng Biblia] ay tapos na. Wala nang idadagdag dito ang Dios, dahil ito ay naglalaman ng lahat ng kinakailangan para sa tao, kapwa ang nauukol sa mundong ito at sa mga darating pang panahon, at ipinapahayag na niya ang pinakamatinding kahatulan laban sa sinumang magdadagdag o magbabawas dito."
> - Adam Clarke
> (*Christian Theology*, 50)

Naniniwala sila na ipinahayag na ng Dios ang kanyang sarili sa panahon ng Lumang Tipan bilang si Jehovah, pagkatapos ay dumating sa mundo bilang si Hesus, at ngayon ay dumating sa mundo sa anyo ng isang babae na tinatawag ang kanyang sarili bilang Lightning Deng. Ang kanyang tunay na pangalan ay orihinal na si Yang Xiangbin. Hindi nagpapakita sa publiko si Deng, at hindi rin nalalaman ng publiko kung ano ang kanyang hitsura

o kung nasaan siya.[38] Ang nakikitang tagapanguna ng kulto ay si Zhao Weishan na maaaring asawang (lalaki) ni Yang.

Inaangkin nila na ang Biblia ay wala na sa panahon, at kinakailangan na ng bagong rebelasyon.[39] Ang kulto ay naglathala na ng ilang mga aklat, kabilang ang *Lightning from the Orient/Kidlat Mula sa Silangan*, na sinasabing rebelasyon mula sa Dios para sa babaeng Kristo. Nangungusap ang mga aklat sa mga Kristiyano at binabantaan sila ng mga detalyadong parusa.

Sinasabi nila na ang pangalan ni Hesus ay wala ng kabuluhan at wala nang kapangyarihan, at si Deng na ang Kristo.

Ihinula nila ang wakas ng daigdig noong Disyembre 21, 2012.

►Ano ang ilan sa mga bagay na nakikita mo na nagpapakita na ang organisasyong ito ay hindi Kristiyano?

**Mga Gawain at Estratehiya**

Espesyal nilang tinatarget ang mga iglesyang Kristiyano, pinipili maging ang pinakamalakas na mga Kristiyano. Hindi sila gaanong interesado sa mga miyembro ng ibang relihiyon o sekta.[40] Nagpapadala sila ng mga miyembro upang magkunwari na umaanib sa mga iglesya.

Gumagamit sila ng prostitusyon upang umakit ng mga posibleng maging mga kaanib. Ang mga taong sumasali sa kanila ay ihinihiwalay sa kanilang mga asawa at inuutusang magkaroon ng mga gawaing seksuwal.[41]

Nag-aalok sila ng malaking halaga ng pera sa mga pastor na Kristiyano upang lumipat at umanib sa kanila.

Gumagamit sila ng pagpapahirap, pagkidnap, at pagpatay.[42] Pisikal nilang inaatake ang mga tagapanguna ng mga organisasyong Kristiyano. Tumatanggi silang umalis sa pagiging miyembro ang sinumang nahikayat nila.

Kapag ang isang tao ay tila interesadong umanib, binibigyan nila siya ng mga regalo, ngunit nagbabanta sila ng karahasan kapag hindi umanib ang tao.[43] Sinisikap nilang magkasalang seksuwal ang mga Kristiyano, pagkatapos ay bina-*blackmail* nila.

---

[38] Sinasabi ng Biblia na hindi natin dapat paniwalaan kapag sinasabi ng mga tao na ang Mesiyas ay nakatago sa daidig. (Lucas 17:23).

[39] Sinabi ni Hesus na ang kanyang mga salita ay hindi kailanman lilipas. Hindi kailangan ng bagong Mesiyas. (Marcos 13:31).

[40] Nagsasalita ang Biblia tungkol sa mga namumuhi sa mabuti (2 Timoteo 3:3).

[41] Pinananatili ng mga Kristiyano ang kadalisayan at pinoprotektahan ang mga pangako sa pag-aasawa (Efeso 5:3).

[42] Sinasabi ng Biblia na ang Kristiyano ay dapat maging mahinahon, malumanay, sumusunod sa batas, at hindi marahas (Tito 3:1-2).

[43] Ang karunungan mula sa Dios ay mapayapa, maawain, at dalisay (Santiago 3:17).

Sinasabi nila na sila ay maling inakusahan ng karahasan, subali't maraming Kristiyano at misyonero sa China ang nakasaksi sa kanilang mga ginagawa.

Mayroon silang daan-daang kuwento ng mga tao na inaangkin nila na nagkaroon ng karamdamang nakamamatay mula sa Dios dahil sa pagtanggi nila sa kulto.

Kinakailangang ibigay ng mga miyembro ang lahat ng mayroon sila sa kulto. Hinihikayat silang iwan ang kanilang mga pamilya at mamuhay kasama ng kulto at magtrabaho sa pagpapalaganap ng mensahe. Mayroon silang mga kuwento ng maraming tao na nasa ministeryong Kristiyano bago umalis sa iglesya upang umanib sa kanila.

Nagsimula na silang palawakin ang kanilang organisasyon sa ilang ibang bansa. Nagsimula sila sa pagbibigay ng mga nakaimprentang babasahin sa mga tao sa iglesyang Chinese.

► Paano naiiba ang tunay na iglesya sa mga ginagawa ng Eastern Lightning/Kidlat sa Silangan?

**Mga Paniniwala**

Kinikilala nila na si Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ngunit hindi sila naniniwala na ang sinuman ay maililigtas ni Kristo nang wala ang kanilang organisasyon. Itinatanggi nila ang muling pagkabuhay at ang muling pagbabalik ni Kristo.

Naniniwala sila na ang sinumang hindi tumatanggap sa mensahe ni Deng (ang babaeng Kristo) ay hahatulan ng Dios.

> "Siya [si Hesus] ay bumaba sa impiyerno; sa ikatlong araw ay muling nabuhay mula sa mga patay; umakyat sa langit, at nakaupo sa kanan ng Dios Amang Makapangyarihan; at mula roon ay darating upang hukuman ang mga mabubuhay at ang mga patay."
> - Ang Credo ng mga Apostol

> Ngayon ang responsibilidad ng tao ay sundin ang babaeng Kristo,at tanging kung iiwan niya ang kanyang pananampalataya kay Kristo Hesus, pupunitin ang kanyang Biblia sa harap ng publiko, tatawagin ang kanyang sarili na "anak ng demonyo," ay "masasakop" sa pamamagitan ng lubusang pagpapasakop ng kanyang sarili sa pasalitang pangungusap ng babaeng Kristo at sagayun ay nagiging "isang matagumpay," at makapapasok siya sa Kaharian na itatatag sa mundo ng babaeng Kristo. (Mula sa isang artikulo tungkol sa kulto na isinulat ng "China para kay Hesus").[44]

► Paano natin nalalaman na si Hesu-Kristo at ang Salita ng Dios ay kinakailangan pa rin para sa Kristiyano?

[44] Ihinula ng Biblia ang mga taong tatanggi sa katotohanan at sisikaping hatiin ang iglesya (Judas 17-19).

**Ang Iglesya ng Makapangyarihang Dios (Kidlat sa Silangan) ay nag-aangkin ng pagiging tunay na Kristiyanismo. Inaangkin nila na lahat ng ibang iglesya ay huwad. Ngunit kung nauunawaan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng kanilang mga doktrina, hindi nito pinaniniwalaan ang ebanghelyo ayon sa Kasulatan at hindi siya isang Kristiyano.**

> "Ang mahalagang paksa ng pagtatalo sa katuruan ng pagbabayad-sala ay: ang kamatayan ni Cristo ay ang pagsisikap na makuha, nagbibigay-kakayahang dahilan ng pagliligtas. Nagiging posible ang kaligtasan para sa atin dahil sa kamatayan ni Cristo.
> - Thomas Oden
> (The Word of Life, 347-348)

*Ngayon bumalik at basahin nang sama-sama ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Eastern Lightning/Kidlat sa Silangan. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa ng mga ito sa grupo.*

## Paggamit sa Handbook ng Doktrina

*Ang lahat ng mga doktrina sa listahan sa ibaba ay itinatanggi ng Eastern Lightning/Kidlat sa Silangan.* Tingnan sa Handbook ng Doktrina upang makita ang kahalagahan ng bawat doktrina at ang patunay para dito. Tiyakin na nauunawaan mo kung paanong ang mga reperensiyang talata ay nagpapatunay sa doktrina.

(5) Si Hesus ay Dios.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Dios.

(8) Ang Dios ay Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagbabayad-sala ni Kristo.

(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

## Pag-eebanghelyo

Bagaman ang marahas, imoral at mapanlinlang na mga estratehiya ng kultong ito ay ginagawa itong tila isang teroristang organisasyon, marami sa kanilang mga tagasunod ang hindi nakakaalam ng tungkol sa mga ginagawa ng kanilang mga tagapanguna. Espesyal na sa mga bansang iba kaysa sa China, ang mga taong nahikayat ng kulto ay maaaring hindi pinaniniwalaan ang mga akusasyon laban sa kanila. Samakatuwid, mahalaga para sa isang Kristiyano na makatugon sa kanilang mga doktrina.

Hindi maaaring ang isang taong lubusang nakikibahagi sa kulto at naniniwala sa kanilang mga doktrina ay isang Kristiyano. Samakatuwid, mayroon silang kagutumang espirituwal na hindi natutugunan. Dapat ang maging prayoridad ng isang Kristiyano ay ang ibahagi ang ebanghelyo sa kanila.

Maraming tao ang umanib sa Eastern Lightning/Kidlat sa Silangan dahil sa takot. Dapat nating ipangaral na ang katapatan sa katotohanan ay higit na mahalaga kaysa anumang kundisyon sa mundo. Alam din natin na ang kaharian ng Dios ay magtatagumpay.

**Espesyal na Babala: Huwag Ninyong Tatalikuran ang Kristiyanismo Ayon sa Kasaysayan.**

Ang Kristiyanismo mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan ay nagkaroon na ng dakilang iba't-ibang paniniwala. Gayunman, ang pundasyong mga doktrina tungkol sa kalikasan ng Dios at ang kalikasan ni Kristo ay itinatag at ipinagtanggol ng iglesya sa lahat ng panahon. Ang mga unang konseho na kumakatawan sa lahat ng iglesya ay sumulat ng mga pangungusap ng doktrina ayon sa Biblia, at lahat ng iglesyang nangangaral ng ebanghelyo ay itinuring ang mga doktrinang ito na pinakamahalangang kinakailangan. Ang mga iglesyang biblikal ay talagang mukhang magkakaiba sa isa't-isa, at hindi nagkakasundo sa maraming bagay, subali't sila ay nagkakasundo sa ilang tiyak na mahahalagang doktrina.

May mga kulto na nagsasabi na lahat ng ibang iglesya maliban sa kanilang sarili ay mali sa mga pangunahing doktrina at hindi mga tunay na Kristiyano. Hindi sila nagkakasundo hindi lamang sa maliliit na doktrina, kundi sa mga doktrina na kinakailangan para sa ebanghelyo. Itinatanggi nila ang mga bagay na nagbubukod sa mga Kristiyano mula sa ibang mga relihiyon. Ang isang kulto na itinatanggi ang mahahalagang kinakailangan sa Kristiyanismo ay ibang relihiyon at hindi dapat angkinin na sila ay Kristiyano.

Kapag sinasabi ng isang kulto na ito ang tama at ang lahat ng ibang iglesya ay mali, kailangan nating matanto kung ano ang nais nilang ipahiwatig. Sinasabi nila na ang mga sinaunang konseho na kumakatawan sa lahat ng iglesya ay mali. Sinasabi nila ang milyong bilang ng mga Kristiyano na nabuhay sa lahat ng panahon ay mali. Sinasabi nila na ang mga makadios na tao na ating kilala bilang halimbawa ni Kristo ay mali. Sinasabi nila na ang lahat ng lalaki at babae sa buong mundo na nagmahal sa Dios, nanalangin, sumamba, nagpatotoo sa biyaya ng Dios, nagtiis ng pag-uusig, sumunod sa Biblia, at nagbahagi ng ebanghelyo, lahat ay mali. Sinasabi ng kulto na ang lahat ng ito ay mali maging sa pinakapangunahing katotohanan na ginagawang Kristiyano ang isang tao.

Kung tama ang kulto, hindi pinili ng Dios na gabayan ang kanyang iglesya sa pangunahing katotohanan ng ebanghelyo sa nakaraang mga siglo. Kung tama ang kulto, kataka-taka na ang mga sinsero at makadios na mga tao sa lahat ng lugar ay patuloy na tinatanggihan ang kanilang mga doktrina. Totoo na ang mga organisasyong pangrelihiyon ay maaaring maging makasanlibutan, makapangyarihan, at hindi tunay na interesado sa katotohanan, ngunit ang mga makadios at espirituwal na mga tao sa mga iglesya sa lahat ng lugar ay patuloy na pinanghahawakan ang pangunahing katotohanang biblikal.

## Isang Patotoo

Umanib si Lia sa kultong EasternLightning/Kidlat sa Silangan dahil iniisip niya na sila ay mga Kristiyano, subalit makalipas ang ilang panahon ay napagtanto niya na hindi nila pinaniniwalaan ang Biblia o si Hesus. Nagpasya siyang umalis, ngunit pinalo nila ang kaniyang mga binti ng isang tubong bakal, kung kaya't hindi siya makalakad. Sinabi nila na papatayin nila siya kapag siya ay umalis. Makalipas iyon, nagawa niyang makatakas sa tulong ng isang Kristiyano. Nasa isang iglesya siya ngayon at hinahanap ang tulong ng Dios. Lumpo pa rin siya dahil sa mga pinsalang tinamo niya mula sa Eastern Lightning.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Basahing muli ang 2 Timoteo 3. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag ng mensahe ng talata na ito para sa isang tagasunod ng Eastern Lightning. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Sikaping hanapin ang pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa ganitong grupong pangrelihiyon. Ang kultong ito ay maaaring hindi umiiral sa bansa kung saan ikaw ay nag-aaral. Kung hindi, ipahayag ang materyal sa ibang tao at kunin ang kanilang tugon. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na nagkaroon ka. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at ibigay iyon sa inyong tagapanguna sa klase.

# Leksiyon 7
# Teolohiya ng Kasaganahan

## Unang Pakikipagharap

Pinanonood ni William si Benny Hinn sa telebisyon. Ikinuwento ni Hinn ang tungkol sa kanya at sa isa pang mangangaral na nagkaroon ng gawain ng pagpapagaling. Sinabi niya na napakaraming tao ang gumaling at iniwan ang kanilang wheelchairs kung kaya't ang mga wheelchairs na walang laman ay naiiwan lamang sa daan. Nag-iisip si William kung ang mga ganoong himala ay tunay na nangyayari at kung ang mga ito ay tanda ng tunay na Kristiyanismo.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin ng malakas ang 2 Corinto 11. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng Kasulatan. Ano ang mga pagkakaiba ang nakikita natin sa talata na ito sa pagitan ng Kristiyanong pananampalataya at huwad na pananampalataya? Bilang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Teolohiya ng Kasaganahan

### Pasimula

Ang mga naniniwala sa teolohiya ng kasaganahan ay hindi nagkakaisa sa iisang organisasyon. Ang relihiyon ay tinatawag rin na "Kilusang ng Pananampalataya" o "Kilusan ng Salita ng Pananampalataya."

Ang mga ministeryo na batay sa teolohiya ng kasaganahan ay karaniwang sinimulan ng mga indibidwal na nakakuha ng atensiyon dahil sa hindi karaniwang doktrina at talentadong pangangaral. Ang bawat ministeryo ay itinatag sa isang taong nagiging relihiyosong celebrity. Halimbawa dito sina Benny Hinn, Kenneth Copeland, Morris Cerullo, Myles Munroe,at Kenneth Hagin.[45]

Maraming tao ang naniniwala na ang mga tagapagturong ito ay nagpapanibago sa mga iglesya sa level ng kapangyarihang espirituwal na bihira pang nararanasan simula sa unang henerasyon ng iglesya. Sila ay mga charismatics, subali't nagtuturo sila ng mga bagong doktrina na hindi kumakatawan sa lahat ng charismatic at Pentecostal na mga Kristiyano.

Ang mga tagapagturo ng prosperity ay umaakit ng mga tao mula sa ibang mga iglesya. Sinasabi nila na ang bawat mananampalataya ay magiging mayaman at malusog kung matututuhan nila kung paano gagamitin ang pananampalataya.

[45] Ang ibang kabilang ay sina Oral Roberts, Frederick Price, Robert Tilton, Charles Capp, at John Avanzini.

Inaangkin nila na maraming himala ang nagaganap sa kanilang ministeryo, ngunit karamihan sa mga himala ay hindi nagtataglay ng mabuting ebidensiya. Ang mga taong nagiging mayaman ay iyong nakakukuha ng mga donasyon mula sa kanilang mga tagasunod.

► Sino ang mga halimbawa ng mangangaral ng teolohiya ng kasaganahan ang alam ninyo?

**Mga Doktrina ng Teolohiya ng Kasaganahan**

Binibigyang-diin ng mga tagapagturo ng teolohiya ng kasaganahan ang bagong rebelasyon, at marami sa kanilang mga doktrina ay wala sa Biblia.

Sila ay pinakakilala sa kanilang mga itinuturo tungkol sa pananampalataya, binibigyang-diin na ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng kalusugan at kayamanan. Ipinapangako nila na ang bawat tao ay maaaring gumaling. Sinasabi nila na plano ng Dios na ang bawat Kristiyano ay maging mayaman.[46]

Naniniwala sila na ang pananampalataya ay isang puwersang unibersal na maaaring gamitin ng tao, kung paanong ginagamit ito ng Dios.[47] Iniisip nila na magagamit iyon ng tao nang hindi dumidepende sa Dios at hindi kailangang sikapin na alamin ang kalooban ng Dios. Sinabi ni Hinn, "Huwag ninyong ipanalangin kailanman na masunod ang kalooban mo."[48] Sinabi ni Hagin, "Nananalangin ako sa paghingi sa aking mga karapatan."

Ang kanilang mga doktrina ay batay sa mga doktrina ng Dios na naiiba sa pangkasaysayang Kristiyanismo. Ang kanilang mga doktrina ay hindi lumilikha ng hindi nagbabagong sistema. Halimbawa, sinasabi nilang naniniwala sila sa Trinidad, ngunit nagpapahayag sila ng mga pangungusap na sumasalungat sa kanilang inaangkin.

Naniniwala sila na ang Dios Ama ay isang pisikal na tao na ginawa si Adan bilang kopya ng kanyang sarili. Naniniwala sila na ang pananampalataya ay ang hindi personang kapangyarihan at isang sangkap ng sanlibutan. Naniniwala sila na ginagamit ng Dios ang kapangyarihan ng pananampalataya upang lumikha at gumawa ng mga himala, at magagamit din natin iyon sa parehong paraan. Naniniwala sila na kung paanong nagsalita ang Dios upang umiral ang mundo, ang mga mananampalataya ay makapagsasalita rin upang ang mga bagay ay umiral.

---

[46] Binibigyan tayo ng babala nang Biblia na magkakaroon ng mga tagapagturo na ituturo lamang kung ano ang gustong marinig ng mga tao (2 Timoteo 4:1-4).

[47] Sinasabi sa atin ng Biblia na ang pananampalataya ang nagiging dahilan upang tayo ay maniwala sa Dios at hanapin kung ano ang kanyang ibinibigay (Hebreo 11:6).

[48] Nguni't sinabi sa atin ni Hesus na tayo ay dapat manalangin na masunod ang kalooban ng Ama. (Mateo 6:10).

Sinabi ni Kenneth Hagin na ang bawat mananampalatya ay halos isang muling pagkakatawang-tao katulad ni Kristo Hesus. Sinabi ni Kenneth Copeland na si Adan ay hindi halos katulad ng Dios, kundi isang eksaktong kopya nito. Binibigyang-diin nila na dahil ang mga tao ay mga kopya ng Dios, dapat nilang magawa kung ano ang ginagawa ng Dios. Sinabi ni Hagin na ang sinumang mananampalataya na may kaalaman sa Salita ay magagawang gapiin si Satanas sa impiyerno katulad ng ginawa ni Hesus. Sinabi ni Hagin na ang tao bago ang Pagkahulog sa kasalanan ay nagagawang tumayo sa harap ng presensiya ng Dios nang walang panganganino, at namuhay sa mga panuntunang kapantay sa Dios. Sinabi ni Copeland na ang tao ay hindi nilikha upang maging alipin ng Dios kundi bilang isang katuwang ng Dios.

"Kabilang sa mga kasalanang madalas gawin ng puso ng tao, walang mas hihigit pang kinamumuhian ang Dios kaysa sa pagsamba sa dios-diosan, dahil ang pagsamba sa dios-diosan ay nagmumula sa paninirang-puri sa kanyang karangalan….Ang isang dios na ipinaglihi sa lilim ng isang pusong nagkasala ay tila natural na maging hindi katulad ng tunay na Dios. Ang aiyong 'thoughtest', ang sabi ng Panginoon sa masamang lalaki sa Awit, 'Akala mo ako ay katulad mo.'"
- A.W. Tozer

Sinabi ni Benny Hinn na ang mananampalataya ay hindi kailangang dumipende kay Hesus dahil ang mananampalataya ay ang lahat ng bagay na si Hesus ngayon, sa nakalipas at sa darating pang panahon.

Naniniwala sila na ibinigay ng Dios ang awtoridad sa tao para pamunuan ang mundo, at ibinigay iyon ng tao kay Satanas. Naniniwala sila na walang magagawang anuman ang Dios sa mundo malibang bigyan siya ng pahintulot ng mga tao.[49] Naniniwala sila na hindi pag-aari ng Dios ang mundo o naghahari siya dito.[50]

► Ano ang pagkakamali sa pananaw sa Dios ng mga tagapagturo ng teolohiya ng kasaganahan? Ano ang mali sa kanilang pananaw sa pananampalataya?

### Pandaigdigang Pagkopya sa Relihiyon

Maraming bagong iglesya na may ebanghelyo ng kasaganahan ang nagsimula na sa iba't-ibang bansa. Marami sa kanila ang gumagaya sa mga bagay na kanilang nakita sa mga tagapagturong Amerikano sa telebisyon. Ang ilan ay gumagamit ng mga aklat at video mula sa mga mangangaral na nagtuturo ng teolohiya ng kasaganahan sa Amerika.

Kung minsan may mga bagong tagapanguna na nagsisimula ng kanilang sariling bagong denominasyon at sinisikap na magtayo ng kahariang pangrelihiyon sa kanilang sariling pagkatao. Ang kanilang grupo ay maaaring maging isang kulto sa pag-aangkin na mayroon silang bagong rebelasyon, kung kaya't maaari silang mag-alok ng mga bagay na hindi nagawa ng alinmang ibang iglesya.

[49] Sinasabi ng Biblia na ang Dios ang Hukom ng buong daigdig at kumikilos dito.(1 Samuel 2:10).
[50] Sinasabi ng Biblia na ang mundo at lahat na narito ay pag-aari ng Dios. (Awit 24:1).

**Inaangkin ng mga tagapagturo ng teolohiya ng kasaganahan na kinakatawan nila ang tunay na Kristiyanismo. Nguni't kung nauunawaan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng doktrina ng teolohiya ng kasaganahan, magiging magkasalungat para sa kanya na paniwalaan rin ang ebanghelyo ayon sa kasulatan.**

*Ngayon sama-samang balikan at basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon sa teolohiya ng kasaganahan. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at mag-salit-salit sa pagbasa niyon sa grupo.*

**Pagtugon sa Teolohiya ng Kasaganahan.**

Sumulat si Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto upang itama ang maling pagkaunawa na mayroon sila tungkol sa buhay ng Kristiyano. Tingnan ang 1 Corinthians 4:8-13. Marami sa kanila ay masyadong mahirap bago naging mga Kristiyano. Inisip nila na dahil naging mga anak na sila ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya at mga espirituwal na mga kaloob, maaari na silang magsimulang magkaroon ng kayamanan at mataas na kalagayan sa mundo. Sinabi ni Pablo, "Kayo ay busog, kayo ay mayaman, namuno na kayo tulad ng mga hari." Alam natin na siya ay nagsasalita tungkol sa kanilang inaangkin at hindi sa katotohanan o reyalidad, dahil pagkatapos ay sinabi niya, "Ninais ko na sana nga ay naghari kayo, kung kaya't maaari kaming maghari kasama ninyo." Nagpatuloy pa siya sa pagsasabi na maging ang mga apostol bilang mga tagapanguna sa iglesya ay nagdanas ng kahirapan at nagkaroon ng mababang kalagayan sa mundo. Bagaman nagkaroon sila ng dakilang pananampalataya at espirituwal na mga kaloob, kung minsan sila ay naguguton, walang matirhan, at nagtrabaho upang suportahan ang kanilang mga sarili. Ang pananampalataya ay hindi garantiya ng kayamanan.

Sa ibang talata, ipinaliwanag ni Pablo na lahat ng nilikha ay patuloy na nagdurusa bilang resulta ng sumpa sa kasalanan. Tingnan ang Roma 8:22-23. Ang lahat ng nilikhang nabubuhay ay nagdurusa at nagsisikap upang mabuhay. Sinabi niya na maging ang mga Kristiyano ay patuloy na pisikal na nagdurusa at naghihintay sa panahon na ang kanilang mga katawan ay tutubusin. Bagaman tayo ay ligtas, gayunman hindi lahat ng resulta ng kaligtasan ay natapos na. Patuloy pa rin tayong magkakasakit, tatanda, at mamamatay hanggang sa makarating tayo sa langit. Kung minsan ang Dios ay nagpapagaling, nguni't hindi tayo binibigyan ng garantiya na maaari tayong mamuhay nang libre sa lahat ng pisikal na mga suliranin.

Itinala ng Hebreo 12 ang buhay ng maraming bayani ng pananampalataya. Natupad nila ang mga dakilang bagay dahil pinaniwalaan nila ang mga pangako ng Dios at sinunod nila ang Dios. Isa sa mga patunay ng kanilang pananampalataya ay ang kanilang kakayahang pagtiisan ang mahihirap na panahon dahil sa kanilang katapatan sa Dios. Hindi lamang napagtiisan nila ang pag-uusig mula sa mundo, napagtiisan nila ang pangangailangan. Marami sa kanila ang walang tirahan at nagkulang sa pagkain at pananamit (Hebreo 11:37-38). Hindi nila pinagtiisan ang mga ito dahil wala silang pananampalataya, kundi dahil mayroon silang pananampalataya. Maluwag sa kanilang loob na mawala sa kanila ang lahat sa mundo para sa kanilang relasyon sa Dios.

► Ano ang ilan sa mga ebidensiya ayon sa Biblia na ang pananampalataya ay hindi naggagarantiya ng kayamanan?

Nagbigay-babala ang Biblia laban sa pag-ibig sa pera. Tingnan ang 1 Timoteo 6:6-10. Ang taong nagsisikap na yumaman ay mahuhulog sa mga espirituwal na patibong at magwawakas sa maraming kapighatian. Ang pag-ibig sa pera ang nagbubunga ng lahat ng uri ng kasamaan. Dapat tayong masiyahan sa mga kinakailangan.

Inaakit ng teolohiya ng kasaganahan ang mga makasalanan sa pamamagitan ng mga layuning makasanlibutan sa halip na tawagin sila na magsisi.

Ang teolohiya ng kasagahanan ay hindi nagbigigay ng makatotohanang pananaw na Kristiyano patungkol sa pagdurusa ng tao.

Lumilikha ang teolohiya ng kasaganahan ng mapagmataas na saloobin na walang respeto sa ibang mga iglesya, matatandang Kristiyano, at maging sa Dios.

Nagbibigay ang teolohiya ng kasaganahan ng mga pangakong hindi naman ginawa ng Dios, na nagdudulot ng pagkabigo at pagkawala ng pananampalataya.

Ang ebanghelyo ayon sa Biblia ay isang mensahe ng pag-asa sa taong nakakaalam na siya ay nagkasala at nagnanais ng kapatawaran at kapayapaan sa Dios. Ang relasyon sa Dios ay nagsisimula sa pagsisisi at pagpapasakop ng ating kalooban. Ang Kristiyano ay namumuhay sa araw-araw na pagsunod sa Dios, pagpapakumbaba, at pagsuko sa kalooban ng Dios. Inaanyayahan tayo ng Dios na dalhin ang lahat ng pangangailangan sa kanya sa panalangin, ngunit kailangan natin tanggapin ang kanyang kalooban sa bawat sitwasyon. Ipinapangako ng Dios na ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kanyang kontrol at gagawin niya ang lahat ng bagay para sa ating kabutihan, subali't hindi niya ipinapangako na aalisin niya agad ang lahat ng paghihirap.

Ang Panalangin ng Panginoon ay isang halimbawa ng saloobing Kristiyano. Sumasalungat ito sa saloobin ng mga tagapagturo nang teolohiya ng kasaganahan na nag-aangkin para sa kanilang sarili ng kapangyarihan at karangalan. Tingnan ang Panalangin ng Panginoon sa Mateo 6:9-13. Makikita natin na sa panalanging ito ang prayoridad ay ang kaharian at kaluwalhatian ng Dios, at ang lahat ay dapat ipailalim sa kanyang kalooban.

> "Ngunit kung ang sinuman ay nagsasabi sa Espiritu, 'Bigyan mo ako ng pera' o ibang bagay na katulad nito, hindi mo siya dapat pakinggan. Ngunit kung sinasabi niya sa iyo na magbigay alang-alang sa ibang nangangailangan, huwag hayaan ang sinuman na husgahan siya."
> - Didache
> (mula sa Unang Siglo ng Iglesya)

> "Kataka-taka na ang mga taong nagpapahayag na sila ay Kristiyano ay mag-iisip na kung may espiritung makasanlibutan, mga kasamang makasanlibutan, at ang kanilang mga buhay ay ginagabayan ng mga makasanlibutang tuntunin, na sila ay makatatagpo ng pabor ng Dios o kaya'y makakarating sa kaharian ng langit!"
> - Adam Clarke
> (Christian Theology, 252)

► Paano dapat maiba ang saloobin ng isang Kristiyano patungkol sa paggaling at pera sa ipinapakitang saloobin ng mga tagapagturo nang teolohiya ng kasaganahan?

## Paggamit sa Handbook ng Doktrina

Inaangkin ng mga tagapagturo ng teolohiya ng kasaganahan na naniniwala sila sa isang Dios at sila ay sumasamba kay Hesus bilang ang Anak ng Dios na tumupad sa ating kaligtasan. Gayunman, ang kanilang mga tagapanguna ay nagsasabi na ang tao ay isang kumpletong kopya ng Dios at magagawa kung ano ang ginagawa ng Dios. Upang bigyang diin ang pagiging katangi-tangi ng Dios at ni Hesus, gamitin ang seksiyon mula sa *Handbook ng Doktrina*:

(2) Mayroon lamang iisang Dios.

(9) Ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan ng pagtubos ni Kristo.

Ang kanilang mga doktrina ng pananampalataya ay batay sa kanilang pananaw sa Dios bilang isang tao na gumagamit ng pananampalataya. Ito ang nagbibigay sa kanila ng dahilan upang isipin na magagawa rin iyon ng tao. Tingnan ang *Handbook ng Doktrina* para sa

(3) Ang Dios Ama ay hindi isang tao.

## Isang Patotoo

Si Anne ay isang bulag nang siya'y magsimulang dumalo sa isang sambahan na naniniwala sa mga katuruan ng "kilusan ng pananampalataya." Sinabi nila sa kanya na angkinin ang perpektong paningin sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi siya gumaling. Sinabi nila sa kanya na hindi sapat ang kanyang pananampalataya. Sinabi nila sa kanya na mayroong bagay na mali sa kanyang buhay at nakapipigil upang maganap ang kalooban ng Dios sa kanyang buhay. Pinanghinaan siya ng loob, nawala ang kanyang kasiyahan, at tumigil siya maging sa pananalangin. Sa paglipas ng panahon, napagtanto niya na sinisikap lamang ng mga tao sa iglesya na ipagtanggol ang kanilang teolohiya. Nais nila siyang gumaling, hindi para sa kaniyang kapakanan, kundi dahil hindi siya umaayon sa kanilang teolohiya. Napagtanto niya na hindi siya iniwan ng Dios, at ipinasiya niya na mananatili siyang nananangan sa kaligayahan niya sa kanyang relasyon sa Dios.

## Pag-aaral sa Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang 2 Corinto 11. Sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag ng mensahe ng talata na ito para sa tagasunod nang teolohiya ng kasaganahan. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi kung ano ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa pangrelihiyong grupong ito. Ang mga iglesyang nangangaral ng teolohiya ng kasaganahan ay mayroong iba't-ibang pangalan, ngunit sila ay mga tagasunod ng mga manunulat na katulad ng mga nabanggit sa leksiyong ito. Maghanda na ibahagi sa inyong mga kamag-aral ang tungkol sa pakikipag-usap ninyo. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at ipasa iyon sa tagapanguna ng inyong klase.

# Leksiyon 8
# Apocalyptic Cults
# Mga Kulto sa mga Huling Araw Ayon sa Pahayag

## Unang Pakikipagharap

Bibisita si Pierre sa isang iglesya nang makita niya ang isang malaking karatula: "Araw ng Paghuhukom, May 21, 2011. Tinitiyak ito ng Biblia!" Nag-isip si Pierre kung ano ang dapat niyang gawin kung totoo ang mensahe. Tila wala nang dahilan para pag-aralin pa ang kanyang mga anak, o tapusin ang kanyang bahay, o bayaran ang mga pagkakautang niya. Inisip niya kung dapat ba niyang ipagkaloob ang lahat ng kanyang pera sa iba upang tumulong sa pagpapalaganap ng mensahe.

## Pag-aaral sa Kasulatan – Unang Bahagi 1

*Sama-samang basahin nang malakas ang Marcos 13. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata sa Kasulatan. Ano ang mga babala na ibinigay ni Hesus sa talata na ito? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang naisulat ninyo.*

## Mga Kulto sa mga Huling araw Ayon sa Pahayag

### Introduksiyon sa Mga Kulto sa mga Huling araw Ayon sa Pahayag

Daan-daan ang mga kulto sa mga Huling Araw ayon sa Pahayag. Marami silang iba't-ibang uri at iba't-ibang pangalan. Madalas ang mga ito ay sinisimulan ng isang taong nagsasabi na mayroon siyang bagong rebelasyon tungkol sa hinaharap. Ang ilan sa kanila ay nananatili lamang sa maikling panahon, may kaunting miyembro, at ang iba naman ay nagiging malaking grupo. Ang ilan sa mga organisasyon na tinalakay sa ibang seksiyon ng kursong ito ay nagtataglay ng mga katangian ng mga kulto sa mga huling araw ayon sa Pahayag. Halimbawa, sa ilang pagkakataon, ang Saksi ni Jehovah ay gumawa ng propesiya upang mahikayat ang kanilang mga miyebro, nguni't ang mga propesiya ay hindi nagkatotoo.

> "Sa likod ng nagbabantang hitsura ng isang kinabukasang tila mas masama habang palapit tayo ng palapit doon, nakikita natin ang Dios na naghahari sa lahat at ang kanyang kalooban ang sa wakas ay siyang mangyayari."
> - W.T. Purkiser
> (Ang Dios, ang Tao, at Kaligtasan, 198)

### Bakit Umiiral ang mga Kulto sa mga Huling Araw Ayon sa Pahayag

Maraming tao ang may pakiramdam na ang mundo ay dumarating sa isang panahon ng krisis na siyang babago sa lahat ng bagay na alam natin na siyang normal. Ang krisis ay maaaring ilarawan ayon sa ekonomiya, kapaligiran, digmaan, pampulitika, o pangkultura.

> "Interes ni Satanas na magpakilala ng mga mapagkunwari at masasamang tao sa mga lipunang pangrelihiyon, upang pawalang halaga ang gawain ng Dios at paboran ang kanyang sariling mga disenyo."
> - Adam Clarke
> (Teolohiyang Kristiyano, 345)

Maraming bagong nobela at sinehan ang naglalarawan sa isang kathang-isip na huling araw na nagaganap sa pamamagitan ng pandaigdigang salot, o digmaang nuklear, o isang higanteng meteor na tatama sa mundo. Sa mga kuwentong ito, karamihan sa mga tao sa mundo ay namatay, at ang mga nakaligtas ay pumapasok sa isang panahon kung saan ang buhay ay lubusang iba sa anumang kanilang nalalaman.

Dahil sa takot na ito at sa inaasahan, ang mga tao ay humahanap ng sagot kung paano haharapin ang hinaharap. Gusto nilang malaman kung ano ang aasahan at kung paano paghahandaan ito.

May mga tao na naghahanap ng mga pangrelihiyong paliwanag. Nagiging interesado sila sa mensahe ng isang kulto ayon sa pahayag. Ang isang kultong sinimulan ng isang tao na nag-aangkin na siya ay isang propeta na sa pamamagitan ng rebelasyon ay makapagpapaliwanag kung ano ang mangyayari sa hinaharap at kung ano ang dapat na ginagawa natin.

Umiral na sa lahat ng panahon ang mga kulto sa mga Huling araw ayon sa pahayag. Ang isang nagpahayag na siya ay propeta na nagngangalang Montanus ang nabuhay sa ikalawang siglo ng iglesya at gumawa ng mga prediksiyon tungkol sa malapit nang dumating na kaharian ng Dios at ang wakas ng sistema ng mundo. Sa buong panahon ng kasaysayan ng iglesya, maraming tao ang nagpahayag na alam nila ang oras nang pagbabalik ni Kristo upang itatag ang kanyang kaharian at hukuman ang masasama. Milyon ang bilang ng mga tao na nalinlang at nabigo.

► Ano ang mga halimbawa ng mga kulto sa mga huling araw ayon sa pahayag ang iyong nakita o narinig?

Ang mga tagapanguna ng mga kulto sa mga huling araw ayon sa pahayag ay hindi tumutugon sa mga krisis ng panahon sa paraang Biblikal, bagaman inaangkin nila na sila ay Kristiyano at gumagamit ng Biblia. Sa ibaba ay ang ilang katangian ng karamihan sa mga kulto sa mga huling araw ayon sa pahayag.

### Mga Katangian ng Kulto sa Mga Huling Araw ayon sa Pahayag

### (1) Nagtatakda sila ng mga espesipikong petsa para sa mga prediksiyon.

Maaari silang gumawa ng prediksyon tungkol sa ikalawang pagdating ng Panginoon. Maaari silang gumawa ng prediksyon tungkol sa katapusan ng mga pamahalaan sa mundo. Maaari silang gumawa ng prediksyon tungkol sa isang kalamidad na wawasak sa masasamang tao sa mundo. Maaari silang magbigay ng espesipikong petsa kung kailan ito ay inaasahang mangyayari. Kapag ito ay nabigong maganap, sinasabi nila na ang kanilang prediksiyon ay

may ibang kahulugan. Maaari silang magtakda uli ng ibang petsa. [51] Karaniwan, gumagawa rin sila ng maraming maliliit na prediksiyon na hindi rin nagkakatotoo. Sinasabi ng Biblia na kung ang prediksiyon ng isang tao ay hindi nagkakatotoo, hindi siya dapat pagkatiwalaan bilang isang propeta (Deuteronomio 18:22).

**(2) Mayroon silang bagong interpretasyon ng Kasulatan.**

Nagbibigay sila ng kahulugan sa ilang tiyak na talata sa Kasulatan na walang sinumang nakaisip sa nakaraan. Ang kahulugan ay isang bagay na hindi mapatutunayan mula sa Kasulatan mismo. Ang nagpapahayag na propeta ay nagsasabi na ang kahulugan ay inihayag sa kanya sa pamamagitan ng rebelasyon, kaya't ito'y nagiging isang bagong rebelasyon at hindi pagpapakahulugan. Ito ay maling paggamit ng Biblia dahil sinasabi nila na itinuturo ng Biblia ang kanilang mga ideya, ngunit ang katotohanan sila ay dumidepende sa bagong rebelasyon upang dagdagan ng kahulugan ang Biblia na wala doon. Ang mga taong naniniwala sa mensahe ay ang mga taong nagpasya na pagtiwalaan ang propeta. Hindi nila sinusunod ang awtoridad ng Biblia kundi ang awtoridad ng tagapanguna sa kulto.[52]

**(3) Hinihingi nila ang mga gawaing hindi Kristiyano.**

Hinihingi nila sa kanilang mga miyembro ang ugaling hindi pa kailanman naging tipikal sa Kristiyanismo.[53] Maaari nilang hingin ang pagbubukod ng sarili mula sa lipunan at normal na pamumuhay. Mayroon silang salungat na saloobin laban sa mga kaaway at maaaring hikayatin din na gumawa ng karahasan. Maaari silang gumamit ng puwersa laban sa kanilang mga miyembro at kanilang mga pamilya. Kapag sila ay napunta sa gulo dahil sa kanilang mga ikinikilos, tinatawag nila itong pag-uusig. Naniniwala silang ang Dios ay mamamagitan sa mahimalang paraan bilang tugon sa kanilang radikal na pananampalataya. Ang ilan sa mga kulto sa mga huling araw ayon sa pahayag ay nagwawakas sa pagpapakamatay.

**(4) Ihinihiwalay nila ang kanilang mga miyembro mula sa iba pang pakikipag-ugnayan.**

Ang mga kulto sa mga huling araw ayon sa pahayag ay hinihiling sa kanilang mga miyembro na ibigay ang lahat ng kanilang pag-aari sa organisasyon. Ang mga miyembro ay sama-samang naninirahan sa isang compound at hiwalay sa mga kaibigan at mga kamag-anak na hindi kasapi ng kulto. Maaari silang turuan na ituring na lahat ng nasa labas ay kanilang mga kaaway. Ang mga tagasunod sa pangwakas ay nabibigo dahil ang pagsasamahan ay

[51] Sinabi ni Hesus na walang sinuman ang nakakaalam ng oras ng kanyang muling pagbabalik (Mateo 24:36).
[52] Sinasabi ng Biblia na ang Kasulatan ay hindi para sa mga indibidwal upang bigyan nila ng kanilang sariling kahulugan. Kinasihan ng Dios at kinontrol ang proseso ng pagkasulat nito upang ito ay mangahulugan kung ano ang nais sabihin ng Dios (2 Pedro 1:20-21).
[53] Inilalarawan ng Tito 3:1-5 ang pag-uugali na dapat taglayin ng isang tipikal na Kristiyano.

hindi nakabatay sa katotohanan at hindi maaaring maging tunay na pagsasamahang Kristiyano.[54]

► Ang tanong na ito ay nagpapakilala sa susunod na seksiyon: Anong kasamaan ang nagawa ng mga kulto sa mga huling araw ayon sa pahayag?

**Mga Epekto ng Mga Kulto sa mga huling araw ayon sa Pahayag**

Ang mga kulto sa mga huling araw Ayon sa Pahayag ay mapaminsala sa ilang dahilan.

(1) Inaakit nila ang mga tao mula sa mga iglesyang Kristiyano patungo sa huwad na doktrina.

(2) Binibigo nila ang kanilang mga tagasunod at nagiging dahilan upang sila'y lubusang mawalan ng kanilang pananampalataya.

(3) Inaangkin nilang sila ay mga Kristiyano, ngunit mayroong hindi Kristiyanong mga gawain o pamumuhay na sumisira sa reputasyon ni Kristo.

(4) Nagagawa nilang mag-alinlangan ang mga tao sa kasulatan tungkol sa kaharian ng Dios at ang pagbabalik ni Kristo.

**Ang Tugon ng Kristiyano sa Pandaigdigang Krisis**

Nagsasalita ang Biblia tungkol sa mga ganitong pagkakataon. Ang mga kasulatan katulad ng aklat ni Daniel at at aklat ng Pahayag ay isinulat sa panahon ng isang walang katiyakang hinaharap, kaguluhan sa lipunan, pandaigdigang digmaan, at pag-uusig. Ang mga iyon ay pagkakataon na sumubok sa pananampalataya ng mga taong naniniwala sa Dios. Tila ang lahat ng bagay ay wala na sa kaayusan at lahat ng mabubuting bagay ay mawawasak.

Ang dakilang tema ng propetikong mga Kasulatan ay: Ang Dios ang kumukontrol at sa wakas ay magtatatag ng kanyang kaharian at magbibigay ng gantimpala sa matuwid.[55] Pinatototohanan ng Biblia na magiging mahirap ang mga panahon at tila maghahari ang kasamaan sa loob ng ilang panahon. Tinatawag ang mga mananampalataya na manangan sa kanilang pananampalataya sa Dios at matapat na mamuhay sa kabila ng mga kundisyon sa mundo. Kung paanong ang mga kasulatan ay inilapat sa mga panahong iyon, mailalapat din ang mga iyon kahit sa ibang panahon kung kailan ang pananampalataya ay katulad na sinusubok.

> "Siya [si Hesus] ay muling darating, nang may kaluwalhatian, upang hukuman ang mga nabubuhay at mga patay: na ang kaharian ay walang hangganan."
> - Ang Credo ng Nicene

Ang aklat ng 2 Tesalonica ay isinulat sa mga Kristiyano na umaasa sa pagbabalik ni Hesus at sa malapit na pagdating ng araw ng paghuhukom ng Dios. Naririnig nila sa mga taong

[54] Ipinanalangin ni Hesus na tayo ay manatili sa mundo ngunit naiiba mula dito nang katulad niya. (Juan 17:14-16).
[55] Daniel 2:44, 4:34, 6:26, 7:27, Pahayag 1:7, 6:15-17, 11:15, 17:14, 19:11-21.

nagsasabi na nalalaman nila na ang mga pangyayari ay malapit nang maganap (2 Tesalonica 2:2). Nalilito sila kung ano ang dapat sana nilang ginagawa.

Inilarawan ni Apostol Pablo ang ilang pangyayari na magaganap sa maikling panahon bago ang pagbalik ni Kristo, kabilang dito ang paghahari ng tinatawag na “ang lalaki ng kasalanan” at “ang anak ng kapahamakan ng kaluluwa” (2:3)

Ang espesyal na mahalagang makita natin ay ang pagwawakas na mga direksiyon ni Pablo sa mga mananampalataya sa talatang 15-17. Sinabi niya sa kanila na maging matatag at magpatuloy sa pagsunod sa mga bagay na itinuro sa kanila. Hindi nila dapat iwan ang mga pangunahing prinsipyo ng buhay Kristiyano dahil sa anumang pangyayari na maaaring dumating. Sa talatang 12 ipinanalangin niya na itatag sila ng Dios para sa bawat mabuting salita at gawa.

Kahit na kung malapit na ang katapusan ng mundo, hindi ito isang pagkakataon upang talikuran ang mga prinsipyo ng pamumuhay Kristiyano. Ang mga bagay na mula pa sa simula ay pinakamahalaga na ay siya ring magiging pinakamahalaga hanggang sa katapusan. Dapat tayong mag-ebanghelyo sa mga naliligaw, manangan sa tunay na doktrina, mamuhay nang may kabanalan, makisama sa mga mananampalataya, gumawa ng mabuti sa iba, at magpakita ng pag-ibig sa lahat ng tao.

► Ano ang pinakamahahalagang bagay na dapat tandaan kung tayo ay nabubuhay sa mga huling araw?

*Ngayon bumalik kayo at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa mga Kulto sa Mga Huling Araw Ayon sa Pahayag. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa ng mga iyon sa grupo.*

### Pag-eebanghelyo

Ang unang prayoridad kapag nakikipag-usap sa isang miyembro ng isang kulto sa mga huling araw ayon sa Pahayag ay ang tiyakin na tunay nga niyang nauunawaan ang ebanghelyo. Maaari mong isipin na ang isang miyembro ng kulto ay naniniwala sa mga doktrina ng Kristiyanismo at nagdagdag lamang ng ilang partikular na mga propesiya, ngunit ang kulto ay sa katotohanan ay sumasalungat sa mga pangunahing mga doktrina.

Kasunod nito, mahalagang maipakita sa kulto kung paanong sila ay nahiwalay sa pangkasaysayang Kristiyanismo. Ituro ang mga pagkilos at katuruan na marahil ay hindi tinanggap ng mga taong makaDios sa iglesya sa paglipas ng mga siglo.

Ituro ang katotohanan na itinuturo ng Mateo 24:36 na ang oras ng pagbabalik ni Kristo ay hindi nakahayag.

Ituro na ang kanilang pagbibigay-kahulugan sa mga hula sa Kasulatan ay nakabatay lamang sa kanilang pagtitiwala sa kanilang tagapanguna at hindi sa normal na mga prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan.

Ituro na sinasabi sa atin ng Deuteronomio 18:22 na ang isang tao ay hindi dapat pagtiwalaan bilang isang propeta kung kahit man lang isa sa kanyang mga propesiya ay magkamali.

## Isang Patotoo

Si Cindy ay lumaki sa isang pamilyang kasapi ng Saksi ni Jehovah. Bilang isang bata, naniwala siya na ang mga katuruan sa kingdom hall ay direktang nagmumula sa Dios. Isang gabi ang mga tagapanguna ay tumawag ng isang espesyal na pagpupulong. Ipinahayag nila na ang Armageddon ay magaganap sa taong 1975. Iyon ay pitong taon pa sa hinaharap. Nang gabing iyon umiyak si Cindy dahil sa takot kung ano ang mangyayari sa kanyang pamilya kapag nangyari ang Armageddon. Sa sumunod na ilang taon ang kanyang pamilya at iba pa ay masikap na nagtrabaho para sa kulto. Naniwala sila na kaunting panahon na lamang ang natitira. Ang mga babasahin ng kulto ay naglathala ng mga larawan ng mga bata, mga may gulang, at matatanda na nawawasak sa Armageddon. Sa huling araw ng 1975, maraming tao ang natulog na umaasa na ang wakas ay darating sa gabing iyon. Nang magising si Cindy nang sumunod na umaga, namangha siya na ang lahat ng bagay ay gayun pa rin. Hindi na muling pinag-usapan ng kanyang mga magulang ang tungkol sa propesiya. Sa paglipas ng panahon, unti-unti nang tumigil si Cindy sa pagdalo sa mga pagtitipon ng kulto, nguni’t hindi niya nalalaman kung saan hahanapin ang katotohanan. Pagkalipas ng maraming taon, nakilala ni Cindy ang isang lalaking nagpaliwanag sa kanya ng kaligtasan, at siya ay naligtas.

## Pag-aaral sa Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang Marcos 13. Bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa tagasunod ng kulto ayon sa pahayag. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi kung ano ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Lahat ng Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon upang maipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong naging pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang pag-uulat at ibigay iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Leksiyon 9
# Hinduismo

## Unang Pakikipagharap

Si Bobby ay lumaki sa isang pamilyang Hindu at nakikibahagi sa lahat ng mga kaugaliang pangrelihiyon. Noong bata siya ay araw-araw siyang nagdadasal. Sinsero siya, ngunit nakaramdam siya ng espirituwal na kahungkagan. Bumasa si Bobby ng mga sinulat na Hindu upang sikaping mas maunawaan ang kanyang sariling relihiyon. Itinuro sa kanya na hindi mahalaga ang mga pinaniniwalaan dahil ang lahat ng relihiyon ay daan patungo sa Dios. Nais niyang makakita ng tunay na katotohanan na mag-aakay sa kanya sa Dios, ngunit nag-iisip siya kung tunay bang umiiral ang gayung klase ng katotohanan.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin ng malakas ang Isaias 46. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng Kasulatan. Anong paghahambingng pagkakaiba ang ginagawa ng talata na ito sa pagitan ng Dios at ng mga dios-diosan? Pasulatin ng isang listahan ng mga pahayag ang bawat mag-aaral. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## Hinduismo

### Introduksiyon sa Hinduismo

Ang relihiyon ng Hinduismo ay nagsimula sa India sa panahong mas maaga pa kaysa alinmang kasaysayan ang magsasabi. Walang indibidwal na tagapagtatag ang Hinduismo at walang organisasyon na kinalalagyan ng lahat ng tagasunod. Mayroong mahigit sa bilyon ang bilang ng mga Hindu, ngunit sila ay nagtataglay ng maraming iba't-ibang paniniwala. Maraming Hindu ang nagsasagawa ng ilan lamang sa mga kaugalian ng relihiyong Hindu.

> "Ang ideya na ang Dios ay walang hanggan sa katalinuhan ay nasa ugat ng lahat ng katotohanan. Ito ay isang batayan ng sukat ng paniniwala na kinakailangan para sa katumpakan ng lahat ng ibang paniniwala tungkol sa Dios."
> - A.W. Tozer
> (The Knowledge of the Holy, 66)

Naniniwala ang mga Hindu na ang kanilang relihiyon ay nagmula sa sinaunang mga Indian na kasulatan na tinatawag na *Vedas*. Ang *Vedas* ay binubuo ng daan-daang volumes ng mga kasulatan.

Walang pahayag na pandoktrina na kumakatawan sa lahat ng pinaniniwalaan ng mga Hindu tungkol sa Dios. Karamihan sa mga Hindu ay naniniwala sa maraming dios na may personalidad at gumagawa kapwa ng mabuti at masama. May mga Hindu na sumasamba sa iisang dios bilang pinakamataas. Tinatawag na *Shiva* ng ilang Hindu ang pinakamataas


na dios; ang ibang Hindu ay may ibang pangalan at paglalarawan sa kanilang pinakamataas ng dios. Si *Shiva* ay may asawa at mga anak. Si *Shiva* ay gumagawa ng kapwa mabuti at masama. May mga tumatawag kay *Shiva* na manlilikha, ngunit hindi nila ibig sabihin na ang mundo ay nilikha sa isang partikular na panahon. Naniniwala sila na ang sanlibutan ay lagi nang umiiral.

"Naniniwala ako sa Dios Amang Makapangyarihan sa lahat, Lumikha ng langit at ng lupa."
- Ang Kredo ng mga Apostol

Gumagamit ang mga Hindu ng maraming dios-diosan na kumakatawan sa mga dios at espiritu na kanilang sinasamba.[56]

Kahit nagsasalita ang mga Hindu tungkol sa isang pinakamataas na dios, hindi nila ibig sabihin ang parehong bagay na ipinakakahulugan ng mga Kristiyano kapag tinutukoy nila ang Dios. Naniniwala ang mga Kristiyano na ang Dios ay ang ultimong katotohanan at persona na Manlilikha ng mundo. Sinasabi ng mga Hindu na naniniwala sila sa isang dios, ngunit hindi ito isang dios na nag-iisip o nakikipag-ugnayan, maliban sa pamamagitan ng iba't-ibang dios na nagkaroon na ng pisikal na anyo.[57]

Naniniwala ang mga Hindu na mayroong pangunahing reyalidad na nagsimula sa mundo. Tinatawag ng ilang Hindu ang pangunahing reyalidad na Brahman. Naniniwala sila na lahat ng bagay na umiiral ay bahagi ng Brahman. Naniniwala sila na si Brahman ay ang kaluluwa o kinakailangang sarili sa bawat bagay na nabubuhay.[58] Maaari rin nilang sabihin na sila ay naniniwala sa isa lamang na dios, ngunit ang ibig nilang sabihin ay: ang lahat ng bagay na umiiral ay iisa, at ito ay dios.[59]



► Ano ang ilang pagkakaiba sa konsepto ng Dios ng mga Kristiyano at mga Hindu?

Inaangkin ng mga Hindu na pinahihintulutan nila ang lahat ng relihiyon. Mayroon silang kasabihan na "Ang lahat ng katotohanan ay iisa." Sinasabi nila na maraming daan patungo sa layunin, kahit ang iba't-ibang relihiyon ay may iba't-ibang konsepto tungkol sa buhay na dapat ipamuhay ng isang tao at ang layunin na dapat niyang sikaping maabot. Hindi nila ipinakakahulugan na "ang lahat ng katotohanan ay iisa" sa parehong kaisipan na ang lahat ng katotohanan sa iba't-ibang relihiyon ay makatwirang magkakasang-ayon sa isa't-isa. Ibig nilang sabihin na lahat ng katotohanan ay isang pagpapahayag ng ultimong reyalidad na hindi maaaring ilagay sa mga pangungusap.[60]

---

[56] Sinabi ni Jesus na dapat tayong sumamba tanging sa nag-iisa at tunay na Dios. (Lucas 4:8).
[57] Sinabi ni propeta Jeremias na lumikha ang Dios sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang mga salita, at lahat ng huwad na dios ay mapapahamak (Jeremias 10:9-12).
[58] Sinasabi ng Biblia na nilikha ng Dios ang lahat ng bagay ayon sa kanyang utos. Siya ay bukod mula sa mga bagay na ginawa niya. (Genesis 1:1).
[59] Image by Ganesh Chaturti from Unsplash, retrieved from https://unsplash.com/photos/Mawa0oZ3YKs.
[60] Sinabi ni Aspostol Pablo na isa sa mga pangunahing tungkulin ng isang pastor ay ang pagtuturo ng doktrina. Ang lahat ng relihiyon ay hindi pare-pareho. (1 Timoteo 1:3-6).

Naniniwala ang mga Kristiyano na kahit na ang Dios ay mas higit kaysa maaari nating maunawaan, nagpahayag na siya ng ilang tunay na pangungusap tungkol sa kanyang sarili. Kung ang isang relihiyon ay sumasalungat sa katotohanang ipinahayag ng Dios tungkol sa kanyang sarili, sagayun mali ang relihiyong iyon.

> "Ang Kristiyano ay naniniwala sa tao, ang walang hanggang halaga ng isang indibidwal na tao, at ang di matutumbasang halaga na maaaring matupad sa pamamagitan ng nakatutubos na biyaya ng Dios."
> - W.T. Purkiser
> (Exploring Our Christian Faith, 204)

Naniniwala ang mga Hindu sa muling pagkabuhay. Naniniwala sila na ito ang muling kapanganakan ng kinakailangang sarili ng isang tao patungo sa iba't-ibang anyo ng buhay nang maraming pagkakataon.[61]

Naniniwala ang mga Hindu sa karma. Ang karma ay isang sistema kung saan ang mabubuting mga gawa ay nagdadala ng mabuting resulta sa kasalukuyang buhay ng tao at sa buhay sa hinaharap at inihahanda rin ang tao upang muling ipanganak sa mas mabuting mga kalagayan sa susunod na pagkakataon. Ang karma ay isang natural na batas ng sanlibutan, hindi batay sa mga batas na ipinatutupad ng anumang dios, at hindi pinamamahalaan ng alinmang dios.[62]

Ang layunin ng Hindu ay magkaroon ng kalayaan mula sa paulit-ulit na muling pagkakatawang-tao tungo sa isang walang hanggang kundisyon na tinatawag na nirvana. Inilalarawan ng ilang Hindu ang kundisyong ito bilang walang hanggang pag-iral ng sarili, habang ang iba naman ay tinitingnan ito bilang paglipat tungo sa pagiging Brahman, tulad ng isang patak ng tubig na pumapatak sa dagat.[63] Maraming Hindu ang naniniwala na ang isang tao ay tumitigil sa pag-iral bilang isang indibidwal na may kamalayan kapag siya ay lumilipat na sa pagiging Brahman.

Naniniwala ang mga Hindu sa walang katapusang paikot-ikot na panahon, na walang simula, walang katapusan, at walang mga pangyayaring permanenteng bumabago sa mga bagay.

► Ano ang ilan sa mga pagkakaiba sa pagitan ng konsepto ng nirvana ng mga Hindu at ng konsepto ng langit ng mga Kristiyano?

Naniniwala ang mga Hindu na ang sinumang dakilang tagapanguna na nagbibigay ng benepisyo sa mga tao ay maaaring maging isang dios sa paglipas ng panahon. Ang bawat tao ay pagpapakilala ng Brahman, ngunit ang isang dios ay isang tao na nagpapakilala ng Brahman nang higit kaysa sa iba.

---

[61] Sinasabi ng Biblia na ang tao ay minsan lamang mamamatay at pagkatapos ay pupunta sa paghuhukom sa harap ng Dios. (Hebreo 9:27).

[62] Sinusunod ng Kristiyano ang batas ng Dios at mayroon siyang personal na relasyon sa Dios. (Awit 119:1).

[63] Ang layunin ng Kristiyano ay ang mabuhay nang walang hanggan sa isang personal na relasyon sa Dios sa langit. (Pahayag 22:3-4).

Naniniwala ang mga Hindu na si Hesus ay isang tao na nagsagawa ng mga prinsipyo ng Hinduismo at isang dakilang tagapagturo katulad ng iba na nabuhay sa ibang panahon. Hindi sila naniniwala na siya ang natatanging Anak ng Dios.

### Pagkakasala at Kapatawaran

Ayon sa Hinduismo, ang bawat aksiyon ay bibigyang gantimpala o parurusahan ng karma. Ang isang tao ay may kasalanan kapag gumagawa siya ng anumang bagay na makasasama sa kanya o sa iba. Mararanasan niya ang mga resulta sa kanyang buhay sa kasalukuyan o sa buhay sa hinaharap. Maaari niyang balansehin ang masasamang aksiyon ng mabubuting aksiyon upang makakuha ng mas mabuting mga bunga. Pinaniniwalaan nila na walang kapatawaran.

### Paraan ng Pamumuhay ng Hindu

Ang mga taong lubusang tumalikod sa mundo ay hindi lilikha, maghahanda o mag-iimbak ng pagkain. Dapat silang manghingi ng kanilang pagkain araw-araw. Ang iba ay nakadepende sa mga kamag-anak; ang iba naman ay palipat-lipat sa mga bahay para mamalimos.[64]

Maraming Hindu ang kumakain ng gulay lamang. Kung kabilang doon sa mga kumakain ng karne, sila ay hindi kumakain ng karne ng baka dahil yumuyukod sila sa mga baka. Ang pagkain ay iniaalay sa mga dios-diosan bago iyon kainin, maging sa mga bahay.[65]

Ang mga Hindu ay may detalyadong sining at arkitektura sa kanilang templo, mga kasuutan, at personal na mga palamuti na may kahalagahang pangrelihiyon.

Naniniwala ang mga Hindu na dapat nilang pangalagaan nang pantay ang lahat ng anyo ng buhay. Naniniwala sila na dapat pangalagaan ng tao ang isang kawawang aso kung paanong inaalagaan niya ang kanyang anak. Naniniwala sila na walang relasyon ang dapat magbigay sa isang tao ng mga damdamin tungkol sa pangangailangan ng iba. Naniniwala sila na ang pangangalaga sa iba dahil sa isang relasyon ay maling motibasyon. Naniniwala sila na ang Brahman ay walang emosyon tungkol sa anumang bagay, na walang kalungkutan at walang kaligayahan. Ang isang Hindu ay inaasahang magsisikap na marating ang antas na iyon.

Kapag nagsasalita ang mga Hindu tungkol sa pantay na pangangalaga sa lahat ng tao, tila pareho ang kanilang ideya sa mga Kristiyano. Ang totoo hindi kailanman ito magkatulad. Naniniwala ang mga Kristiyano na dapat nilang mahalin ang iba tulad ng pagmamahal nila sa kanilang sarili. Ang mga Hindu ay naniniwala na hindi ka dapat magkaroon ng malasakit sa iba o sa iyong sarili.

---

[64] Ang pinakamabuting halimbawa ng sumusunod sa Hinduism at hindi nagtatrabaho para suportahan ang kanilang mga sarili, ngunit sinasabi ng Biblia na ang isang tao ay hindi dapat dumepende sa iba at tumanggi na magtrabaho. (2 Tesalonica 3:10).

[65] Sinasabi ng Biblia na ang lahat ng karne ay pinahihintulutan. (1 Timoteo 4:3-4).

Para sa isang Hindu, ang pagbubulay-bulay ay nangangahulugan na magkaroon ng lubos na kontrol sa iyong sariling isip, kaya't walang kaisipan ang dumarating nang wala kang pahintulot. Ang kanilang pagsamba ay nakadisenyo upang alisin ang laman ng isip. Iyon ang dahilan kung bakit sila gumagamit ng paulit-ulit na tunog at salita at mga ehersisyo. Ang layunin ay magawang walang anumang bagay na iniisip. Ang yoga ay nagsimula bilang isang sistemang Hindung ehersisyo upang bakantehin ang isipan.

Nananalangin sila sa mga dios-diosan bilang paraan upang ituon ang isipan. Kapag ang isang Hindu ay nakatupad ng lubos na pagtuon, hindi na niya kakailanganin ang mga dios-diosan at hindi na niya kakailanganing manalangin. Hindi sila direktang nananalangin sa Brahman.

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon sa Hinduismo. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa sa mga iyon sa grupo.*

### Pag-eebanghelyo

Dahil hindi naniniwala ang mga Hindu sa Biblia, ang paggamit ng mga teksto ng pagpapatunay upang pabulaanan ang kanilang mga paniniwala ay hindi magbabago sa kanilang mga isip. Sa halip, ipahayag mo ang ebanghelyo ayon sa Biblia sa paraang tinutugunan nito ang kanilang pangangailangan. Ang personal na patotoo ng Kristiyano ng relasyon sa Dios ay makakatulong upang hipuin ang pangangailangan ng Hindu na makilala ang Dios.

Ang Dios, ang Manlilikha, at Tagapagtaguyod ng mundo'y isang persona na nag-iisip at nagsasalita, na salungat sa Brahman ng mga Hindu.

Ang Dios ay matuwid at mapagmahal, at walang masamang bahagi ang kanyang kalikasan. Palagi siyang mapagkakatiwalaan, salungat sa mga dios-diosan ng Hindu na may makasariling motibo at di pagkakasundo sa kanilang sariling karakter.

Minamahal ng Dios ang sangkatauhan at nilikha Niya tayo na may layunin ng pamumuhay na may relasyon sa kanya. Mayroon siyang disenyo para sa ating mga buhay at isang plano para sa atin na mamuhay nang kasama siya sa langit magpasawalang hanggan. Ang bawat isa sa atin ay maaaring personal na makilala ang Dios bilang Ama.

Ang mga tao ay indibidwal na nahiwalay sa Dios dahil sila ay nagkasala laban sa kanyang kalooban. Ang bawat tao ay indibidwal na huhukuman ng Dios para sa kasalanan. Ito ay naiiba sa konsepto ng Hindu ng hindi personal na karma na kumikilos bilang batas ng kalikasan.

Si Hesus ay dumating bilang pagkakatawang-tao ng Dios upang mamatay bilang sakripisyo para mapatawad tayo sa ating mga kasalanan. Ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng relasyon sa Dios sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran batay sa sakripisyo ni Hesus.

Sa pamamagitan ng kapatawaran nagkakaroon tayo ng personal na relasyon sa Dios na nagmamahal sa atin at nangako na aampunin tayo bilang kanyang mga anak, sa halip na sambahin ang malayo, walang malasakit na mga dios-diosan na wala namang pangako para sa atin.

## Isang Patotoo

Nang unang may makausap na Kristiyano si Bobby, nasaktan siya sa ideya na mayroon lamang iisang daan patungo sa Dios. Nang basahin niya ang mga talinhaga ni Hesus sa Biblia, namangha siya kung paano ang mga ito ay nakaangkop sa kanyang buhay. Pinag-aralan niya ang mga pagsasaliksik tungkol sa pagiging tumpak ng Biblia, at naniwala siya na ang Biblia ay tunay na naingatan mula sa orihinal na pagkasulat nito. Isang araw napanood niya ang isang pelikula tungkol sa pagpapako kay Kristo. Nagdesisyon siya na ilagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo. Sinabi ni Bobby, "Kung ang Kristiyanismo ay isa lamang sa maraming magkakapantay na balidong relihiyon, sagayun ang mga sakripisyong aking ginawa, kabilang ang pagkawala ng kapayapaan ng aking pamilya, ay walang kabuluhan. Ako ay komportable sa aking pananampalatayang Hindu at nasisiyahan sa aktibong buhay sa pananalangin; unti-unti lamang akong nakaramdam ng kahungkagan at katigasan ng loob na tanggihan ang pagtawag ng Dios mula sa loob ng iglesya. Ang Katotohanan at Pag-ibig ang sa wakas ay pumilit sa akin na tanggapin si Kristo bilang Panginoon."

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang Isaias 46. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang Hindu. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Takdang – Aralin para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa grupong pangrelihiyong ito. Maghanda upang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang pakikipag-usap mo. Isulat ang iyong 2-pahinang pag-uulat at ipasa iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Leksiyon 10
# Buddhismo

## Unang Pakikipagharap

Si Yeo ay lumaki sa isang pamilya Buddhist sa Pilipinas. Naaalala niya ang mga pagkakataon na hindi ligtas ang magtungo sa palengke dahil pinapatay ng mga Muslim ang mga Buddhists dahil sa kanilang relihiyon. Kung minsan sumasama si Yeo sa kanyang ina. Pumupunta sila sa Buddhist temple upang magsunog ng insenso. Isang araw ang kanyang kapatid na babae ay may sakit at malapit nang mamatay. Naroon ang isang doktor ngunit hindi naman ito makatulong. Nagngangalit sa galit na nagdasal ang kanyang ina kay Buddha upang tulungan siya nito.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Genesis 3. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng Kasulatan. Ano ang sinasabi sa atin ng talata na ito tungkol sa Dios, sa tao, sa kasalanan at sa mundo? Pasulatin ng listahan ng mga pahayag ang bawat mag-aaral. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Buddhismo

### Ang Pinagmulan ng Buddhismo

Ang Buddhismo ay itinatag ni Siddhartha Gautama. Walang nakasulat tungkol sa buhay ni Siddhartha Gautama hanggang 400 taon pagkatapos niyang mamatay, kaya't ang mga detalye tungkol sa kanyang buhay ay hindi natitiyak.

Si Gautama ay isinilang mga 563 B.C. Siya ay anak ng isang hari sa isang maliit na parte sa India. Bilang isang kabataang lalaki tinakasan niya ang kanyang mga tagapangalaga upang lumabas at tingnan ang mundo. Nakita niya ang mga tao sa kahirapan at karamdaman, at napagpasyahan niya na ang buhay ay kalungkutan at paghihirap.

> "Sa mismong mga unang pahina, tinatanggihan na ng Biblia kapwa ang philosophical pantheism (ang pagtuturo na ang Dios at ang buong sanlibutan ay iisa) at deism (ang teoriya na sinimulan ng Dios ang pagkilos ng sanlibutan at iniwan niya ito sa hindi sariling batas pagkatapos. Ang Dios at ang kanyang sanlibutan ay hindi iisa. Ito ang kanyang likhang-kamay. Sa kabilang banda, hindi iiral ang sanlibutan nang hiwalay sa makasining at nagtataguyod na kapangyarihan."
> - W.T. Purkiser
> (God, Man, and Salvation, 55)

Nagkaroon ng karanasan si Gautama na sinabi niyang siyang nagbigay-kaliwanagan sa kanya tungkol sa kalikasan ng reyalidad. Ang

salitang *Buddha* ay nangangahulugang "naliwanagan." Si Gautama ay madalas na tinatawag na "ang Buddha."[66]

### Muling Pagkakatawang-tao

Si Gautama at karamihan sa mga tao sa kanyang kultura ay naniniwala na sa muling pagkakatawang-tao bago pa man niya itinatag ang kanyang bagong relihiyon. Ang muling pagkakatawang-tao ay nangangahulugan na ang isang tao ay muling nabubuhay bilang isa pang tao o isa pang nilikha tulad ng isang hayop o insekto. Sa pamamagitan ng muling pagkakatawang-tao ang isang tao ay nabubuhay ng maraming beses.

Kapag karamihan sa ginawa ng isang tao sa kanyang buhay ay mabubuti, nagkakaroon siya ng karma, Sa pagkakaroon ng sapat na karma, maaari siyang isilang sa mas mabuting buhay sa susunod na pagkakataon.[67]

Dahil ang buhay ay sobrang kaawa-awa, naramdaman ni Gautama na ang mabuhay ng maraming beses ay hindi isang mabuting bagay. Naniniwala siya na ang isang tao ay dapat magkaroon ng layunin na makatakas sa paulit-ulit na muling pagkakatawang-tao.

Ang isang seryosong Buddhist ay sumusunod sa pamamaraan ng buhay ng Buddhist upang alisin sa sarili ang lahat ng mga pagnanasa. Kung siya ay magtatagumpay, hindi niya nanaisin o maliligayahan sa anuman o alinmang relasyon ng mga tao.[68] Kapag siya ay namatay, papasok siya sa nirvana sa halip na muling ipanganak bilang isa pang nilalang na may buhay.

► Paano naiiba ang konsepto ng perpektong buhay ayon sa Buddhismo sa konsepto ng Kristiyano?

Ang nirvana ay nangangahulugan ng pagiging wala, ang katapusan ng sarili, tulad ng pag-ihip sa isang kandila.

Naniniwala ang mga Buddhists sa walang katapusang cycle ng panahon, na walang simula, walang katapusan, at walang pangyayaring nakapagpapabago nang permanente sa mga bagay.[69]

Hindi naniniwala ang Buddhismo sa isang pinakamakapangyarihang Dios na isang persona. Naniniwala sila sa sukdulang kamalayan na siyang kabuuan ng lahat ng bagay na umiiral. Samakatuwid, ang mga Buddhist ay nagbubulay-bulay, ngunit hindi sila nananalangin, dahil hindi sila naniniwala na mayroong isang Dios na nagsasalita at nakikinig. Ang mga Buddhists

---

[66] Sinasabi ng Biblia sa atin na huwag magtiwala sa mensahe mula sa espiritu na hindi kumikilala kay Kristo Hesus. Hindi totoo ang kaliwanagan na tinanggap ni Gautama (1 Juan 4:3).
[67] Sinasabi ng Biblia na ang ating mga gawa ay hindi nakakakuha ng pagtanggap ng Dios o mababayaran ang ating mga kasalanan. (Roma 3:20).
[68] Para sa Kristiyano, ang mga relasyon ng tao ay napakahalaga at nagdudulot ng kagalakan (1 Tesalonica 3:12)
[69] Sinasabi ng Biblia na mayroong mga susing pangyayari at ang panahon ay hindi laging magpapatuloy tulad ng kalagayan nito ngayon. (Pahayag 10:6).

ay may mga kasulatan na tinatawag nilang panalangin, ngunit hindi ito tumutukoy sa kaninopaman. [70] Walang anumang klase ng dios ang mahalaga sa Buddhismo.

**Pangkasalukuyang Impluwensiya**

Sa kasalukuyan maraming iba't-ibang sekta ng Buddhismo. Hindi sila nagkakaisa sa isang pandaigdigang organisasyon.

Ang bilang ng mga nagsasabing sila ay Buddhist sa mundo na sinasadyang sinusunod ang mga kautusan ng Buddhismo ay humigit-kumulang sa 350 milyon. Ang bilang nga mga taong nagsasabing sila ay Buddhist dahil itinuro sa kanila iyon at hindi sila nagtatapat sa ibang relihiyon ay maaaring higit pa sa isang bilyon.

Maraming tao ang nagsasabing sila ay Buddhist ngunit sumusunod pa rin sa iba ibang katuruan at binabalewala ang iba. Maraming nagsasabing Buddhist ang hindi nakikilahok sa mga organisadong grupo.

Ang mga nakasulat na itinuturing na banal na kasulatan ng mga Buddhist ay makakapuno ng 1000's bilang ng volumes. Samakatuwid, ang bawat isang sekta ay nakatuon sa ilang piniling bahagi lamang, sa halip na sikaping pag-aralan ang lahat ng iyon.

> "Nandiyan talaga ang Diyos. Siya ay nariyan habang Siya ay naririto at sa lahat ng dako, hindi nakakulong sa isang puno o bato, ngunit malaya sa sansinukob, malapit sa lahat, sa tabi ng lahat, at sa pamamagitan ni Kristo Hesus na maaabot ng bawat mapagmahal na puso."
> - A.W. Tozer
> (The Knowledge of the Holy, 82)

► Paano naiiba ang pananaw ng isang Kristiyano sa Biblia kung ihahambing sa pananaw ng isang Buddhist sa kanyang mga kasulatan?

**Ang Apat ng Dakilang Katotohanan ng Buddhismo**

Ang mga paniniwalang itinuro ni Gautama pagkatapos na siya ay maliwanagan ay ibinuod sa Apat na Dakilang Katotohanan ng Buddhismo.

(1) Ang buhay ay puno ng kapighatian at paghihirap na walang tunay na kaligayahan.
(2) Ang paghihirap ay mula sa mga ninanasa dahil walang alinman sa ating mga ninanasa ang permanente.
(3) Ang paghihiwalay ng sarili mula sa mga ninanais natin ay ang paraan ng pagtakas sa paghihirap.
(4) Ang walong prinsipyo ng pag-uugaling Buddhist para sa buhay ang nagdadala sa tao patungo sa pagkakahiwalay mula sa lahat ng pagnanasa at sa nirvana.

► Mayroon bang alinman sa apat na dakilang katotohanan na maaaring sang-ayunan ng Kristiyano?

[70] Napakalaking pribilehiyo para sa nga Kristiyano na manalangin na mayroong katiyakan na pinakikinggan ito ng Dios (Mateo 6:6-8, 1 Juan 5:14-15).

## Mahihirap na Doktrina ng Buddhismo

Maraming tao ang tumatawag sa kanilang mga sarili bilang Buddhist dahil sinusunod nila ang ilang sa mga payo ng mga isinulat ng Buddhismo. Maaaring hindi nila naiintindihan ang pundasyong mga doktrina ng Buddhismo.

Kung minsan nagugustuhan ng mga tao ang konsepto ng muling pagkakatawang-tao dahil ang ibig sabihin nito, maaari silang mabuhay na maraming beses. Ngunit sa Buddhismo , hindi itinuturing na mabuting bagay ang muling pagkakatawang-tao dahil ang buhay ay miserable. Gayundin, ayon kay Gautama, ang (person's conscious self) may kamalayang sarili ng tao ay hindi muling isinisilang. Tanging ang ilang materyal o bahagi ng pagkalikha sa kanya ang ginagawang isang bagong nilalang. Nangangahulugan ito na ang kamatayan ay tunay na siyang katapusan ng isang personalidad.[71]

Sa orihinal na Buddhismo, ang isang tao ay walang posibilidad na marating ang nirvana sa dulo ng kanyang kasalukuyang buhay malibang siya ay isang mongheng Buddhist. Ang isang babae ay walang pagkakataong makarating sa nirvana hanggang siya ay muling ipanganak bilang isang lalaki at maging isang monghe.

Kung minsan iniisip ng tao na ang nirvana ay katulad ng konsepto ng langit ng Kristiyano. Ngunit sa Buddhismo, ang nirvana ay kawalang-kabuluhan. Kapag ang isang tao ay nakarating sa nirvana, hindi na siya iiral bilang isang nilikhang nag-iisip. Sinabi ni Gautama na ang pagsapit sa nirvana ay katulad ng isang kandila na hinihipan upang mamatay. Ang pangunahing layunin ng isang matapat na Buddhist ay ang marating ang nirvana.

Ayon kay Gautama, ang lahat ng pagdurusa ay dumarating dahil sa mga pagnanais. Kapag ang isang tao ay walang nanaisin, hindi siya magdurusa. Upang maging matapat na Buddhist, ang tao ay hindi dapat magbigay halaga tungkol sa ano mang relasyon ng tao at dapat matuto na huwag magkaroon ng kasiyahan sa ano pa mang bagay.

> "I believe in... one Lord Jesus Christ... by whom all things were made, who for us men and for our salvation came down from heaven... and was made man and was crucified for us."
> - The Nicene Creed

May isang kwento tungkol sa isang mongheng Buddhist na nagngangalang Sanamaji. Siya'y naging isang monghe at iniwan ang kanyang pamilya upang gugulin ang lahat ng kanyang panahon sa paggala-gala at pagbubulay-bulay. Minsan, natagpuan siya ng kanyang asawa, ibinaba nito ang kanyang anak sa harap niya, at hiniling sa kanya na tulungang siyang suportahan sila. Nanatiling nakaupo si Sangamaji, hindi kumikibo, hanggang sa sila ay umalis. Sinabi ni Gautama na narating na ng lalaking ito ang layunin ng Buddhismo dahil wala siyang naramdamang kaligayahan nang dumating ang kanyang asawa o kaya'y kalungkutan nang ito ay umalis.[72]


---

[71] Nagbibigay si Hesus ng buhay na walang hanggan para doon sa mga sumasampalataya sa kanya (Juan 10:28).
[72] Ang mga Kristiyano ay nagtatapat sa kasal bilang isang relasyon na nagdudulot ng kaligayahan (Efeso 5:28).

**Ang Paraan ng Pamumuhay ng Buddhismo**

Maraming tao na tinatawag ang kanilang sarili na mga Buddhist ay lumaki sa kultura ng Buddhismo at hindi pa kailanman seryosong napag-isipan ang anomang iba pa. Ang mga inaasahan ng relihiyon ang tila sa kanila ay ang tanging reyalidad. Ang mga ritwal ay bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay.

Ang isang taong naaakit sa Buddhismo mula sa ibang relihiyon ay karaniwang naaakit ng pilosopiya tungkol sa buhay ayon sa relihiyong ito. Hindi umaanib ang mga tao dahil nais nilang maabot ang nirvana. Umaanib ang mga tao sa Buddhism dahil ito ay tila nag-aalok ng buhay na malaya sa pag-aalala at kaguluhan. Maraming tao ang nakakaramdam na sa Buddhismo natagpuan nila ang kalayaan mula sa *stress* at ang kanilang buhay ay mas maayos kaysa sa nakalipas.



Binibigyang-diin ng Buddhismo ang buhay ng *virtue.* Naniniwala ang mga Buddhist na ang isang aksiyon ay virtuous kung ito ay nakabubuti sa iyo at sa iba, at hindi nakasasama sa kaninoman. Ang mga intensiyon ng isang tao ay itinuturing na mas mahalaga kaysa sa tunay na resulta ng kanyang mga ikinikilos.[73]

Ang mga mental at espirituwal ng mga pagsasanay na isinasagawa ng mga Buddhists ay nakadisenyo upang tulungan ang isang tao na kumilos palayo sa pagiging makasarili o nakatuon ang pag-iisip sa sarili lamang. Naniniwala ang mga Buddhists na ang lahat ng pag-aalala ay nagmumula sa pagpapahalaga nang labis tungkol sa sarili. Nais nilang kalimutan ang sarili at mahalin ang lahat ng sentient creatures (mga nilikhang mayroong pag-iisip). Ang problema ay kung walang relasyon sa Dios, walang magiging batayan ang pagtakwil sa sariling kagustuhan at pagmamahal.

► Bakit ang tao ay hindi maaaring maging tunay na walang pagpapahalaga sa sarili at mapagmahal nang walang relasyon sa Dios?

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon sa Buddhismo. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa ng mga iyon sa grupo.*

**Pag-eebanghelyo**

Dahil hindi ipinapahayag ng mga Buddhist na sila ay Kristiyano at hindi nila kinikilala ang Biblia bilang ang panghuling awtoridad, hindi sapat na ipakita lamang sa kanila na ang kanilang mga paniniwala ay hindi naaayon sa Biblia. Alam na nila na ang Biblia ay sumusuporta sa isang relihiyon na naiiba mula sa kanila.

---

[73] Image by Honey Kochphon Onshawee from Pixabay, retrieved from https://pixabay.com/photos/buddhists-monks-meditate-thailand-453393/.

Mahalaga pa rin at epektibo na ibahagi ang ebanghelyo. Kapag ikaw ay nakikipag-usap sa isang Buddhist, sabihin mo sa kanya na nais mong ipaliwanag ang pundasyon ng iyong mga pinaniniwalaan. Simpleng ibahagi ang ebanghelyo. Kahit na hindi angkinin ng Buddhist na pinaniniwalaan nila ang Biblia, ang katotohanan ng Dios ay may kapangyarihan dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu.

Dapat mo ring ibahagi ang iyong patotoo. Sabihin kung paanong ang ebanghelyo ay nagdala sa iyo sa relasyon sa Dios, dinala sa iyo ang kapatawaran at pagliligtas mula sa kasalanan, at nagbigay ng kahulugan sa iyong buhay.

Sa kabila ng mga pangunahing bahagi ng pagpapahayag ng ebanghelyo at personal na patotoo, maaari kang magsalita tungkol sa mga espesyal na pangangailangan ng Buddhist sa katotohanan ng ebanghelyo. Ang Buddismo ay nahihirapang ipaliwanag ang pagdurusa at kalungkutan ng buhay. Nabigo itong ipaliwanag ang katotohanan ng mabubuting mga bagay at ang kaligayahan na umiiral. Itinatanggi nito ang kahalagahan ng lahat ng bagay na tila mahalaga sa buhay, kabilang ang mga relasyon ng mga tao. Ito ay isang relihiyon na walang personal na Dios na may kaugnayan sa mga taong sumasamba sa kanya. Hindi ito nagbibigay ng walang hanggang buhay at makahulugang hantungan ng isang indibidwal.

**Naniniwala ang Buddhist na ang pagdurusa ay walang kahulugan at hindi tunay. Ito ay isang hindi nakasisiyang paliwanag.**

Ipinaliliwanag ng Kristiyanismo ang kundisyon ng pagdurusa sa mundo. Ang mundo ay nilikha ng Dios na perpekto, nguni't nagkasala ang tao at nagdulot ng sumpa sa mundo. Ito ang nagpapaliwanag sa pagtanda, pagkakasakit at kamatayan. Ang kasalanan ay naihahayag din sa patuloy na masasamang pagkilos ng mga tao.

**Naniniwala ang Buddhist na walang tunay na kaligayahan sa buhay, at samakatuwid wala tayong dapat naisin. Ito ay sumasalungat sa mga karanasan ng kaligayahan at kasiyahan na nararanasan ng mga tao, higit na nararanasan ito sa mga personal na mga relasyon.**

Ang katotohanan ng paglikha ng Dios ay nagpapaliwanag kung bakit mayroon pang kaligayahan at kasiyahan sa buhay, kahit na ang mundo ay hindi na perpekto katulad ng orihinal na disenyo ng Dios para dito.

Katulad ng mga Buddhist, napagtanto ng mga Kristiyano na ang mga bagay sa sanlibutan ay hindi permanente. Hindi tayo dapat mamuhay na tila ba tataglayin natin sa habang panahon ang anumang mayroon tayo ngayon. Gayunman, ang isang Kristiyano ay maaaring masiyahan sa buhay dahil nalalaman niya na siya ay mabubuhay sa walang hanggan kapiling ng Dios. Bagaman ang mga bagay ay hindi permanente, ang mga ito ay totoo, at ang ating mga pagpili ay may pangwalang hanggang resulta. Ito ang nagbibigay ng layunin at kahalagahan sa buhay ng tao.

**Naniniwala ang Buddhist na dapat niyang kalimutan ang lahat ng relasyon dahil ang mga ito ay walang kahulugan. Ngunit ang likas ng tao ay may malalim na pangangailangan sa matatapat na relasyon.**

Nilikha tayo ng Dios para sa mga relasyon sa ibang tao. Nagnanais tayo na pahalagahan tayo ng iba. Nais nating maging matapat sa iba. Ang mga relasyon ay espesyal na mahalaga dahil alam natin na ang lahat ng tao ay espesyal na nilikha bilang mga walang hanggang nilalang na may walang hanggang kahihinatnan.

**Ang Buddhismo ay isang relihiyon na walang Dios. Ngunit ang bawat isa sa atin ay may malalim na pangangailangan na makilala ang Dios at sambahin siya.**

Idinisenyo tayo ng Dios upang mamuhay nang may relasyon sa kanya. Ang isang tao ay hindi kailanman malulubos ang kasiyahan at masisiyahan hanggang sa magkaroon siya ng personal na relasyon sa Dios. Ang relasyon sa ating Manlilikha ay magiging pangwalang-hanggan, at sa langit ang lugar kung saan tayo mamumuhay kasama ng Dios.

## Isang Patotoo

Buong paghihinagpis na nanalangin ang ina ni Yeo upang pagalingin ni Buddha ang kanyang naghihingalong anak na babae, ngunit tila walang tulong na dumating. Pagkatapos naalala niya ang isang misyonerong Kristiyano na nagngangalang Wong na nangangaral malapit lang doon. Ipinasundo niya si Wong kay Yeo. Nang dumating si Wong, sinabi nito, "Huwag kang magdasal kay Buddha; manalangin ka kay Hesus." Nagsimulang manalangin si Wong, at ang batang babae ay gumaling. Naging Kristiyano ang nanay ni Yeo nang araw na iyon, at nang lumaon ay naging Kristiyano rin si Yeo.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon, muling basahin ang Genesis 3. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang Buddhist. Hayaan ang ilang mag-aaral na ibahagi sa iba ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong pakikipag-usap. Sumulat ng 2-pahinang ulat at isumite iyon sa tagapanguna ng inyong klase.

# Leksiyon 11
# Taoismo

## Unang Pakikipagharap

Lumaki si James sa isang pamilyang Taoismo sa Malaysia. Ang kanyang pamilya ay may mga dios-diosan at isang altar para sa pagsamba sa mga ninuno. Takot si James sa mga dios-diosan, ngunit nag-aalay siya sa kanila dahil natatakot siya na paparusahan nila siya kung hindi siya nag-aalay. Narinig na niya ang tungkol kay Hesus, ngunit iniisip niya na si Hesus ay dios para sa mga taga Kanluran lamang.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Awit 16. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata ng Kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito sa ginagawa ng Dios para sa kanyang bayan? Pagawain ang bawat mag-aaral ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Taoismo

### Introduksiyon sa Taoismo

Ang Taoismo ay maaaring sinimulan ng isang aklat na may pamagat na *Tao TeChing* na isinulat ng isang lalaki mula sa China na nagngangalang Laozi sa isang panahon bago 350 B.C. Hindi natitiyak kung si Laozi ay isang indibidwal o kung ang mga nasulat ay kinolekta mula sa ilang manunulat. Ang mga isinulat ng isang lalaking nagngangalang Zhuangzi ay nakaimpluwensiya rin sa relihiyon.[74]



Ang Taoismo ay tinatawag ring Daoismo.

Ang koleksiyon ng mga kasulatan para sa Taoismo ay binubuo ng mahigit sa 1,000 na aklat. Ang koleksiyon ay tinatawag na *Tao Zang*.

Ang mga ginagawa at konsepto ng Taoismo ay naimpluwensiyahan ng Confucianismo at mga aspeto ng lokal na relihiyon at kulturang Chinese. Malaki ang pagkakaiba-iba ng mga ginagawa ng Taoismo sa iba't-ibang lugar.

[74] Image by Julian Tong from Unsplash, retrieved from https://unsplash.com/photos/ng7f_jtgbCc.

Mahirap tantiyahin ang bilang ng mga Taoist dahil maraming tao ang indibidwal na nagsasagawa nito at dahil ito ay nakahalo sa iba't-ibang uri ng relihiyon. Tinataya na mayroong 400 milyon na Taoist sa Tsina. Umiiral ang Taoismo sa mga populasyong Tsino sa iba't-ibang bahagi ng mundo, katulad ng Singapore at Taiwan. Marami rin ang nasa Vietnam at Korea.

> "Sumasampalataya kami sa iisang Dios ang makapangyarihang Ama, lumikha ng langit at lupa, at sa lahat ng bagay, nakikita at hindi nakikita"
> - Ang Credo ng Nicene

> "Siya ito na hindi umaasa sa iba na malapit na nakikipag-ugnayan sa sannilikha, itong walang hanggan na sumusuporta at nangangalaga sa kawalang hanggan sa lahat ng antas, ito na napakalawak na nagmamalasakit sa buong cosmos at maging sa pinakamaliit na maya, siya na walang hanggan na bagbibigay at nagpapatuloy sa panahon at pansamantalang agos."
> - Thomas Oden

Maraming iba't-ibang paaralan at monasteryo para sa Taoismo ang umiiral, nguni't hindi nagkakaisa sa isang organisasyon. Ang mga Taoist ay nagsasagawa ng mga ritwal na naglalayon na impluwensiyahan ang mga dios at espiritu. Maraming monasteryong Taoist ang humihingi sa kanilang mga monghe na maging vegetarian(ang pagkain lamang ng gulay). Kabilang sa mga ritwal ang pagsasakripisyo ng baboy, bibe o prutas. Kung minsan nagsusunog sila ng espesyal na papel na may larawan, na ang ideya ay ang anumang bagay na nasa larawan ay nagiging isang tunay na bagay sa mundong espirituwal, lumilikha ng isang bagay na magagamit ng mga espiritu.[75]

►Paano dapat makisangkot ang isang Kristiyano sa mundo ng espiritu?

Iba't-ibang grupo ng mga Taoist ang naniniwala sa iba't-ibang pantheons ng mga dios-diosan. Naniniwala sila sa interaksiyon sa mga dios, espiritu, at mga ninuno.[76] Nagsasagawa sila ng panghuhula at iba't-ibang anyo ng pakikipag-ugnay sa espiritu o mas kilala na divination. May mga naniniwala sa mga medium, isang tao na sa pamamagitan nila ay nakikipag-ugnayan ang mga espiritu. Sa Tsina at iba pang lugar kung saan maraming Taoist, mayroon silang ilang parada taon-taon. Ang mga nakikilahok ay nagsusuot ng mga damit na kumakatawan sa iba't-ibang dios o espiritu.

Ang nakikilahok ay itinuturing na *nilulukuban* ng dios-diosan o espiritu na kinakatawan niya.[77]

Ang dios na namamahala sa mundo ay tinatawag na Yu-huang, ang Jade Emperor. Ayon sa alamat siya ay isang lalaking isinilang sa isang emperador, na lumaki bilang dios, na siyang kalagayan niya ngayon. Namamahala siya sa lahat ng ibang dios at espiritu. Bagaman si

[75] Sinasabi sa atin ng Biblia na huwag tayong gagamit ng mga bagay na ginagamit ng ibang relihiyon upang impluwensiyahan ang mundo ng mga espiritu. Ang Dios ay isang persona, at siya ang ating Ama, at maaari tayong makipag-usap sa kanya (Mateo 6:7-9).

[76] Sinasabi ng Biblia na ang mga sumusunod sa mga dios ay makatatagpo ng kalungkutan sa halip na ang mga bagay na nais nila (Awit 16:4).

[77] May mga relihiyon na itinuturing ang pagsanib ng espiritu sa isang tao bilang isang mabuting bagay, ngunit ipinapakita ng Biblia na ang isang taong ginagamit ng isang espiritu ay isang alipin at nangangailangan ng pagliligtas. (Mga Gawa 16:16-18)

Yu-huang ay ang namamahalang dios, sa itaas niya ay may isa pang dios, hindi nakikilahok sa mundo, na may absolute na katangian. Si Yuan-shih T'ien-tsun ay tinatawag na ang Unang Prinsipal, at pinaniniwalaang walang pinagmulan o katapusan, na umiiral bago pa man ang anumang iba pa. Pinaniniwalaan na siya ay umiiral sa kanyang sarili, walang limitasyon, hindi nagbabago, hindi nakikita, taglay ang lahat ng katangian, nasa lahat ng lugar, at ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan.

► Ano ang nawawala sa konsepto ng Taoist tungkol sa Dios?

Ang *Tao* ay ang salita ng Taoist para sa reyalidad na ibinibilang at sinusuportahan ang lahat ng umiiral. Ang terminong *Tao* ay isinasalin din bilang "ang daan" dahil ito ay tumutukoy sa paraan na ang mga bagay ay tinutustusan at muling hinuhubog.[78]

Naniniwala ang mga Taoists na ang Tao ay hindi maaaring ipaliwanag o maunawaan. Sinasabi nila na ang Tao ay hindi anumang bagay na maaaring sabihin tungkol sa Tao.[79]

► Paano naiiba ang teolohiya ng Kristiyano mula sa mga pangungusap ng Taoist tungkol sa Tao? Mauunawaan ba natin ang Dios?

Naniniwala ang mga Taoist na ang lahat ng salungat ay guni-guni lamang o simpleng maling aspeto ng reyalidad. Ang layunin ng Taoist ay dalhin ang kanyang sarili na naaayon sa mga elemento ng sanlibutan. Ang kanyang layunin ay pabutihin ang kanyang kalusugan at pahabain ang kanyang buhay. Ang taoist ay naniniwala na ang isang tao ay maaaring maging imortal kung siya ay perpektong aangkop sa mga elemento ng sanlibutan. [80]



Ang "Yin at Yang" na diagram ay naglalarawan sa konsepto ng Taoist na ang lahat ng magkakasalungat katulad ng mabuti at masama ay tunay na magkaiba panig ng reyalidad.

Naniniwala ang Taoist na mayroon nang nakatupad nito at dapat sambahin bilang dios.[81] Naniniwala ang mga Taoist na si Hesus ay isang taong espiritual na nakahihigit sa iba at ipinakita ang daan para sa mga tao upang maging dios.

Katulad ng mga Buddhists at Hindu, naniniwala ang mga Taoist sa walang katapusang cycles ng panahon, na walang simula, walang katapusan at walang pangyayari na permanenteng bumabago sa mga bagay. Hindi katulad ng Hinduismo at Buddhismo, hindi naniniwala ang Taoist sa sistema ng pagkakatawang-tao, karma at nirvana.

---

[78] Sinasabi ng Biblia na si Hesus ang siyang lumikha at nagtataguyod sa lahat ng bagay. (Colosas 1:16-17).

[79] Hindi natin mauunawaan ang lahat ng bagay tungkol sa Dios, dahil siya ay walang hanggan nguni't ipinahayag na niya sa atin ang katotohanan tungkol sa kanyang sarili. Dumating si Hesus upang ipakita sa atin kung ano ang katulad ng Dios (Juan 1:18, Juan 14:6-9).

[80] Image: "Traditional yin and yang with dots," by Klem, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Traditional_yin_and_yang_with_dots.png, public domain.

[81] Sinasabi ng Biblia sa atin na ang mga tao na nasa mas mataas na anyo pagkatapos ng kamatayan ay hindi dapat sambahin. (Pahayag 22:8-9).

*Ngayon bumalik sa naunang materyal at tingnan ang mga puntos na may marka. Ang bawat isa ay may footnote na may biblikal na katotohanan at reperensiya. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga talata at magsalit-salit sa pagbasa sa mga ito sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo

Dahil hindi naniniwala sa Biblia ang mga Taoist, ang paggamit ng mga tekstong patotoo upang pabulaanan ang kanilang mga paniniwala ay hindi makababago sa kanilang pag-iisip. Sa halip, ipahayag ang ebanghelyo ayon sa Biblia sa paraang tinutugunan nito ang kanilang pangangailangan. Ang personal na testimonya ng Kristiyano ng kanyang relasyon sa Dios ay makakatulong upang hipuin ang pangangailangan ng Taoist na makilala ang Dios.

Maaari tayong sumang-ayon sa ilan sa mga ethics ng Toism. Itinuturo nila na dapat mahalin ng mga tao ang kanilang kapwa, maging mahinahon, iwan ang pagiging makasarili, iwasang husgahan ang iba, at huwag maglayong yumaman.

Naniniwala sila na ang Tao ay ang pinagmumulan ng lahat ng bagay at matatagpuan sa lahat ng bagay. Naniniwala tayo na ang Dios ang Manlilikha ng lahat at matatagpuan sa lahat ng lugar. Ang pagkakaiba ay ang paniniwala natin na ang Dios ay isang persona na may pag-iisip at layunin, at tayo ay maaaring makipag-ugnayan at magkaroon ng relasyon sa kanya.

Naniniwala sila na ang Tao ay nangangalaga sa lahat ng nilalang. Naniniwala tayo na ang Dios ay kasangkot sa kanyang nilikha at nangangalaga siya dito, ngunit ginagawa niya ito nang may kamalayan, tulad ng isang Ama na nagmamahal sa atin.

Naniniwala ang Taoist na maaaring mayroong dios na may lubusang katangian na nakakaalam sa lahat ng bagay, nasa lahat ng lugar, at nagtataglay ng lahat ng katangian. Ito ay tumutugma sa paniniwala ng Kristiyano tungkol sa Dios, at maibabahagi natin sa kanila na siya ay ang Dios na lumikha sa tao sa kanyang sariling wangis para sa pagkakaroon ng relasyon. Ipaliwanag na ang Dios na hindi natin maabot ay umabot sa atin nang magkatawang-tao si Kristo. Ipaliwanag na tayo ay nahiwalay sa kanya dahil sa kasalanan, ngunit maaaring magkaroon ng relasyon sa kanya dahil kay Hesus.

Naniniwala ang mga Kristiyano na ang walang hanggan, lubusang Dios ay nangusap at ibinigay ang Biblia bilang ang nakasulat na anyo ng kanyang mensahe sa tao. Ialok na ibahagi ang ebanghelyo sa Taoist upang makapagpasya kung paniniwalaan niya o hindi na ito ay isang mensahe mula sa Dios.

*Nasa ibaba ang isang espesyal na tala ("Isang Nakakalitong Uri") kaugnay sa tatlong relihiyon na pinag-aralan natin. May isang dapat bumasa at magpaliwanag sa tala, pagkatapos hayaan ang mga miyembro ng klase na sabihin kung anong mga sanga ng mga relihiyong ito ang narinig na nila.*

## Isang Nakakalitong Uri

Maraming sanga ang Hinduismo, Buddhismo at Taoismo na may iba't-ibang pangalan. Halimbawa, ang Falun Gong ay isang relihiyon na batay sa tatlong ito, ngunit espesyal na galing sa Buddhismo. Tulad ng Falun Gong, ang isang kilusang pangrelihiyon ay maaaring magsimula sa isang indibidwal na tagapagturo na bumabago sa ilang bagay at itinuturo ang kanyang sariling paraan ng pagsasagawa sa relihiyon. Ito ay maaaring madaling mangyari dahil ang mga relihiyong ito ay walang malinaw na pagpapahayag ng kanilang pangunahing pundasyon ng mga paniniwala.

Malaki ang pagkakatulad sa isa't-isa ng mga tagasunod sa mga sanga ng silanganing mga relihiyon at hindi nila itinuturing ang kanilang sariling sanga bilang ang tanging tunay na relihiyon. Humihiram sila ng mga detalye mula sa ibang grupong pangrelihiyon.

Ang ilang sanga ay nagbibigay-diin sa pisikal na kalusugan o mga paraan ng pagharap sa mga kabigatan ng buhay. Maraming tao ang nagsasagawa ng pangkaisipan at pisikal na pag-eehersisyo para sa praktikal na benepisyo at hindi gaanong nag-iisip tungkol sa mga paniniwalang pangrelihiyon. Maaari rin nilang isipin na ang kanilang ginagawa ay hindi isang relihiyon. Gayunman, ang mga ginagawa ay batay sa teolohiya at cosmology na sumasalungat sa katotohanang biblikal.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang Awit 16. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa Taoist. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi kung ano ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyong ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Leksiyon 12
# Islam

## Unang Pakikipagharap

Si Danny ay isang kampeon sa heavy-weight na boksing. Sa isang pagbisita niya sa Turkey, narinig niya ang Islam na pagtawag upang manalangin, at lubha siyang naging interesado dito. Sinimulan niyang pag-aralan ang Islam at pakiramdam niya ito ang tamang relihiyon para sa kanya. Sinabi na niya noon na siya ay Kristiyano, nguni't ngayon ay nakumbinsi siya na mayroong mga mali sa Biblia.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin ng malakas ang 1 Juan 1. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito tungkol sa relasyon ng isang mananampalataya sa Dios? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## Islam

### Pinagmulan ng Islam

Ang Islam ang ikalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo, na may 1.5 bilyon na tagasunod. Buong mga bansa ang pinaghaharian ng mga prinsipyo ng Islam. Ang salitang *Islam* ay nangangahulugang "pagpapasakop," na tumutukoy sa pagpapasakop kay Allah. Ang isang tagasunod ng Islam ay tinatawag na Muslim. Ang salitang *Muslim* ay nangangahulugang "ang taong nagpapasakop." Tinatawag ng mga Muslim ang kanilang sarili na "mananampalataya," at tinatawag nila ang mga taong hindi Muslim na "hindi naniniwala sa relihiyon" (hindi mananampalataya).

Si Muhammad ang nagtatag ng relihiyon ng Islam. Nabuhay siya noong A.D. 570-632.

Inangkin ni Muhammad na tumanggap siya ng mga rebelasyon. Maraming tao ang sumulat tungkol sa kanyang mga rebelasyon, at ang mga ito ay inipon upang mabuo ang Koran matagal na panahon matapos na siya ay mamatay. Ang Koran ay hinati-hati sa mga seksiyon na tinatawag na *Sura*.

► Paano naiba ang pinagmulan ng Koran sa pinagmulan ng Biblia?

Ang relihiyon ni Muhammad ay nabubukod sa karamihan sa mga relihiyon sa kanyang paligid dahil ito ay monotheistic o ang paniniwala sa iisang dios at lumalaban sa pagsamba sa dios-diosan. Nalalaman niya ang tungkol sa Judaismo at Kristiyanismo, nguni't tinanggihan ang mga ito.

Nagmula si Muhammad sa isang mahirap na pamilya, ngunit nag-asawa ng isang mayamang biyuda. Nang ang asawang babae ay mamatay, nagkaroon pa siya ng labin-dalawang ibang asawa, kabilang ang asawa ng kanyang ampon na lalaki, matapos utusan ang kanyang anak na magdiborsiyo. Ayon sa Koran, ang mga lalaki ay limitado sa apat na asawa.

> "Sumasampalataya ako sa Dios Amang Makapangyarihan, Manlilikha ng langit at ng lupa; at kay Kristo Hesus, ang kanyang Bugtong na Anak, na ating Panginoon; siya ay ipinaglihi ng Banal na Espiritu, isinilang ni Birheng Maria."
> - Credo ng mga Apostol

Nang magkaroon ng sapat na tagasunod si Muhammad, kinontrol niya ang lungsod ng Medina, ngayon ay nasa modernong bansa ng Saudi Arabia. Pagkatapos ng ilang digmaan, nakontrol niya ang Mecca, at lumipat doon. Inatake at sinakop niya at ng kanyang mga tagasunod ang mga lugar sa kanilang paligid. Sa paglipas ng panahon nasakop nila ang ilang mga bansa at pinilit ang mga tao doon na maging Muslim.

Karamihan sa mga Muslim sa ngayon ay hindi marahas. Sinisikap nilang mamuhay nang mapayapa kasama ng kanilang hindi-Muslim na mga kababayan. Gayunman, may mga utos upang maging marahas sa Koran. Inuutusan ng Koran ang mga Muslim na atakihin at patayin ang mga sumasamba sa dios-diosan.[82] Sinasabi ng Koran na ang mga taong lumalaban sa Islam ay dapat patayin o kaya'y putulin ang kanilang mga kamay at paa.[83] Winasak ni Muhammad ang mga pamayanang Judio, pinatay ang mga lalaki at ibinenta ang kanilang mga pamilya sa pagkaalipin.

> "Ako ngayon ay lubusang kumbinsido na ang Kasulatan ay nagmula sa Dios katulad ng pagsikat ng araw. At ang kombiksiyong ito (tulad ng bawat mabuting kaloob) ay nagmumula sa Ama ng kaliwanagan."
> - John Wesley
> (Liham noong 1747)

► Paano naiba ang paglaganap ng Islam sa paglaganap ng Kristiyanismo?

**Mga Paniniwala ng Islam**

Ang pinakainuulit na paniniwala ng Islam, na tinatawag na *shahadah* ay: "Walang Dios kundi si Allah, at si Muhammad ang kanyang propeta."

Naniniwala ang mga Muslim na si Allah ang nag-iisang Dios, ang Manlilikha ng mundo. Naniniwala sila na siya ang nagbigay ng rebelasyon sa mga tauhan sa Biblia katulad nina Noa, Abraham, at Moises.

Hindi naniniwala ang mga Muslims sa Trinidad o ang anumang posibilidad ng pagkakatawang-tao ng Dios.

► Paano naiiba ang pananaw ng mga Muslim kay Muhammad sa pananaw ng mga Kristiyano kay Kristo?

---

[82] Sura 9:5
[83] Sura 5:33


Naniniwala ang mga Muslim na si Hesus ay isang propeta mula sa Dios na gumawa ng mga himala, siya ang Mesiyas, at wala siyang kasalanan. Hindi sila naniniwala na siya ay namatay sa krus, kundi siya ay kinuha ni Allah nang subukin siyang patayin ng mga Judio.[84] Hindi sila naniniwala na siya ang Anak ng Dios o ang pagkakatawang-tao ng Dios.[85] Hindi sila naniniwala na siya ang Tagapagligtas ng mundo.

Naniniwala ang mga Muslim na ang Biblia ay mula sa Dios, ngunit naniniwala sila na kung mayroong mga pagsasalungatan dito at sa Koran, ang Koran ang panghuling awtoridad dahil ito ang huling rebelasyon. Naniniwala sila na ang mas huling rebelasyon ay maaaring sumalungat sa anumang nauna rito.[86]

Naniniwala ang mga Muslim na ang kaligtasan ay makakamit sa pamamagitan ng pagtupad sa mga obligasyong tinatawag na Limang Haligi ng Islam. Ang Limang Haligi ng Islam ay:

(1) *Shahadah*: matapat na pagbigkas sa pagpapahayag ng pananampalataya ng Muslim.
*(2) Salat:* pagsasagawa ng ritwal na pananalangin limang beses sa isang araw.
*(3) Zakat:* pagbibigay ng limos sa mahihirap.
*(4) Sawn:* pag-aayuno sa buwan ng Ramadan.
*(5) Hajj:* paglalakbay sa Mecca kahit minsan sa buong buhay niya.

**Mahihirap na mga Doktrina ng Islam[87]**



Upang makita kung anong klase ng pamumuhay ang pinaniniwalaan ng mga Muslim, maaari nating tingnan ang mga bansang kontrolado ng Batas ng Islam. Ang batas ng Islam ay tinatawag ng *Sharia Law.* Maraming bansang Arabo ang sumusunod sa batas ng *Sharia* sa ilang bahagi nito. Hindi pinahihintulutan ng batas ng Islam ang kalayaan sa pagsasalita, kalayaan ng relihiyon, kalayaan na magtipon-tipon, o kalayaan sa paglalathala.

Sa isang bansang Islam ang isang tao ay maaaring patayin sa paglipat sa Kristiyanismo o kung magtatangka itong mag-ebanghelyo sa ibang tao.

[84] Sura 4:157-158
[85] Sura 9:30-31, 18:4-5
[86] Sura 2:106, 13:39. Sinasabi ng Biblia na ang Salita ng Dios ay hindi kailanman lilipas sa halip ito'y mananatili sa habang panahon (Isaias 40:8, 1 Pedro 1:25).
[87] Image by Juan Camilo Guarin P from Unsplash, retrieved from https://unsplash.com/photos/njEXjDmYn8w.

Ayon sa Batas ng Sharia, maaaring diborsiyuhin ng isang lalaki agad-agad ang kanyang asawang babae sa anumang dahilan. Hindi maaaring diborsiyuhin ng babae ang kanyang asawang lalaki kung wala itong pagsang-ayon. Pinahihintulutan ang mga lalaki na saktan ang kanilang mga asawang babae, ayon sa Koran.[88] Ang isang lalaki ay maaaring ikasal sa apat na asawang babae.[89] Ang isang babae ay maaaring patayin ng kanyang mga kamag-anak kung hindi siya susunod sa mga hinihingi ng Islam. Sa ilang mga bansa, ang mga babae ay hindi pinapahihintulutan na magmaneho ng sasakyan, pumasok sa paaralan, o magpakita sa publiko nang walang takip ang kanilang mga mukha. [90] Ang isang babae ay maaaring bugbugin sa publiko kapag siya ay lumabag sa mga tuntunin.

> "Ang mabuting balita ay ginawa ng Dios sa pamamagitan ni Cristo ang hindi magagawa ng batas:isinugo niya ang Kanyang Anak bilang handog para sa kasalanan. Pinagbayaran ni Cristo ang kasalanan sa pamamagitan ng kanyang sakripisyong kamatayan."
> - Thomas Oden
> (Ang Salita ng Buhay, 350)

Naniniwala ang mga Muslim na ang tama at mali ay nagmumula lamang sa kalooban ni Allah. Maaaring baguhin ni Allah kung alin ang tama kung nanaisin niya, dahil ang kanyang kalooban ang mahalaga sa halip na ang isang hindi nagbabagong karakter.[91]

Hindi sinasabi ng Koran na ang mga tao ay nilikha sa wangis ni Allah. Sinasabi na si Allah ay nakahihigit sa lahat at hindi maaaring makilala at lubusang naiiba.[92]

Hindi inaasahan ng mga Muslim na magkaroon ng personal na relasyon kay Allah. Si Allah ay tinatawag na "lubos na mapagmahal," nguni't sa ibang paraan hindi kailanman binanggit sa Koran na minamahal niya ang mga tao. Madalas sinasabi ng Koran na si Allah ay mapagpatawad at maawain sa mga taong nagiging mananampalataya sa Islam. Kailangang magsisi ang mga tao, at hilingin na patawarin sa paghuhukom dahil umaasa na si Allah ay maawain, ngunit walang karanasan ng kaligtasan o katiyakan ng kapatawaran.[93]

► Paano naiiba ang relasyon ng Kristiyano sa Dios sa relasyon ng Muslim kay Allah?

Ang mga benepisyo ng Islam ay iniaalok karamihan sa kalalakihan at ang Koran ay tumutugon sa bawat usapin ayon sa pananaw ng tao. Ang mga babae ay pag-aari lamang ng mga lalaki. Ang paraiso ayon sa Islam pagkatapos mamatay ay para sa kalalakihan, at isinasama doon ang mga kababaihan para sa kanilang kasiyahan.[94]

---

[88] Sura 4:34
[89] Sura 4:3
[90] Sinabihan ang mga Kristiyano na maging mahinahon sa kanilang mga asawa (1 Pedro 3:7). Inaasahang mamahalin ng lalaki ang kanyang asawang babae gaya ng pagmamahal niya sa kanyang sarili (Efeso 5:28-29).
[91] Sinasabi sa atin ng Biblia na ang Dios ay mabuti at ang pinagmumulan ng lahat ng bagay na mabuti. Hindi nagbabago ang Dios. (Santiago 1:17).
[92] Ang tao ay nilikha sa wangis ng Dios. Samakatuwid, maaari nating maunawaan ang ilan sa mga bagay tungkol sa kalikasan ng Dios at maaaring magkaroon ng relasyon sa kanya. (Genesis 1:27).
[93] Ipinapangako ng Biblia sa atin na pinatatawad ng Dios ang sinumang nagsisisi, nagpapahayag at sumasampalataya. (1 Juan 1:9).
[94] Sura 55:56

*Ngayon bumalik at basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon ng Islam. Dapat hanapin ng bawat mag-aaral ang mga Kasulatang reperensiya at magsalit-salit sa pagbasa ng mga ito sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo

Hindi sapat na patunayan lamang ang mga doktrinang Kristiyano mula sa Biblia, dahil naniniwala ang mga Muslim na pumapalit ang Koran sa Biblia bilang ang pinakamataas na awtoridad.

Maaari tayong sumang-ayon sa ilang mahahalagang paniniwalang Islam. Ang mga Kristiyano ay sumasang-ayon na mayroon lamang iisang Dios na lumikha sa sanlibutan. Sumasang-ayon ang mga Kristiyano na mayroong huling paghuhukom, at ang bawat tao ay ipapadala alin sa dalawa, sa langit o sa impiyerno.

Ang ibang mahahalagang katotohanan ay dapat ipakita sa Biblia. Naniniwala ang mga Muslim na ang Biblia ay mula sa Dios subalit ito ay nahihigitan ng Koran. Gayunman, maaari mong ibigay ang punto na may mga katotohanan na napakahalagang batayan na hindi nila maaaring baguhin. Gayundin, hindi maaaring baguhin ang mga katotohanan ng kasaysayan.

Nilikha ng Dios ang mga tao sa kanyang wangis (Genesis 1:27). Minamahal niya sila at nais niyang magkaroon ng relasyon sa kanila.

Sumasang-ayon ang mga Kristiyano sa Islam na si Hesus ang Mesiyas at wala siyang kasalanan. Ipakita na ipinangako niya na magbibigay ng walang hanggang buhay sa mga sumasampalataya sa kanya (Juan 10:28), ipinangako niya na bubuhayin ang mga patay sa pamamagitan ng kanyang tinig (Juan 5:28-29), at sinabi na walang sinumang makararating sa Ama kundi sa pamamagitan niya. (Juan 14:6).

Ipakita mula sa Kasulatan na siya ay higit pa sa isa lamang taong walang kasalanan; Tingnan ang *Handbook ng Doktrina* para sa

(5) Si Hesus ay Dios.

Hindi siya maaaring maging isang mabuting tao at isang propeta ng Dios malibang ang kanyang mga inaangkin para sa kanyang sarili ay tama. Itinuturo ng Islam na si Hesus ay isang propeta ng Dios, ngunit kailangan niyang maging kung sino ayon sa inaangkin niya at magkaroon ng kakayahang makapagbigay ng walang hanggang buhay, o siya ay isang masama o isang nalinlang-ang-sarili na nagdulot sa mga tao na maglagay ng kanilang pananampalataya sa kanya.

Dumating si Hesus upang ipakita ang pag-ibig ng Dios. Ipinakita niya na minamahal ng Dios ang bawat tao, kabilang ang mga babae at mga taong mababa ang uri. Hindi nahihiwalay ang tao mula sa Dios dahil sa kanilang kasarian o kalagayang panlipunan. Nahiwalay ang tao mula sa Dios dahil sa kanilang kasalanan, at nag-aalok ang Dios ng kapatawaran.

Inaanyayahan ng Dios ang makasalanan upang patawarin at magkaroon ng personal na relasyon sa kanya.

## Isang Patotoo

Nakatira si Jalal sa Saudi Arabia. Bilang isang bata siya ay matapat sa relihiyong Islam. Nagsaulo siya ng malalaking bahagi ng Koran at tumulong sa mosque. Nang siya ay labing-anim na taong gulang na, nais niyang lumahok sa isang banal na digmaan at lumaban para sa Islam, ngunit sinabi ng kanyang mga magulang na siya ay masyado pang bata. Pagkalipas ng panahon, nakakita siya ng trabaho at naging abala at nagsimulang makaligtaan ang relihiyon. Nagkaroon siya ng suliranin at nais niyang manalangin para sa tulong, ngunit siya ay natatakot na galit si Allah sa kanya dahil sa kanyang pagpapabaya sa relihiyon. Nanalangin siya kay Hesus para tulungan siya, at ang suliranin ay nalutas pagkalipas ng dalawang araw. Nagkaroon din siya ng isang panaginip at nakita niya si Hesus na ipinapakita sa mga tao ang daan papunta sa langit. Inilagay niya ang kanyang pananampalataya kay Kristo para sa kanyang kaligtasan. Sinasabi ni Jalal, "Naramdaman ko ang pag-ibig sa aking puso, at ako ay labis na masaya na makilala si Hesus. Noong ako ay isang Muslim, hindi ko maisip na ang mga Kristiyano ay tama. Pagkatapos noon, natuklasan ko kung gaano ako minamahal ng Dios, at ako ay naging isang Kristiyano. Oo, minamahal niya ako, minamahal ka niya, at minamahal niya ang buong mundo. Minahal ka ni KristoHesus, at minamahal ka pa rin niya. At huwag mong kalimutan na sa huling araw walang ibang makapagliligtas sa atin, tanging si KristoHesus lamang."

## Pag-aaaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahin uli ang 1 Juan 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang tagasunod ng Islam. Hayaan ang ilang mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Takdang- Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa siang tao na mula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at ipasa iyon sa tagapanguna sa iyong klase.

# Leksiyon 13
# Judaismo

## Unang Pakikipagharap

Si Hans ay isang Aleman na lumipat sa Amerika. Sa kolehiyo nagkaroon siya ng mga kaibigang Judio. Naging pamilyar siya sa kasaysayan ng mga Judio at natutuhan na milyon ang bilang nila na pinatay ng mga Aleman sa ilalim ni Hitler. Nahiya siya bilang isang Aleman, at nag-isip kung dapat ba siyang makilahok sa Judaismo upang kahit bahagi man lang ay makabayad siya sa ginawa ng kanilang bansa.

## Pag-aaral sa Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Isaias 52:13–53:12. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng Kasulatan. Kung hindi mo nakikilala si Hesus, ano ang nakikita mong sinasabi sa talata na ito tungkol sa personang tinatawag na "ang Lingkod"? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Judaismo

### Introduksiyon sa Judaismo

Ang modernong Judaismo ay nagmula sa relihiyon at kasaysayan ng sinaunang Israel na inilarawan sa Lumang Tipan. Ang mga isinasagawa at mga paniniwala ay nagbago sa paglipas ng mga siglo at hindi na pareho ng orihinal.

Ang Judaismo ay mas malapit na nauugnay sa Kristiyanismo kaysa alinmang ibang relihiyon na hindi nag-aangkin na sila ay Kristiyano. Inaangkin ng Judaismo na sila ay sumasamba sa Dios ng sinaunang Israel, ang Dios ng Lumang Tipan, na siyang parehong Dios na sinasamba sa Kristiyanismo. Ang mga Kasulatan ng Judaismo ay ang Lumang Tipan sa Kristiyanong Biblia.[95]

Ang *Talmud* ay isang koleksiyon ng mga sinulat ng sinaunang mga *rabbi* na Judio. Inilathala ito sa anyong libro, ito ay humigit sa 6,000 pahina. Dumidepende ang Judaismo sa *Talmud* para sa awtoridad para sa kanilang mga tradisyon at gawain.

Mayroong humigit kumulang sa 14 na milyong tagasunod ang Judaismo.  Halos kalahati sa kanila ay naninirahan sa bansang Israel.

---

[95] Naniniwala sa Lumang Tipan ang mga tagasunod ng Judaismo, nguni't hindi nila nauunawaan ang pinakamahalagang katotohanan sa Lumang Tipan tungkol sa Mesiyas. (Juan 5:39).

Judaismo ang pangunahing relihiyon ng bansang Israel, at karamihan sa mga tagasunod ng Judaismo ay katutubong mga Judio, maging nakatira man sila sa Israel o sa ibang lugar man. Kapag sinabi na ang isang tao ay Judio ito ay karaniwang tumutukoy sa kanyang relihiyon, at kanyang pinagmulan, at kung minsan ay ang kanyang nasyonalidad.

Gayunman, mahirap ang mga pagbibigay kahulugan. Karamihan sa mga tagasunod ng Judaismo ay katutubong Judio, ngunit may mga tao nang lumipat sa Judaismo mula sa ibang katutubong grupo. Ang Judaismo ay isang pambansang relihiyon, nguni't 25% ng mga tao sa Israel ay hindi Judio, sa relihiyon man o sa pagiging katutubo. Maraming Judio ang hindi nakatira sa Israel, at ang iba na nakatira sa Israel ay hindi seryosong nagsasagawa ng anumang relihiyon. Ang isang taong katutubong Judio, maging nasa Israel o sa ibang lugar man, ay maaaring maging isang convert sa ibang relihiyon, o maging isang atheist.

> "Likas ng pag-ibig ng Diyos ang pumili. Pinipili nito hindi upang ibukod ang iba kundi upang magbigay ng isang tulay kung saan maaaring maipakilala ang pag-ibig ng Diyos sa buong sangkatauhan. Ang pag-ibig ng Diyos ay partikular na ipinakita sa Israel upang ito ay maipakita sa lahat."
> - W.T. Purkiser
> (God, Man, and Salvation, 158)

►Ipaliwanag kung ano ang Judio, una sa kung ano ang Judio sa katutubong depinisyon, pagkatapos ayon sa relihiyosong depinisyon.

Ang Kristiyanismo bilang relihiyon ay hiwalay sa Judaismo sa panahon ng buhay ni Hesus sa lupa. Gayunman, ang Kristiyanismo ay ang pagpapatuloy at katuparan ng relihiyon ng Israel ayon sa pahayag sa Lumang Tipan.[96] Inihula ng mga propeta ng Israel ang pagdating ni Hesus. Ang kalahagahan ng pananampalataya sa Lumang Tipan ay nauugnay sa Dios, na ginawang posible sa pamamagitan ng kanyang kapatawaran at biyaya.[97] Samakatuwid, inaangkin ng mga Kristiyano ang mga isinulat sa Lumang Tipan bilang pamana sa kanila. Sinusundan ng mga Kristiyano ang halimbawa ng mga nasa tamang relasyon sa Dios mula pa sa simula ng sanlibutan.[98]



► Bakit totoo na masasabi natin na ang Kristiyanismo ay hindi isang bagong relihiyon?

Ang sinumang naligtas ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, maging siya man ay isang Judio o isang Hentil. Ang lahat ay nagkasala

[96] Ang Dios ay ang Dios kapwa ng mga Judio at mga Hentil, at mayroong parehong plano ng kaligtasan para sa lahat. (Roma 3:29-30).
[97] Image by nellyaltenburger from Pixabay, retrieved from https://pixabay.com/photos/torah-scroll-israel-jewish-4299038/.
[98] Sa isang kaisipan, ang tunay na Judio ay yaong tumanggap sa gawa ng biyaya ng Dios sa kanyang puso (Roma 2:28-29). Ang pagpapala kay Abraham ay maaari rin sa mga Hentil. (Galacia 3:14).

at nangangailangan ng kapatawaran. Ang kaligtasan ay hindi natutupad sa pamamagitan ng pagtupad sa mga detalye ng batas ng Lumang Tipan, kundi sa paghanap ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.[99]

Sa pangkalahatan ng bayang Israel, tinanggihan nito si Hesus bilang ang Mesiyas. Ang mga Judio na naniwala kay Hesus ay ang mga unang miyembro ng Kristiyanong iglesya, pagkatapos ang paglaganap ng Ebanghelyo ang nagdala ng mga Hentil sa iglesya.[100]

Judaismo ang relihiyon ng mga Judio na nagsisikap na panatilihin ang relihiyon ng Lumang Tipan habang tinatanggihan si Hesus bilang ang katuparan ng pag-asa ng Lumang Tipan. Sa kasalukuyan may mga organisasyon katulad ng Jews for Hesus na nagsisikap na panatilihin ang pamanang Judio habang nagiging mga Kristiyano. Tinatawag silang "Messianic Jews" dahil tinatanggap nila si Hesus bilang ang Mesiyas samantalang patuloy na tinutukoy ang kanilang mga sarili bilang mga Judio. Hindi sila bahagi ng relihiyon ng Judaismo.

Sa paglipas ng mga siglo, nagpatuloy ang Judaismo sa pagpapaunlad ng kanilang mga tradisyon, habang pinananatili ang maraming tradisyon mula sa sinaunang panahon. Maraming Judio ang sumusunod sa tradisyon ng pananamit na nagbubukod sa kanila upang makilala bilang mga Judio. Sumusunod din sila sa mga pagbabawal ng pagkain, katulad ng pangingilin sa pagkain ng baboy.[101]

Sa Judaismo, ang kaligtasan ay hindi nagaganap bilang isang indibidwal na karanasan ng pagbabalik-loob. Naniniwala sila na maaari silang mamuhay sa isang pinagpala, may pangakong relasyon sa Dios sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga kautusan. Ang kaligtasan ay nangangahulugan ng pagkakaligtas sa mga sitwasyon ng pang-aapi o mga kundisyon na pumipigil sa kanila sa nararapat na paglilingkod nila sa Dios. Ang kaligtasan ay itinuturing na higit na para sa isang bansa o grupo kaysa bilang isang bagay na pansarili.

►Ano ang konsepto ng kaligtasan sa Judaismo?

Walang isang organisasyon para sa lahat ng tagasunod ng Judaismo, walang nag-iisang pagpapahayag ng paniniwala na kanilang pinanghahawakan, at walang pangwakas na awtoridad para sa doktrina na kinikilala ng lahat. Ang ilan sa kanilang mga organisasyon ay napakakonserbatibo, na may mataas ng pagtingin sa awtoridad ng Kasulatan, at sinisikap na panghawakan ang sinaunang mga tradisyon at paniniwala. Ang mga mas liberal na organisasyong Judio ay bumabago sa kanilang mga paniniwala at gawain upang umayon ang mga ito sa modernong kultura, pinipili lamang kung ano ang nais nilang panatilihin mula sa tradisyon at Kasulatan.

---

[99] Walang tao ang pinawawalang-sala sa pagtupad sa batas, dahil ang lahat ay nagkasala na at sumuway sa kautusan. (Roma 3:20-23).

[100] Ninanais ng Dios na ang lahat ng mga Judio ay maligtas. (Roma 10:1, 11:1).

[101] Ang mga Kristiyano ay malaya na mula sa mga hinihingi ng Lumang Tipan tungkol sa mga espesyal na mga araw at pagkain dahil ang mga bagay na iyon ay sumisimbolo kay Kristo, at ngayon ay natupad na niya ang mga iyon. (Colosas 2:16-17).

Hindi naniniwala ang Judaismo na ang Dios ay isang Trinidad o ang pagkakatawang-tao ay naganap.[102] Naniniwala sila na si Hesus ay isang kontrobersyal na tagapagturo na hindi ang Mesiyas at hindi Dios.

Ang pag-asa na isang Mesiyas ang darating ay pangunahin sa Judaismo. Hindi sila naniniwala na ang Mesiyas ay dumating na. Inaasahan nila na magdadala ito ng kapayapaan sa mundo. Hindi sila naniniwala na ang Mesiyas ay pagkakatawang-tao ng Dios, kundi isang espesyal na hinirang na tao.

Naniniwala ang mga konserbatibong Judio na ang Mesiyas ay isang literal na persona. Ang mga liberal na Judio ay mas itinuturing ang Mesiyas bilang isang *figurative expression* para sa tagapaghatid ng kapayapaan, na maaaring isang grupo o organisasyon.

► Ilarawan ang konsepto ng isang mesiyas ayon sa Judaismo.

> "Sinasabi ni Pablo na sa katotohanan [sa Roma 9:3-4] na 'Si Kristo sa salita ng tao ay isang Judio ngunit totoong Dios.'"
> - Willard Taylor
> (God, Man, and Salvation, 343)

Sinasabi ng Biblia sa atin na darating ang panahon na tatanggapin ng Israel si Kristo. Sinabi ni Apostol Pablo na kasalukuyang lumalaganap ang ebanghelyo sa mga Hentil, at karamihan sa mga Judio ay bulag sa ebanghelyo. Ngunit nagpatuloy siya sa pagsasabi na, "Ang buong Israel ay maliligtas." Hindi ito nangangahulugan na ang bawat indibidwal na Judio ay maliligtas, ngunit bilang isang bansa ay tinanggihan nila si Hesus, at bilang isang bansa sila ay magsisisi at tatanggapin siya (Tingnan ang Roma 11:23-26). Maging ngayon, maraming indibidwal na Judio ang sumasampalataya.

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon sa Judaismo. Ang lahat ng mag-aaral ay dapat hanapin ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa ng mga ito sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo

May mga Judio na may masamang opinyon laban sa Kristiyanismo dahil kung minsan, sa nakalipas na panahon, ang mga Judio ay labis na pinag-usig ng mga nagsasabing sila ay Kristiyano. Maaari natin silang tulungan na matanto ang ilang katotohanan tungkol sa pag-uusig. Una, hindi kailanman hinikayat ni Hesus ang pag-uusig, at ang mga nagsasabing sila ay Kristiyano ngunit namumuhi sa iba ay hindi sumusunod sa kanyang halimbawa. Ang pag-uusig ay pampulitika gayundin ay pangrelihiyon, at hinihikayat ng mga kadahilanang salungat sa mga prinsipyo ng Kristiyanismo. Ang pinakamabuting paraan na ang isang Judio ay makumbinsi na ang mga Kristiyano ay hindi niya kaaway ay ipakita ng mga Kristiyano ang pagmamahal ni Kristo.

Ang relihiyon ng isang Judio ay matinding nakakonekta sa kanyang pinalawak na pamilya, isang paraan ng buhay, at isang sinaunang pamana. Maaaring isipin ng isang Judio na

[102] Inihayag ng Lumang Tipan na ang Mesiyas ay ang Makapangyarihang Dios. (Isaias 9:6).

mawawala sa kanya ang lahat ng bagay na mahalaga kung siya ay lilipat sa ibang relihiyon. Dapat ipakita ng Kristiyano na si Hesus ang natural na katuparan ng relihiyong Judio. Siya ang Mesiyas na kanilang inaasahan. Ipinagkaloob niya ang kaligtasan na inilarawan sa Lumang Tipan.

Ang katotohanan na si Hesus ang Mesiyas ay ipinakita ng kanyang pagtupad sa propesiya sa Lumang Tipan tungkol sa Mesiyas. Mga halimbawa ay ang prediksiyon na ang Mesisyas ay isisilang sa Bethlehem (Mica 5:2) at siya ay magmumula sa lipi ni Juda (Genesis 49:10). Higit na mas mahalaga na ipakita mula sa Isaias 52:13-53:12 na tinupad na niya ang kaligtasan na inaasahan nila sa Mesiyas. Hindi pa tinutupad ni Hesus ang propesiyang pangMesiyas ng pandaigdig na kapayapaan, ngunit makatwiran na ang kaligtasan mula sa kasalanan ay dapat mangyari muna dahil ang digmaan ay nagmumula sa makasalanang puso ng mga tao.

Mahalaga na ibahagi ang ebanghelyo at bigyang diin na ang isang tao na naligtas ay dumating sa isang personal na relasyon sa Dios. Naniniwala ang mga Judio sa Dios ngunit wala silang personal na relasyon sa kanya.

Maaaring ipaliwanag ang ebanghelyo gamit lamang ang Lumang Tipan. Ang lahat ng tao ay nagkasala laban sa Dios (Awit 142:2-3). Ihinihiwalay ng kasalanan ang tao mula sa Dios (Isaias 59:2). Nagdusa ang Mesiyas at namatay bilang sakripisyo para sa ating mga kasalanan (Isaias 53:5). Ipinapangako ng Dios na patatawarin at lilinisin ang sinumang nagsisisi at sumasampalataya (Isaias 1:16-28).

Ang Awit 51 ay isang panalangin ng pagsisisi at pananampalataya. Nanalangin ng kapatawaran at paglilinis si David. Ito ay isang panalangin na kinasihan ng Espiritu ng Dios na nagsasabi sa atin na nag-aalok ng kapatawaran ang Dios sa ganitong paraan. Kung sumasampalataya ang tao na ibinigay ng Dios si Hesus bilang sakripisyo para sa kasalanan, maaari niyang ipanalangin ang panalanging ito nang may pananampalataya at tanggapin ang biyaya ng Dios.

## Isang Patotoo

Si Harry ay isang lalaking Judio na ang pamilya ay nagmula sa Alemanya. Ang kanyang mga lolo at lola ay namatay sa kampong kulungan ng mga Nazi. Sinasabi niya na pakiramdam ng mga Judio na sila ay pinapatay ng Kristiyanong mundo dahil ipinahintulot ito ng mga iglesya sa Alemanya at sa iba pang bahagi ng mundo. Sinabi ng kanyang mga magulang na huwag kailanman siyang titingin sa krus, dahil ito ay kumakatawan sa kamatayan. Araw-araw dumadaan ang kanilang school bus sa isang iglesya na may krus, at sinikap niyang huwag tumingin dito. Isang araw isang kaibigang Judio ang nagtangkang bigyan siya ng Bagong Tipan, nguni’t siya ay tumanggi at sinabing iyon ay hindi para sa mga Judio. Makaraan iyon, isa pang kaibigan ang nagpakita sa kanya ng mga talata sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan na hindi pa niya kailanman nakikita. Maraming tanong si

Harry kung bakit ang mundo ay katulad ng kung ano ito ngayon, at nagsimula siyang makita ang mga kasagutan sa Biblia. Sumampalataya siya na si Hesus ang Mesias.

## Pag-aaral ng Biblia – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang Isaias 52:13 – 53:12. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang tagasunod ng Judaismo. Hayaan ng ilan sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao na mula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa iyong tagapanguna sa klase.

# Leksiyon 14
# New Age Religion

## Unang Pakikipagharap

Lumaki si Elliot bilang isang Katolikong Romano, ngunit umalis sa simbahan nang siya ay magkaedad. Namuhay siya sa kalayawan sa maraming taon, ngunit nagsimulang makaramdam na kailangang-kailangan niya na makatagpo ng layunin sa buhay. Isang kaibigan ang nag-akay sa kanya sa paggamit ng masamang gamot, at pakiramdam ni Elliot nagkaroon siya ng bagong pananaw sa sanlibutan at sa kanyang sarili. Nagsimula rin siyang makarinig ng mga tinig na nagbibigay sa kanya ng mga direksiyon.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Awit 19. Pasulatin ang bawat mag-aaral na isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng kasulatan. Ano ang ipinapakita sa atin ng talata na ito tungkol sa mga epekto ng katotohanan ng Dios? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## New Age Religion

### Introduksiyon sa New Age Religion[103]

Ang New Age Religion ay mayroong iba't-ibang grupo, organisasyon, at mga indibidwal. Hindi sila nagkakaisa sa ilalim ng isang partikular na pangalan o pahayag ng mga paniniwala. Ang ilan ay tila napakarelihiyoso, ang iba ay tila siyentipiko sa halip na relihiyoso. Hindi lahat sa kanila ay nagsasabi na sila ay bahagi ng New Age Religion, ngunit magkakapareho sila sa ilang mga katangian.



Ang Stonehenge, isang sinaunang batong monumento sa England, ay lugar ng iba't-ibang gawaing pangrelihiyon.

Ang mga tagasunod ng New Age ay naniniwala sa posibilidad ng tao'y makalulutas ng lahat ng suliranin. Naniniwala sila na ang isang tao ay maaaring umunlad at maging isang nilalang na may kapangyarihang malayong higit sa kung ano ang itinuturing na normal sa kasalukuyan. Naniniwala sila na lahat ng sagot ay nasa ating kalooban.[104] Naniniwala sila na ang layunin ng edukasyon ay hindi para sabihin sa atin kung ano ang totoo kundi upang ipakita sa atin kung paano bubuksan ang ating sariling potensiyal.

---

[103] Image by Dyana Wing So from Unsplash, retrieved from https://unsplash.com/photos/NxvP54MX4no.

[104] Ang puso ay tunay na mapanlinlang at masama hanggang sa ito ay baguhin ng Dios. Hindi matatagpuan ng tao ang mga sagot sa buhay sa loob. Ang mga problema ay nasa loob. (Jeremias 17:9).

► Anong doktrinang Kristiyano tungkol sa tao ang winawalang-halaga ng New Age?

Upang mabuksan ang potensiyal ng tao, tinitingnan ng New Age ang sinaunang karunungan sa mga paganong relihiyon at gawaing kulto. Nagsasagawa sila ng astrolohiya, espiritismo, at lahat ng uri ng pagsangguni sa mga espiritu at panghuhula. Sinisikap nilang makipag-ugnayan sa mga espiritu at mga tao na nabuhay sa nakalipas na panahon. Nagsasagawa sila ng channeling, kapag ang espiritu ng isang taong nabuhay sa nakalipas ay pansamantalang pumapasok sa katawan at tinig ng isang taong nabubuhay.[105]

> "Kung minsan ikinakatwiran na tayo ay nabubuhay sa ilalim ng ibang kultura at kung ano ang tama o mali sa kasalukuyan ay nagbago dahil sa nagbabagong panahon…Sa gitna ng karahasan ng pagbabago ng tao ay nakatindig ang bato ng walang hanggang katotohanan na siyang Salita ng Dios at ang pamantayan nito na hindi nagbabago."
> - Leslie Wilcox
> (Profiles in Wesleyan Theology, Volume 3, 282)

Hindi sila naniniwala na ang alinmang relihiyon ay nagtataglay ng lahat ng katotohanan. Naniniwala sila na lahat ng relihiyon ay sa katotohanan ay pare-pareho, ngunit mayroong iba't-ibang paniniwala at gawain na nakatutulong. Kahit na ang ilan sa mga paniniwala ay sumasalungat sa iba, iniisip nila na ito ay kapwa maaaring totoo sa isang hindi makatwirang paraan. Tinatanggihan nila ang pagsasabi na ang isang doktrina ay walang pasubaling totoo. Hindi sila naniniwala na ang alinmang doktrina ay magiging totoo sa kahulugan na ang magkakasalungat na doktrina ay magiging mali. Kinamumuhian nila ang Kristiyanismo dahil inaangkin nila na ito ang tama at ang ibang relihiyon ay mali.[106] Tinatanggap nila ang alinmang grupong pangrelihiyon na hindi nag-aangkin na nasa kanila ang katotohanan na dapat paniwalaan *ng lahat*.

►Anong ibang relihiyon ang hindi magugustuhan ng New Age?

Tinatanggap nila ang supernatural nang walang anumang prinsipyo sa pagbubukod sa pagitan ng mabuting kapangyarihan at masamang kapangyarihan. Sila ay may tendensiya na maniwala na ang anumang pakikipag-ugnay sa espiritu ay mabuti.[107]

Hindi ibinubukod ng mga tagasunod ng New Age ang kanilang sarili mula sa ibang relihiyon. Iniisip nila na maraming relihiyon ang nakikibahagi sa karamihan ng kanilang mga paniniwala, espesyal ang mga silanganing relihiyon, mga relihiyon tulad ng Buddhismo, Hinduismo, at Taoismo. Gusto rin nila ang mga relihiyong animist religion, ang mga naniniwala na ang lahat ng bagay at buong sanlibutan ay may sariling kaluluwa, na nakikipag-ugnayan sa mga espiritu sa kalikasan (inilarawan ang animismo sa Leksiyon 15).

[105] Tinanggihan ng mga tao ang Dios at hanapin ang ibang pinagkukunan ng tulong na supernatural dahil ayaw nilang pagsisihan ang mga kasalanan. Ang Dios ay dapat hanapin ng isang taong nangangailangan ng paggabay at kapangyarihan. (Isaias 8:19).

[106] Ipinapahayag ng Biblia ang kahatulan sa mga hindi ibinubukod ang kasamaan mula sa kabutihan at tinatanggihan ang pamantayan ng tama at mali. (Isaias 5:20).

[107] May mga masasamang espiritu na kasangkot sa mundo, at sila ay hinatulan na patungo sa walang hanggang kaparusahan. Ang mga taong sumusunod sa kanila ay makikihati sa kanilang kaparusahan. (Mateo 25:41).

Itinatanggi nila ang katotohanan ng kamatayan. Iniisip nila na ang kamatayan ay simpleng kapag ang isang tao ay lumilipat sa ibang lebel ng pag-iral. May nagsasabi na ang buhay pagkatapos ng kamatayan ay halos pareho ng natural na buhay sa ngayon. Marami sa kanila ang naniniwala sa muling pagkakatawang-tao at sa prinsipyo ng karma, tulad sa Hinduismo. Sa halip na tingnan ang muling pagkakatawang-tao bilang isang masamang bagay, tulad sa Hinduismo at Buddhismo, ang relihiyong New Age ay nag-iisip na mabuti ang mabuhay nang ilang beses. Ang ilan sa kanila ay nag-iisip na kilala nila kung sino sila sa nakaraan nilang buhay.

> "Siya [ang Diyablo] ay gagawin niyang idolo ang inyong mga sarili; gagawin niyang mas matalino ka sa iyong sariling paningin kaysa sa Dios mismo at maging ang lahat ng sinulat ng Dios. Upang magawa niya ito, hindi siya dapat magpakita sa kanyang tunay na kaanyuan. Iyon ang sisira sa kanyang disenyo. Sa halip, ginagamit niya ang lahat ng kanyang kakayahan upang itanggi mo ang kanyang pag-iral hanggang sa mailagay ka sa kanyang sariling lugar."
> - John Wesley
> ("Isang Babala Laban sa Pagkapanatiko")

Ang kanilang pananaw sa Dios ay pantheistic. Ibig sabihin, sila ay naniniwala na ang lahat ng reyalidad ay iisang pinakadiwa, at ang lahat ng bagay kapag pinagsama-sama ay Dios. Ang bawat bagay at bawat tao ay bahagi ng Dios. Hindi sila naniniwala sa isang pinakamakapangyarihang Dios na siyang Manlilikha. Hindi sila naniniwala na ang Dios ay isang persona na nakapag-iisip o nakapagsasalita.

►Mananalangin ba ang isang tagasunod ng New Age?

Ang New Age ay naniniwala na si Hesus ay isang taong nakakaalam kung paano gamitin ang mga espesyal na kapangyarihan at sinikap na ituro sa iba na gawin din ang gayun. Naniniwala sila na hindi iniisip ni Hesus ang tungkol sa pamantayan ng pag-uugali at hindi hinatulan ang maling ginagawa ng sinuman.

Hindi sila naniniwala sa reyalidad ng kasalanan, dahil hindi sila naniniwala sa Dios na nagtatakda ng pamantayan at nagtatakda ng paghatol. Naniniwala sila na ang kasamaan sa mundo ay isa lamang pangangailangan ng kaalaman at pag-aayon dito upang ang lahat ng bagay ay magkaroon ng pagkakatugma. Binibigyang-katwiran ng New Age ang lahat ng klase ng makasalanang kabuktutan.[108]

Tinatanggihan ng New Age ang konsepto ng kaligtasan sa Biblia. Hindi naniniwala ang New Age na tunay ang kasalanan at naniniwala na ang solusyon sa mga suliranin ng tao ay ang pagpapaunlad ng espirituwal na kamalayan at espirituwal na kapangyarihan.

Naniniwala ang New Age na ang sangkatauhan ay pumapasok sa isang espesyal na kapanahunan kung saan ang mga taong nakauunawa sa mga prinsipyo ng New Age ay babago sa buong lipunan. Naniniwala sila na magkakaroon ng kapayapaan at seguridad na pang-ekonomiya para sa lahat.[109]

[108] Inaanyayahan ng Dios ang mga tao na hanapin ang tunay na kalutasan—kapatawaran at paglilinis (Isaias 1:18).
[109] Binibigyan tayo ng Biblia ng babala na huwag tayong umasa ng kapayapaan at seguridad sa isang lipunan na hindi nagpapasakop sa Dios (1 Tesalonica 5:3).

► Ano ang pinaniniwalaan ng New Age sa halip ng konspeto ng kaligtasan ayon sa Biblia?

## Pagkilala sa mga Kinatawan ng New Age

Maraming bagay ang nakakatulong upang tukuyin ang isang grupo, organisasyon, o manunulat bilang New Age. Ang ilang halimbawa ay pagiging vegetarian dahil sa pangrelihiyon o philosophical na kadahilanan, mga pamamaraang mystical sa kalusugan na hindi naman maipaliwanag ayon sa siyensiya, reperensiya sa karma, paggamit ng mga salita tungkol sa pamumuhay na nakikiisa sa kalikasan o sa cosmos, meditation bilang paraan ng non-rational na pag-unawa, paggamit ng mga salita tungkol sa maaaring walang limitasyong kakayahan ng tao, hindi maipaliwanag na klase ng psychological o mystical na enerhiya at lakas, pakikipag-usap sa mga patay o sa mga espiritu, paggamit ng iba't-ibang bagay para sa divination, astrolohiya, witchcraft at wicca, pangrelihiyong pakikisama sa kalikasan, interes sa mga pyramid at kristal, interest sa UFO at mga nilikhang hindi mula sa mundo, nagtitiwala sa mga gabay na espiritu at mas matataas na nilalang, at mga konsepto at gawaing kinuha mula sa mga relihiyong galing sa Silangan.

> "Kinikilala ko ang isang bautismo para sa kapatawaran ng kasalanan; at hinihintay ko ang muling pagkabuhay ng mga namatay; at sa buhay ng daigdig na darating."
> - Credo ng Nicene

► Anong mga halimbawa ng ginagawa ng New Age ang nakita mo na o kaya'y narinig mo?

## Ang Tugon bilang Kristiyano

Walang anumang bagay na bago tungkol sa relihiyong New Age. Ang Isaias 47:10-14 ay nakaukol sa isang tiyak na bansa na nagsasagawa ng lahat ng klase ng pangkukulam, at ito ay tulad ng New Age. Humahanap sila ng espesyal na karunungan habang nagsasagawa ng kabuktutan. Sinisikap nilang maging dios. Nag-imbento sila ng maraming paraan ng paglikha ng espirituwal na kapangyarihan.

Ipinagbabawal ng Biblia ang lahat ng uri ng mahika at pangkukulam, hindi dahil ito ay hindi totoo, kundi dahil ito ay masama at sumasalungat sa kapangyarihan ng Dios. (Levitico 19:26, 31, 20:6, Deuteronomio 18:9-12). Inutusan ng Dios ang bansang Israel na patayin ang mga mangkukulam (Exodo 22:18, Levitico 20:27). Ang mga Kristiyano sa kasalukuyan ay walang responsibilidad ng pagbitay o pagpatay na sinuman, ngunit ang utos ay nagpapakita ng lubos na paghatol ng Dios sa kasalanang iyon. Sa Bagong Tipan, kapag ang mga tao ay nagbabalik-loob sinisira nila ang kanilang mga aklat ng mahika (Mga Gawa 19:19).

Tinatanggihan ng mga tao ang Dios nguni't humahanap pa rin ng espirituwal na kapangyarihan. Higit doon ang kapangyarihan ng Dios at ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan para doon sa mga sumasampalataya sa kanya ngunit hindi niya inilalagay ang kanyang kapangyarihan sa kontrol ng tao. Ang isang taong humahanap ng kapangyarihan at kaalaman sa pamamagitan ng pamamaraang mahika ay pagsisikap na

hanapin ito habang tinatanggihan ang Dios. Ang interaksiyon sa mga espiritu at ang paghanap ng kapangyarihan ay nagdadala sa isang tao sa mas malalim na kasamaan.

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon sa relihiyong New Age. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata ng Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa nito sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo

Prayoridad na ibahagi ang ebanghelyo sa isang tagasunod ng New Age. Huwag kayong makikipagtalo na siyang pipigil sa inyo sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Maaari niyang isipin na siya ay pamilyar sa mga iglesya, at tinanggihan niya ang iglesya, ngunit maaaring hindi niya lubusang nauunawaan kung ano ang ebanghelyo.

Ipinakita ni Hesus ang dakilang kapangyarihang magpagaling, magpropesiya, at alamin ng katotohanan. Mas higit siya sa sinumang tagapanguna ng New Age. Hindi siya isang halimbawa ng isang taong pinaunlad ang sarili at gumamit ng mga espirituwal na kapangyarihan mula sa kalikasan. Nagpasakop si Hesus sa Ama at naniwala sa lubos na katotohanan. Di siya nakakasundo ng mga tumatanggi sa katotohanan ng awtoridad ng Dios, kasalanan at paghuhukom.

Naniniwala ang mga Kristiyano sa isang bagong panahon na darating kasama ng kaharian ng Dios. Ito ang magiging katapusan ng lahat ng paghihirap, at magdadala ng kapayapaan at kaunlaran. Tanging iyon lamang may tamang relasyon sa Dios ang makakapasok sa bagong panahon.

## Isang Patotoo

Sinikap ni Elliot na sundin ang mga tinig na kanyang naririnig. Sinabi nila sa kaniya na siya si Kristo, ang Anak ng Dios, ngunit nilabanan niya ang panlilinlang. Kung minsan nakararamdam siya ng supernatural na kapangyarihan at karunungan. Ang ilan sa kanyang mga kaibigan ang nagsabi na walang pagsasalungatan sa pagitan ng paniniwala kay Hesus at paniniwala kay Buddha o iba pa. Nagsimula siyang makaramdam na ang bagay na nagbigay sa kanya ng kapangyarihan ay nagsisikap na angkinin siya. Nakatagpo siya ng isang grupo ng Kristiyano na naging mga kaibigan niya. Nagsimula na maunawaan niya na hindi niya pwedeng pagtiwalaan ang lahat ng mga tinig na kanyang naririnig. Kung minsan nagsasalita ang Dios sa kanya, ngunit kung minsan ang masasamang espiritu ay nagsisikap na dalhin siya sa maling direksiyon. Natutuhan niyang subukin ang mga ideya sa solidong katotohanan. Natagpuan niya na ang tunay na relasyon kay Kristo ay mas nakasisiya kaysa lahat ng mga karanasan na pinagdaanan na niya.

**Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi**

*Ngayon ay muling basahin ang Awit 19. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang tagasunod ng New Age. Hayaan ibahagi ng ilan sa mga mag-aaral ang kanilang isinulat.*

**Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon**

Tandaan na humanap ng pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa inyong mga kamag-aral ang tungkol sa inyong pakikipag-usap.

# Leksiyon 15
# Animismo

## Unang Pakikipagharap

Si Miri ay isang maliit na bata sa isang village sa Papua New Guinea. Kaunti lamang ang kanyang mga laruan ngunit kung minsan ay pinaglalaruan niya ang bungo ng kanyang lolo. Itinatago ang bungo sa kanilang bahay bilang paraan ng pagrespeto sa kanilang mga ninuno at gayun din upang itaboy ang masasamang espiritu.

## Pag-aaral sa Kasulatan– Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Awit 147. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito tungkol sa pakikilahok ng Dios sa sanlibutan? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Animismo

### Introduksiyon sa Animismo

Ang Animismo ay hindi isang bukod na relihiyon, kundi isang klase ng relihiyon. Ito ay tipikal sa mga primitibong kultura, at ito ang relihiyon ng karamihan sa mga primitibong lipunan, laluna bago sila naapektuhan ng kaugnayan sa mundo sa labas.

Ang animismo ay hindi laging isang relihiyon na bukod sa ibang relihiyon. Maraming tao na tinatawag ang kanilang sarili na Hindu, Buddhist, sumasamba sa Voodoo, o Katolikong Romano ay nabubuhay ayon sa maraming paniniwala ng animismo. Maraming tao sa relihiyong New Age ang nag-aral ng mga ginagawa ng animismo upang humanap ng mga paraan upang makipag-ugnayan sa supernatural.

> "Ang Dios ay hindi nilikha, kinakailangan, iisa, walang hanggan, , immense, eternal being, ang buhay ng lahat na nabubuhay."
> - Thomas Oden
> (Ang Dios na Nabubuhay/The Living God, 53)

Ang animismo sa pangkalahatan ay walang Kasulatang may awtoridad at walang nakasulat na doktrina.

Naniniwala ang mga animist na ang mga elemento ng kalikasan sa kanilang buong kapaligiran ay may kaluluwa. Kabilang dito ang mga hayop, mga puno, mga bundok at mga ilog. Naniniwala sila na dapat kilalanin at makipag-ugnayan sa mga kaluluwang ito upang magtagumpay sa pagkalap ng pagkain, pagtatayo ng bahay at pananatiling malusog.[110]

---

[110] Naniniwala ang mga animists sa mga espiritung nananahan sa ilang lugar, ngunit ang lahat ng kapangyarihan ay taglay ng Dios sa lahat ng lugar. (1 Mga Hari 20:28).


Naniniwala rin ang mga animists sa mga espiritu na hindi kinakailangang nakakabit sa isang materyal na katawan o lokasyon. Maaari rin silang maniwala na ang mga espiritu ng kanilang mga ninuno ay kasangkot sa mundo at sa kanilang mga buhay.

"Ang pinakamakapangyarihang kapangyarihan ng Dios ang lumilikha ng pagkalinga at himala na lubusang matatagpuan sa Biblikal na mundo.
Ang Dios ay hindi kailanman maihihiwalay sa kanyang nilikha."
- W.T. Purkiser
(God, Man, and Salvation, 154)

► Ano ang mga pagkakatulad ng Animismo at iba pang relihiyon na napag-aralan na natin?

Hindi itinuturing ng animismo ang mga tao na hiwalay sa mundo, kundi bahagi nito, na walang espesyal na kalagayan.[111]

Maaaring hindi tawagin ng mga animists ang kanilang mga paniniwala bilang isang relihiyon. Ang animismo lamang ang reyalidad para sa kanila. Gumagawa ang mga animist ng mga kaugalian ng paggamit ng espesyal na mga salita, bagay o pagkilos na naglalayong makipag-ugnayan sa mga espiritu. Ang mga pamamaraan ay iba't-iba sa iba't-ibang lipunan. Ang mga kaugalian ay inaasahanag tutulong sa kanila upang umiwas sa mga nakapipinsalang espiritu, at posible na makakuha ng mabubuting pagtugon mula sa mga ito. Maaaring magdala ang isang tao ng isang bagay na itinuturing na mayroong kapangyarihan (tulad ng anting-anting o talisman). Madalas, hindi kayang ipaliwanag ng isang animist kung bakit isinasagawa ang isang custom o kaugalian.[112]



Maaaring maniwala ang animist na mayroong mga paraan upang ang isang tao ay makakuha ng kapangyarihan mula sa isang bagay o isang tao.[113]

Naniniwala sila na ang isang tao ay dapat maging maingat na hindi maapektuhan ng makasasamang kapangyarihan mula sa partikular na mga bagay o lugar.

Karamihan sa mga ginagawa na tinatawag na pamahiin ay nagmula sa mga konsepto ng animist. Ang isang pamahiin ay ang ideya na dapat sumunod ang isang tao sa mga tiyak na gawain dahil sa partikular na bagay o aksyon o lugar na may taglay na espirituwal na kapangyarihan. Hindi mapamahiin ang mga Kristiyano, kahit alam nila na tunay ang masasamang espiritu o espirituwal na nilikha na may kapangyarihan, dahil nagtitiwala sila sa pinakamakapangyarihang kapangyarihan ng Dios.

►Bakit sinasabi sa atin ng Biblia na huwag tayong gagamit ng mga bagay na may bahagi sa pamahiin?

[111] Inilalagay ng Dios ang espesyal na halaga sa mga tao at nagbibigay siya sa kanila ng espesyal na pag-iingat. (Mateo 10:31).
[112] Nais ng Dios na alisin natin ang anumang bagay na nagagamit sa pagdepende sa mga espiritu para sa tulong. Kapag taglay natin ang mga bagay na iyon, hindi tayo lubos na nagtitiwala sa Dios. (Mga Gawa 19:19).
[113] Image by Bruce Warrington from Unsplash, retrieved from https://unsplash.com/photos/8Or5Z9-sH0Q.

Naniniwala ang mga Animist na ang mundo ay puno ng espirituwal na panganib,[114] at dapat silang maging maingat upang hindi makagalit ng anumang espiritu sa kalikasan o ng kanilang mga ninuno. Ginagabayan ang kanilang buhay ng nananatiling takot.[115] Kung minsan iniisip ng mga tao na ang mga primitibong mga lipunan ay masaya at walang inaalala hanggang sa dumating ang mga misyonero na may organisadong relihiyon, nguni't iyon ay hindi totoo. Ang mga primitibong mga tao na hindi nagtataglay ng ebanghelyo ay namumuhay sa pagkaalipin sa takot sa mga espiritu. Dumarating ang ebanghelyo bilang isang magandang mensahe ng pagliligtas. Natututuhan nila na maaari silang maglingkod sa isang Dios na nagmamahal sa kanila at hindi nila kailangang matakot sa mga espiritu.

> "At sumasampalataya ako sa Banal na Espiritu, ang Panginoon at Manlilikha at Tagapagbigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at sa Anak."
> - Ang Credo ng Nicene

Ang isang animist na grupo ay maaaring magkaroon ng isang propesyunal na "witch doctor" na kanilang kinikilala na siyang eksperto sa pakikipag-ugnayan sa mga bagay patungkol sa mga espiritu.

Maaaring maniwala ang mga animist sa isang supremong Dios na manlilikha, ngunit hindi nila iniisisip na maaari siyang makausap. Iniisip nila na kailangang sa mga espiritu sa kanilang paligid sila dapat makipag-ugnayan upang magkaroon ng mga resulta sa kanilang buhay. Ang pagtatangka na makipag-ugnayan sa mga espiritu ay madalas na nag-aakay sa mga animist upang makipag-ugnayan sa mga demonyo o masasamang espiritu.

*Ngayon, bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon sa Animismo. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa nito para sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo

Maraming animist ang naniniwala na sa pinakamakapangyarihang Dios, ngunit hindi naniniwala na makakalapit sila sa kanya o kaya'y interesado siya sa kanila. Ang ebanghelyo ang nagsasabi sa kanila na mahal sila ng Dios at ipinahayag nito ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagsusugo kay Hesus.

Maraming animists ang nag-iisip na nagkasala sila sa Dios. Ipinapaliwanag ng ebanghelyo na handa ang Dios na patawarin ang ating mga kasalanan upang tayo ay makalapit at magkaroon ng relasyon sa kanya.

[114] Larawan: Nagsusuot ng Maskara, isinulat ni Jacob Balzani Loov/al Jazeera, kinuha sa https://www.aljazeera.com/indepth/inpictures/2016/03/burkina-faso-festima-gathering-african-masks-160310074232928.html#lg=1&slide=11 June 8, 2020.

[115] Maraming beses na sinasabi sa atin ng Biblia na hindi natin kailangang matakot dahil mapagkakatiwalaan natin ang Dios (Isaias 41:10).

Namumuhay sa pagkatakot sa mga espiritu ang mga animists. Maaari natin silang bigyan ng katiyakan na kung makikilala nila ang Dios, mapapasailalim sila sa kanyang proteksiyon at makikipag-ugnayan sa kanya sa halip na sa mga espiritu.

## Isang Patotoo

Si Hato ay isang pinuno ng isang tribo sa Papua New Guinea. Namuhay siya sa takot sa mga espiritu at sa mga ninuno. Ang mga baranggay ay madalas na nakikipaglaban sa isa't-isa. Isang misyonero ang nanirahan sa kanilang baranggay. Nakita ni Hato kung paano nagtiwala sa Dios ang misyonero sa panahon ng isang krisis nang ang mga anak nito ay nasa panganib. Nagdesisyon si Hato na maglingkod sa Dios sa halip na sa mga espiritu.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon muling basahin ang Awit 147. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang animist. Hayaang ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaang humanap ng pagkakataon na maipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyon na ito. Humanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Leksiyon 16
# Voodoo

## Unang Pakikipagharap

Bumisita si Chelsea sa isang voodoo shop upang magtanong. Sinabi ng lalaki na ang voodoo ay hindi sumasalungat sa Katolisismo at ang isang tao ay maaaring maging isang Katoliko at magsagawa ng voodoo. Sinabi niya na tumutulong ang mga espiritu sa mga tao, ngunit dapat bayaran ang mga espiritu sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na lukuban sila nito.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Awit 145. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito tungkol sa kapangyarihan at kabutihan ng Dios? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong isinulat.*

## Voodoo

### Introduksiyon sa Voodoo

Nagsimula ang Voodoo sa tribong pangrelihiyon sa Africa, ngunit naihalo na sa mga katangian mula sa ibang pagkukunan. Maraming modernong practitioners o manggagamot ang mas gusto ang salitang *Vodun*.

Ayon sa Voodoo, mayroong Dios, ngunit hindi siya maabot ng tao upang hingan ng tulong. Sa halip, ang mga tao ay maaaring makipag-ugnayan sa mga espiritu na nakikisangkot sa mundo.[116]

► Anong ibang relihiyon ang ganito rin ang sinasabi?

Maraming sumasamba sa voodoo ang kumikilala na sila ay naglilingkod kay Satanas.

> "Siya [si Hesus] ay umakyat sa langit, naupo sa kanang kamay ng Ama, ang Dios na Makapangyarihan, kung saan siya'y magmumula upang hukuman ang mga nabubuhay at mga patay. Sa kanyang pagdating ang lahat ng tao ay muling bubuhayin sa kanilang katawan at magbibigay-sulit sa kanilang sariling mga gawa. At sila na gumawa ng mabuti ay pupunta sa buhay na walang hanggan; at sila na gumawa ng masama ay pupunta sa walang hanggang apoy."
> – Ang Credong Athanasia

[116] Sinasabi ng Biblia sa atin na ang Dios ay napakalapit sa bawat isa sa atin, at maaari natin siyang matagpuan. (Mga Gawa 17:27).

Ang gawaing voodoo ay hindi laging napapansin ng mga tagalabas dahil madalas itong gumagamit ng mga Katoliko Romanong ritwal, imahen, at mga pangalan ng mga santo. Gumagamit sila ng mga krus at iba pang simbolong Kristiyano. Ang stadistika para sa voodoo ay mahirap matagpuan dahil maraming nakikilahok sa Voodoo ay nakikilahok din sa ibang mga relihiyon, kabilang na ang Kristiyanismo.[117]

"Dapat nating tandaan na habang ang Dios ay nananahan at kumikilos sa mga anak ng liwanag, gayundin ang demonyo ay nananahan at kumikilos sa mga anak ng kadiliman. Kung paanong ang Banal na Espiritu ay inaangkin ang kaluluwa ng mabubuti, gayundin ang masamang espiritu inaangkin ang kaluluwa ng mga buktot. Samakatuwid, tinatawag siya ng Apostol na "ang dios ng mundong ito;" mula sa hindi kontroladong kapangyarihan niya sa mga taong makasanlibutan."
- John Wesley
("A Caution against Bigotry")
("Isang Babala Laban sa Pagkapanatiko")

Kung minsan ang mga taong tinatawag ang kanilang sarili na Kristiyano gayunman ay hindi tunay na nagbalik-loob ay hindi nakikita ang salungatan sa pagitan ng Voodoo at Kristiyanismo. Ang isang taong dumadalo sa iglesya ay maaari ring pumunta sa isang voodoo witch doctor/ mediko/ albularyo/ manghuhula para siya ay tulungan sa ibang suliranin. Ang isang negosyante ay maaaring humiling ng himala upang tulungan siyang mas maraming maibenta. Ang isang magulang ay maaaring pumunta sa albularyo upang magpatulong sa isang anak na maysakit.[118]



►Bakit imposible para sa isang sumasamba sa voodoo na maging isang tunay na Kristiyano?

Ang mga sumasamba sa Voodoo ay nakikipag-ugnayan sa mga espiritu sa paggamit ng mga altar, mga handog, mga sayaw at mga seremonya. Nagdarasal din sila sa mga ninuno.

Ang mga espiritu *(loa*) ay hinati-hati sa 5 bansa, at maraming bilang ng mga pamilya ng indibidwal ng may pare-parehong apelyido. May ilang tiyak na espiritu o pamilya ng espiritu ang iniuugnay sa mga tiyak na aspeto ng buhay, katulad ng agrikultura, ng militar o pag-ibig. Ito ay katulad kung paano itinakda ng Katolikong Romano ang mga santo sa iba't-ibang aspeto ng buhay.

Ang mga pari at propetisa sa relihiyon ay nangunguna sa mga gawaing pagsamba at maaaring upahan upang magsagawa ng pangkukulam o protektahan mula sa pangkukulam. Maaaring mayroon siyang kongregasyon na kanilang pinangungunahan sa regular na pagsamba at binibigyan ng iba pang espirituwal na paglilingkod. Mayroon pang ibang mangkukulam na tinatawag na *bokor* na maaari o hindi man mga pari, at mas iniuugnay sa

[117] Imposible na maglingkod sa Dios at sumamba rin sa ibang espiritu (1 Corinto 10:20-22).
[118] Image by Stephen Gibson, retrieved from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52352524591, public domain.

masamang pangkukulam. Halimbawa, ang isang *bokor* ay maaaring bayaran upang maglagay ng sumpa sa isang tao.[119]

Walang sentrong organisasyon o awtoridad. Ang bawat pari o propetisa ay may mas gustong mga gawain. Ang bawat sumasamba sa voodoo ay nasa isang pamilyang voodoo.[120]

Ang mga serbisyong voodoo ay karaniwang sa Biyernes o Sabado nang gabi. Kabilang sa isang serbisyong voodoo ang mga talatang babasahin bilang paggalang sa iba't-ibang espiritung nakaugnay sa pamilya, maraming awitin at panalangin. Ang mga sumasamba ay gumagamit ng tambol, tambourine, at plauta. Ang isang serbisyo ay maaaring tumagal sa buong magdamag. Sa panahon ng isang serbisyong voodoo, ang mga espiritu ay lumulukob sa iba't-ibang sumasamba, nagsasalita at kumikilos sa pamamagitan nila. Ang paglukob ng isang espiritu ay isang mahalagang layunin sa pagsambang voodoo. Pinaniniwalaan na dumarating ang espesyal na mga benepisyo sa mga pamilya ng mga nalulukuban sa ganitong paraan. Kung minsan ang mga espiritu ay nagbibigay ng payo o lunas.[121]

► Bakit hindi dapat humanap ng tulong mula sa mga espiritu ang mga Kristiyano?

Sa mga espesyal na seremonya may mga sakripisyo ng manok o baboy at pag-inom at pagwiwisik ng dugo. Maaaring kagatin ng isang propetisa ang ulo ng isang manok. Maaaring sumayaw sa paligid ng apoy o paligid ng puno ang mga sumasamba. Naglalabas sila ng pagkain para sa mga espiritu. Gumuguhit sila ng mga diagram sa sahig na inaasahang makakokontrol sa kapangyarihan ng espiritu. Gumagamit sila ng mga ahas sa mga seremonya. Kung minsan nagsusuot sila ng damit na puti. Kung minsan nagpipinta sila ng kanilang mga mukha, gumagamit ng iba't-ibang kulay, ngunit espesyal ang puti.

Kung minsan ipinakikita ang supernatural na kapangyarihan. May mga nag-aangkin na sila ay pinagaling ng mga espiritu. Sinisikap nilang itaboy ang espiritu na nagiging dahilan ng karamdaman. Mayroong may kakayahang kumagat ng nag-aapoy na kahoy at humahawak ng baga sa kanilang mga bibig.

Kung minsan isang maliit na manika ang ginagamit upang kumatawan sa tao na susumpain. Ang mga karayom, aspile o kutsilyo ay maaaring itusok sa manika. May mga taong namatay dahil sa mga sumpa, ngunit ang tunay na Kristiyano ay nagpatotoo na hindi makasasama sa kanila ang mga sumpang voodoo.

Sa sariling tahanan ng isang sumasamba, maaaring mayroon siyang altar sa mga espiritu at ninuno. Maaaring sa altar ay mayroong larawan at estatwa ng mga espiritu, at mga bagay

[119] Ang isang lalaking nagngangalang Simon ay isang may kapangyarihang mangkukulam, ngunit mas higit ang kapangyarihan ng Dios (Mga Gawa 8:9-13).
[120] Bilang mga Kristiyano, tayo ay nasa espirituwal na pamilya, kasama ang mga kapatid na nakikibahagi sa buhay sa atin (Santiago 2:15-16, Galacia 6:10).
[121] Nagbibigay ang Banal na Espiritu ng direksiyon sa iglesya, at maaaring pagtiwalaan dahil siya ay Dios (Mga Gawa 13:2, 15:28, Galacia 3:5).

na kinalulugdan nila katulad ng mga bulaklak, kandila, pabango o pagkain. Isang simpleng alay ay isang puting kandila at isang basong tubig na inumin.

May mga nagsusuot ng mga bagay na inaasahang mag-iingat sa kanila mula sa masasamang espiritu. Inilalagay rin nila ang mga iyon sa kanilang mga anak at sanggol.

Naniniwala sila na pagkatapos mamatay ang isang kaluluwa ay naninirahan sa ilang aspeto ng kalikasan katulad ng isang puno.

May mga sumasamba sa voodoo na nalulukuban at pinaghaharian ng demonyo sa lahat ng sandali. Ang ilan ay nasisiraan ng ulo, nagiging marahas, at nakasasama sa kanilang sarili.[122]

*Ngayon bumalik at basahin nang sama-sama ang footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Voodoo. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa sa mga iyon sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo

Walang relasyon sa Dios o katiyakan ng kaligtasan ang mga tagasunod ng Voodoo. Nangangahulugan ito na mayroon silang espirituwal na pangangailangan na maaaring matugunan ng Ebanghelyo. Maaaring ibahagi ng isang Kristiyano ang Ebanghelyo at ang kanyang sariling patotoo ng pagbabalik-loob at kung ano ang kahulugan sa kanya ng pamumuhay na may relasyon sa Dios.

Nabubuhay sa takot ang mga sumasamba sa Voodoo. Hindi sila naglilingkod sa isang Dios na nagmamahal sa kanila. Inaasahan nila kapwa ang mabuti at masamang pagkilos mula sa mga espiritu. Kailangan nilang bayaran ang tagapanguna o nagsasagawa ng voodoo para sa bawat relihiyosong gawain para sa kanila. Sa ilang mga bansa ang mga tao ay naaalipin ng mga tagapangunang voodoo.

Ang isang taong pumipili na sambahin ang mga espiritu ay gumagawa nito dahil iniisip niya na kailangan niya ang kanilang tulong at proteksiyon. Pareho ang resulta nito sa paghabol sa alinmang kasalanan; ang mabuti na sinisikap na makuha ng isang tao ay lumilipas, at sinisira ng kasalanan ang lahat ng mabuti sa kanyang buhay, kabilang ang mga relasyon sa pamilya.

Ang isang taong tumatanggi sa Ebanghelyo ay nagnanais na magpatuloy sa kasalanan at magkontrol sa kanyang buhay sa halip na ibigay ang kontrol nito sa Dios. Gayunman, ang isang taong may relasyon sa masamang espiritu ay nawawalan ng kontrol sa kanyang sarili at naaalipin.

[122] Ang isang taong sinasaniban ng demonyo ay takot at wala sa katinuan ng sarili, at sinasaktan ang kanyang sarili (Marcos 5:2-5).

Ang Ebanghelyo ay isang mensahe ng kaligtasan mula sa masasamang kapangyarihan. Ito ay isang alok ng kapatawaran. Ito ay isang alok ng relasyon sa Dios na nagmamahal at kumakalinga sa atin.

### Isang Patotoo

Si Jacques ay isang vodoo witch doctor sa Haiti. Nakapatay na siya ng maraming tao dahil sa kanyang mga sumpa. Namuhay na siya kasama ng maraming babae. Isang araw sinabi sa kanya ng isang misyonero na darating ang araw na wawasakin siya ng mga espiritung kanyang pinaglilingkuran. Pagkalipas noon ay inanyayahan ni Jacques ang misyonero upang siya'y ipanalangin. Nagsisi si Jacques at winasak ang lahat ng kanyang kagamitan sa voodoo.

### Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon muling basahin ang Awit 145. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag ng mensahe ng talata na ito para sa isang tagasunod ng Voodoo. Hayaan ang ilang mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

### Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at ibigay iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Leksiyon 17
# Pag-unawa sa Sabadista

## Unang Pakikipagharap

Nagtataka si Linda na makita niya ang maraming tao sa kanilang daan na patungo sa iglesya tuwing Sabado. Tinanong niya ang kanyang kapitbahay tungkol dito. Sinabi nila sa kanya na Sabado ang tamang araw para sa pamamahinga at pagsamba. Ipinaliwanag nila na kapag Sabado hindi sila nagnenegosyo o namimili o anumang paglilibang. Iniisip ni Linda na maaaring mayroon silang napakanaiibang relihiyon kaysa sa ibang mga iglesya, bagaman tila naniniwala sila sa parehong mga bagay tungkol sa Dios at sa kaligtasan.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang 1 Timoteo 1. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng Kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito tungkol sa pagtuturo ng doktrina? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin ang inyong mga isinulat.*

## Sabadista

### Ang Pinagmulan ng Sabadista



Noong 1830, si William Miller,[123] isang tagapangaral na Baptist, ang nagsimulang ipangaral na si Hesus ay babalik na sa lalong madaling panahon. Sa loob ng ilang taon, ang kanyang mga tagasunod ay tinawag na Millerites. Taong 1844, ang mga Millerites ay humula sa pagbalik ni Kristo sa Oktubre 22,1844. Libo-libong tao ang nakumbinsi. Marami sa mga Millerites ang umalis sa kilusan pagkatapos na hindi naman dumating si Hesus. Inangkin ni Hiram Edson na nakatanggap siya ng rebelasyon na sa araw na iyon nagsimula si Hesus ng isang bagong ministeryo sa sanktuwaryong makalangit. Ang mga nanatili sa kilusan ang naging iglesya ng Sabadista o mas kilala bilang Seventh-Day Adventist.

Mayroong ibang iglesya na nagbibigay-diin na ang Sabado ang tamang araw para sa Kristiyanong pagsamba. Mayroon ding iba na nauna sa organisasyong ito na nagturo ng doktrinang iyon, ngunit ang Sabadista ang pinakamalaki, ang pinakamaimpluwensiya.

[123] Image: "William Miller," by J. H. Bufford Lithography Company, retrieved from the National Portrait Gallery, Smithsonian Institution https://npg.si.edu/object/npg_NPG.80.107, public domain (CC0).

## Impluwensiya sa Kasalukuyan

Inaangkin ng mga Sabadista na mayroon silang 71 libong iglesya at 17 milyong miyembro. Nagtatrabaho sila sa 209 bansa at nagmiministeryo sa 921 lengguwahe. Mayroon silang 173 ospital at 7,800 paaralan.[124]

## Ang Doktrina ng Sabadista

Naniniwala ang mga Sabadista sa pangunahing doktrinang Kristiyano tulad ng Trinidad, ang pagiging Dios ni Kristo at ang Banal na Espiritu, ang pangwakas na awtoridad ng Biblia, at sa kaligtasan sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

Naniniwala ang mga Sabadista na ang tao ay hindi likas na imortal o walang kamatayan. Sa kamatayan ang tao ay napupunta sa walang kamalayang kundisyon hanggang sila ay muling buhayin. Ang kaligtasan ay isang pangako ng walang hanggang buhay na ipagkakaloob sa muling pagkabuhay para doon sa mga naligtas. Ang mga hindi naligtas ay muling bubuhayin para hukuman pagkatapos ay wawasakin sa lawa ng apoy. Naniniwala sila na si Satanas at ang ibang demonyo ay lubusan ding wawasakin. Walang walang-hanggang kaparusahan.[125]

Naniniwala ang mga Sabadista na ang mga Kristiyano ay dapat sumunod sa ilang batas sa pagkain sa Lumang Tipan.[126] Naniniwala sila na ang mga panuntunan sa pagkain ay para sa kapakanan ng kalusugan. Inaangkin nila na ang mga Sabadista ay mas mahaba ang buhay kaysa ibang tao.

Naniniwala ang mga Sabadista na ang batas ng Dios ay nagpapakita sa mga Kristiyano kung paano sila dapat mamuhay, at ang Kristiyano ay dapat mamuhay nang matagumpay laban sa kasalanan. Sinasabi nila na hindi sila naniniwala na ang isang tao ay naliligtas sa pamamagitan ng mga gawa, ngunit naniniwala sila na ang isang tunay na Kristiyano ay mamumuhay ng buhay na masunurin sa Dios. Naniniwala sila na mawawala ang kaligtasan ng isang tao kung hindi siya magpapatuloy sa pamumuhay para sa Dios.[127]

Ang pangunahing organisasyon ng mga Sabadista ay hindi naniniwala sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa. Gayunman, may mga indibidwal at grupo ng mga Sabadista na labis na nagbigay-diin sa batas na tila sinasabi nila na ang pagsunod sa batas ang paraan upang maligtas. Kung inaasahan ng isang tao na tatanggapin siya ng Dios dahil sa kanyang mga gawa, hindi niya inilalagay ang kanyang pananampalataya sa biyaya na ipinagkaloob ni Kristo.

---

[124] Iniulat noong 2014.

[125] Sinabi ni Hesus na magkakaroon ng walang hanggang kaparusahan. (Mateo 25:46).

[126] Ang lahat ng karne ay pinahihintulutan para sa Kristiyano, ayon sa 1 Timoteo 4:4.

[127] Tama ang mga Sabadista na ang kasalanan ang sumisira sa ating relasyon sa Dios. Sinabi ni Hesus na tayo ay nananatili sa isang relasyon ng pag-ibig sa kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga kautusan. (Juan 15:10).

►Ano ang tamang pananaw sa mga gawa? Paano natin ipapaliwanag na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya kahit na kinakailangang mamuhay nang masunurin sa Dios?[128]

Pinakakilala ang mga Sabadista dahil sa kanilang doktrina ng Sabbath. Naniniwala sila na Sabado, ang ikapitong araw ng isang linggo, ay ang tamang araw para mamahinga at sumamba ang Kristiyano. Naniniwala sila na ang mga iglesyang sumasamba kapag Linggo ay sumunod sa isang paganong kaugalian.

**Saloobin Patungkol sa Ibang Iglesya**

Naniniwala ang mga Sabadista na sila ang matapat na "natitira," ang mga taong patuloy na tumutupad sa mga kautusan ng Dios sa isang mundo ng naikompromisong Kristiyanismo. Naniniwala sila na ang Babilonia sa propesiyang Biblikal ay tumutukoy sa ganap na tumalikod na organisasyong pangrelihiyon at sa kanilang mga kapanalig sa sistema ng mundo.

Naniniwala sila na mayroong mga tunay na Kristiyano sa iba't-ibang denominasyong Kristiyano na sumusunod sa Dios ayon sa kanilang mga nauunawaan, ngunit hindi nila nauunawaan ang lahat ng hinihingi Niya. Sa mga huling araw bago dumating ang Panginoon, ang lahat ng tao ay darating sa isang krisis at kinakailangang tumanggap ng liwanag at lumakad dito o kaya'y mawasak sa paghuhukom ng Dios. Ang mga sumasamba sa araw ng Linggo na hindi tinatanggap ang katotohanan ay tatanggapin ang "tatak ng halimaw" sa takdang araw.

Kinikilala ng mga Sabadista na ang iba't-ibang mga tao sa kasaysayan ng iglesya ay mga tunay na Kristiyano at ginamit ng Dios, tulad ng mga tagapanguna sa Reformation. Bumabasa rin sila at bumabanggit mula sa mga teologo at iskolar ng Biblia na hindi naman Sabadista.

► Paano mo ilalarawan ang saloobin ng Sabadista patungkol sa ibang mga iglesya?

"Ang pagiging masigasig [pagiging panatiko] sa pangkalahatan ay maaaring ipaliwanag bilang: Isang relihiyosong pagkahumaling na nagmula sa ilang maling ipinapalagay na impluwensiya o inspirasyon ng Dios; kahit man lang, mula sa pag-asa sa isang bagay na mula sa Dios na hindi nararapat na asahan mula sa kanya."
- John Wesley
("Ang Kalikasan ng Pagiging

**Ang Kahalagahan ng Propesiya**

Naniniwala ang mga Sabadista na ang propesiya ay isang regalo para sa iglesya, na kinakailangan para sa patuloy na paggabay. Ang kanilang pinakamahalagang propeta ay si Ellen White. Nagsimula siyang magpropesiya noong 1844. Sumulat siya ng mahigit sa 2,000 pangitain. Ang kanyang mga pangitain at iba pang isinulat ay inipon sa 80 aklat. Hinihikayat ng mga Sabadista ang kanilang mga miyembro na regular na basahin ang kanyang mga isinulat.

[128] Sinusunod natin ang Dios upang manatili sa relasyon sa kanya, ngunit hindi tayo magkakaroon ng kaligtasan sa pamamagitan ng ating mga gawa o gagawin tayo nitong karapat-dapat sa kaligtasan. Pinatatawad tayo dahil sa kamatayan ni Hesus para sa atin. Kung ang isang tao ay nabubuhay sa pagsuway, iniwan na niya ang kanyang relasyon sa Dios at kanyang kaligtasan.

Naniniwala ang mga Sabadista na ang Biblia ang pangwakas na awtoridad, at ang lahat ng propesiya ay dapat subukin sa Kasulatan. Si Ellen White mismo ang nagsabi na ang kanyang aklat na may pamagat na *Testimonies* ay hindi na kakailanganin kung sinusunod lamang na mabuti ng mga tao ang Kasulatan. Sinabi niya na ang kanyang mga isinulat ay hindi naglalayon na magpahayag ng anumang hindi ipinahiwatig sa Biblia.[129]

Inilalathala pa rin at ipinamamahagi ng mga Sabadista ang mga aklat ni Ellen White bilang ang pinakamabuting paliwanag sa kanilang doktrina. Binabanggit nila siya nang madalas sa kanilang mga lathalain. Hindi nila inaangkin na ang kaniyang mga isinulat ay isang awtoridad na maihahambing sa Biblia.

Karamihan sa mga isinulat ni Ellen White ay nagpapahayag ng mga kuro-kuro na wala sa Biblia, at nagbibigay ng Kasulatan na batay sa bagong rebelasyon sa halip na sa normal na pagbibigay-kahulugan. Mayroong panganib na ang mga Sabadista ay nagbibigay ng labis na awtoridad sa mga isinulat bukod sa Biblia, at hindi hinahayaan ang Biblia na magkaroon ng pinakamataas na awtoridad.

► Ano ang wastong paggamit ng mga isinusulat ng mga pastor at mga tagapagturo?

Ang pagtutuon ng mga Sabadista sa propesiya sa mga huling panahon ay nakikita sa pangalan ng kanilang iglesya, na tumutukoy sa pagdating ng Panginoon. Binibigyang-diin nila ang detalyadong pagbibigay-kahulugan ng propesiya sa Biblia tungkol sa mga huling panahon, kabilang ang maraming hindi maliwanag na mga sipi sa Kasulatan. Binibigyang-diin ng mga Sabadista ang gampanin ng mga pangitain at himala sa kanilang modernong ministeryo.

### Ang Usapin ng Ikapitong Araw

Sinisimulan ng mga Sabadista ang kanilang Sabbath sa Biyernes nang gabi sa paglubog ng araw at tinatapos ito sa Sabado sa paglubog ng araw, tulad ng ginagawa ng mga Judio.

Naniniwala ang mga Sabadista na ang pagsamba sa araw ng Linggo sa halip na sa Sabado ay ang "tanda ng halimaw" na inilarawan sa aklat ng Pahayag.[130] Naniniwala sila na darating ang panahon na sisikapin ng mundo na hingin ang pagsamba sa araw ng Linggo at uusigin ang mga nagsisikap na panatilihin ang pagtuturing ng Sabado bilang Sabbath. Naniniwala sila na sa kasalukuyan mayroong mga tunay na Kristiyano na nasa mga iglesya na sumasamba sa araw ng Linggo, ngunit sa isang panahon sa hinaharap kakailanganin nilang magbago sa katotohanan ng Sabadong Sabbath o mawala ang kanilang mga kaluluwa dahil sa pagtanggi sa katotohanan. Naniniwala sila na kapag dumating ang krisis lahat ng tunay na Kristiyano ay magiging matapat sa Sabadong Sabbath kahit na ito ay mangahulugan ng

[129] Ellen White, *Testimonies*, Volume 5, pp. 664-665
[130] Ang "marka ng halimaw" sa aklat ng Pahayag ay hindi tumutukoy sa anumang katulad ng pagsamba sa isang partikular na araw. (Pahayag 13:16).

kamatayan, ang sinumang sumusunod sa Linggo bilang ang Araw ng Panginoon ay hindi isang Kristiyano.

Walang indikasyon sa aklat ng Pahayag na ang isang araw sa isang linggo ay ang usapin. Sa halip, ang usapin ay ang pagsamba sa isang tao na hindi naman Dios.

Isaalang-alang ang implikasyon ng mga paniniwala ng Sabadista. Kung sila ay tama, halos ang lahat ng iglesyang Kristiyano ay mali mula pa noong unang siglo. Halos walang sinuman sa milyong bilang ng mga maka-Dios, at espirituwal na mga Kristiyano na nabuhay noon ang nakatanto na sila ay sumusunod sa "tanda ng halimaw," at malinaw na hindi ito ipinakita sa kanila ng Dios. Ito ay hindi isang maliit o minor na doktrina na nawala, kundi isang napakahalaga na ayon sa mga Sabadista, sa mga huling araw mawawala ang kaluluwa ng isang tao kung siya ay nagkamali.

Linggo ang araw ng pagsamba para sa mga Kristiyano sa bawat bansa sa mundo. Milyon ang bilang ng mga Kristiyano sa buong mundo na nagtitipon upang sambahin ang Dios at nakikinig sa kanyang Salita. Nagpapatotoo sila sa kanyang pagmamahal at biyaya at nagtatalaga ng sarili upang paglingkuran Siya. Milyon sa kanila ang nagdusa ng matinding pag-uusig dahil sa kanilang pagtatalaga ng sarili sa Dios. Maaari ba talaga nating paniwalaan na sila ay sumusunod sa isang doktrina ni Satanas at sa darating na panahon ay mawawala ang kanilang kaluluwa kung hindi sila kumbinsido ng Sabadong Sabbath?

► Isipin ang lahat ng maka-Dios na halimbawa na naging pagpapala sa inyong buhay. Maaari ba nating paniwalaan na silang lahat ay mawawala malibang magbago ang kanilang pag-iisip sa usaping ito?

Inaangkin ng mga Sabadista na ang pagsamba kung Linggo ay nagsimula sa Konseho ng Nicea noong A.D.325. Ang katotohanan ay ang mga pasya ng konseho ay hindi lumikha ng anumang bagong doktrina. Sila ay nagtatatag ng mga doktrinang pinaniniwalaan nila na nagmula sa mga apostol.

Nagsimulang isagawa ng mga Kristiyano ang Linggo bilang ang Araw ng Panginoon sa maagang panahon na hindi na natin makita ang simulang panahon. Ang *Didache* ay isinulat malapit sa katapusan ng unang siglo ng iglesya. Ito ay isang buod ng mga katuruan ng mga apostol. Ginamit ito sa mga iglesya sa lahat ng lugar. Sinasabi ng Didache na dapat magtipon ang mga Kristiyano sa Araw ng Panginoon para sa komunyon. Ang isinulat na ito ay hindi nagtatangkang magturo ng anumang bago, kundi pagbalik-aralan ang mga nakatatag nang doktrina, na nangangahulugan na ang gawaing ito ay pangkaraniwan na. Nalalaman na ng karamihan sa mga Kristiyano na ito ay doktrina ng mga apostol.

Ang liham ni Barnabas ay isinulat malapit sa katapusan ng unang siglo. Hindi ito Kasulatan, ngunit ito ay ginamit bilang babasahing debosyonal sa mga iglesya. Tinatawag nito ang Linggo bilang ang "ikawalong araw," ang araw nang si Hesus ay bumangon mula sa mga patay. Sinasabi nito na ipinagdiriwang ng mga Kristiyano ang ika-walong araw.

Wala tayong makikita sa Biblia na nagpapaliwanag na ang Sabbath ay inilipat sa Linggo. Sa halip nakakikita tayo ng mga utos na ang isang tao ay hindi dapat hatulan ayon sa kanyang pagsasagawa ng Sabbath (Colosas 2:16-17, Roma 14:5-6). Nakikita rin natin na ang mga Kristiyano sa Bagong Tipan ay magbibigay ng mga kaloob sa araw ng Linggo (1 Corinto 16:1-2), nagtitipon sila para sa mga gawain kapag Linggo (Mga Gawa 20:7), at tinatawag nila ang Linggo na ang Araw ng Panginoon (Pahayag 1:10).

Ang Judiong Sabbath ay hindi isang kahilingan sa mga Kristiyano, kundi ang prinsipyo ng araw ng pahinga ay isang prinsipyo ng paglikha para sa lahat ng panahon. Samakatuwid, dapat iwasan ng isang Kristiyano na makilahok sa trabaho o negosyo kapag Linggo.

**Buod ng Usapin ng Ikapitong Araw**

(1) Walang pahiwatig sa aklat ng Pahayag na ang "tanda ng halimaw" ay tumutukoy sa usapin ng kung aling araw sa isang linggo ang para sa pagsamba.

(2) Hindi makatotohanan na paniwalaan na halos ang lahat ng Kristiyano sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar ay nagkamali sa isang doktrina na maaaring maging dahilan upang mawala sa kanila ang kanilang mga kaluluwa.

(3) Sinasabi sa atin ng Biblia na hindi natin dapat husgahan ang iba sang-ayon sa kanilang isinasagawa sa araw ng Sabbath.

(4) Naitatag na ang pagsamba sa araw ng Linggo sa unang siglo bilang isang doktrina ng mga apostol.

> "Sa Araw ng Panginoon, magtipon kayo at magputolputol ng tinapay, magpasalamat, ngunit ipahayag muna ang iyong mga kasalanan upang ang iyong hain ay maging dalisay."
> - Didache
> (from the 1st century church)

(5) Nagtitipon-tipon ang mga Kristiyano sa Bagong Tipan sa araw ng Linggo at tinawag itong Araw ng Panginoon.

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Seventh-Day Adventism. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa nito sa grupo.*

## Pag-eebanghelyo/ Paggamit sa *Handbook of Doktrine*

Hindi natin dapat sabihin na ang isang tao ay hindi Kristiyano dahil siya ay isang Sabadista. Maaaring naligtas na ang isang taong naniniwala sa lahat ng mga doktrina ng Adventist. Ang suliranin sa pakikisalamuha sa ilang Sabadista ay hindi ang pagtanggi natin sa kanila kundi ang pagtanggi nila sa atin.

Sumasang-ayon tayo sa mga Sabadista na ang mga Kristiyano ay namumuhay nang may pagsunod sa Dios. Hindi tayo sumasang-ayon sa mga iglesya na nagtuturo na dahil tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya, hindi mahalaga na mamuhay nang may katagumpayan laban sa kasalanan.

May mga Sabadista na tila naniniwala na ang tao ay naligtas sa pamamagitan ng mga gawa sa halip na sa biyaya. Ang ilan ay tila naniniwala na kung hindi sinusunod ng isang tao ang mga hinihingi ng Lumang Tipan ay hindi siya ligtas, kahit pa sinsero niyang sinusunod ang Biblia ayon sa kanyang pagkaunawa dito. Hindi nauunawaan ng mga Sabadista na ito ang ebanghelyo ayon sa Kasulatan. Sa mga Sabadista na ito, gamitin ang sumusunod na mga puntos mula sa *Handbook ng Doktrina.*

(9) Ang kaligtasan ay tanging sa pagbabayad-sala ni Kristo.

(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Maaari kang tumugon sa usapin ng Sabbath gamit ang mga seksiyon sa leksiyong ito tungkol sa "Ang Usapin ng Ikapitong Araw."

Kung ang isang Sabadista ay tunay na naniniwala na ang mga katuruan ng Biblia ay sapat para sa kaligtasan nang walang iba pang rebelasyon, iyon ay mabuti. Kung ang Sabadista ay tila nag-iisip na ang ibang rebelasyon, tulad ng ayon kay Ellen White, ay kinakailangan, dapat mong ipakita sa kanya ang mga Kasulatang ginamit na reperensiya sa *Handbook ng Doktrina,* sa seksiyon na:

(1) Ang Biblia ay sapat para sa doktrina.

### Isang Patotoo

Si Evan ay isang miyembro ng Sabadista sa loob ng 12 taon. Pinag-aralan niya ang kanilang mga doktrina at binasa ang mga isinulat ni Ellen White. Ang kanyang pangunahing naisin ay malaman kung paano maliligtas ang isang tao at pinapagiging-banal. Sinabi niya na ang doktrina ng Sabadista ay nagtuturo na tayo ay naliligtas sa pagsunod sa mga kautusan. Binasa niya ang Galacia 5:4, na nagsasabi na kung sinisikap nating mapawalang-sala ayon sa batas wala sa atin si Kristo. Sinabi niya na ang mga Sabadista ay tila nagsasabi na ang ebanghelyo ay magbabago sa mga huling araw, at ang mga tao na hindi sumusunod sa tamang Sabbath ay hindi maliligtas, kahit pa ang mga sinserong tao ay naligtas nang hindi ginagawa ang Sabbath sa nakaraan. Naniniwala pa rin si Evan na dapat nating sundin ang Dios, ngunit iniwan niya ang mga Sabadista dahil naniniwala siyang mayroon silang ebanghelyo ayon sa mga gawa.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang 1 Timoteo 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na nito para sa tagasunod ng Sabadista. Hayaang ibahagi ng ilan sa mga mag-aaral ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaan na humanap ng pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao na mula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa iyong tagapanguna sa klase.

# Leksiyon 18
# Pag-unawa sa Katolisismong Romano

## Unang Pakikipagharap

Noong siya ay bata pa, idinalangin ni Anna sa Dios na akayin siya sa isang iglesya kung saan mararamdaman niya ang pagtanggap sa kanya. Bilang isang kabataang may hustong edad bumisita siya sa isang simbahang Katoliko para sa misa. Marami sa mga kaugalian ng Katolikong Romano ay tila di pangkaraniwan para sa kanya. Nagustuhan niya ang katotohanan na sila ay nagsasagawa ng parehong kaugalian sa pagsamba sa buong mundo. Nagsimula siyang makaramdan na isang kahanga-hangang himala na ang misa ay nagiging ang katawan at dugo ni Hesus sa lahat ng panahon, upang ang mga tao ay makaugnayan ni Hesus.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Tito 2. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbibigay-buod sa talata na ito ng Kasulatan. Ano ang sinasabi ng talata na ito tungkol sa pamumuhay Kristiyano? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## Ang Romano Katoliko

### Ang Pinagmulan ng Romano Katoliko

Ang buong-mundong tagapanguna ng Katolikong Romano ay tinatawag na papa. Ang kanilang pangunahing punong tanggapan ay nasa Roma.

Ang salitang *Katoliko* ay nangangahulugang “unibersal” o “kumpleto.” Inaangkin ng Simbahan ng Katolikong Romano na sila ang kumpletong iglesya ng Dios at ang lahat ng ibang iglesya ay mali.

> “Ang iglesya ay apostoliko,
> dahil patuloy na pinaghaharian ng awtoridad na apostolikal na nabubuhay sa mga isinulat ng mga apostol,ang awtoridad na iyon ang siyang pamantayan.”
> - William Pope
> (Compendium of Christian Theology, III, 285)

Inaangkin ng mga Katoliko na sila ang orihinal na iglesyang itinatag ni Kristo. Inaangkin nila na ang unang papa ay si Pedro, at si Pedro ay laging mayroong kahalili bilang papa sa iglesyang Katoliko. Naniniwala sila na ang kanilang grupo ng mga tagapanguna na tinatawag na “Cardinal” ang mga kahalili ng mga apostol at mayroong parehong awtoridad tulad ng mga orihinal na mga apostol. Bilang paghahambing dito, karamihan sa mga ebanghelikong iglesya ay naniniwala na ang mga apostol ay nasa unang henerasyon lamang ng iglesya at ang kanilang awtoridad ngayon ay dumarating sa pamamagitan ng kanilang mga isinulat sa Kasulatan.

Ang Katolikong Romanong ay katulad ng Eastern Orthodoxy sa mga paniniwala at mga seremonyang pangrelihiyon.

**Impluwensiya**

Ang Simbahan ng Katolikong Romano ay isang organisasyong pangbuong mundo. Mayroong mahigit sa isang bilyong miyembro ang Katoliko. Karamihan sa mga populasyon ng maraming bansa ay Katoliko. Sa mga bansang iyon, ang relihiyong Katoliko ay bahagi ng kanilang kultura. Mayroong milyong tao ang nagsasabi na sila ay Katoliko ngunit paminsan-minsan lamang nakikilahok sa mga gawaing pangrelihiyon.

Ang simbahang Katoliko ay napakayaman at makapangyarihan sa pulitika. Sa mga unang siglo, maraming beses na gumamit ang simbahan ng mga hukbo upang pwersahin ang mga bansa upang magpasakop sa simbahan. Sa mga bansang kontrolado ng Katolisismo, maraming tao ang pinahirapan at pinatay dahil hindi sila sumang-ayon sa mga doktrina ng Katoliko.

> "Nagdusa si Kristo sa ating lugar upang matugunan ang radikal na pangangailangan ng kabanalan ng Diyos, upang alisin ang balakid sa pagpapatawad at pagkakasundo ng nagkasala. Ang hinihingi ng kabanalan ng Diyos, ang pag-ibig ng Diyos na ibinigay sa krus."
> - Thomas Oden
> (The Word of Life, 349)

►Ang tanong na ito ang nagpapakilala sa susunod na seksiyon. Ano ang mga relihiyosong gawain ng Katolikong Romano ang nakita ninyo?

**Mga Paniniwala ng Katolikong Romano**

Ang istilo ng pagsamba ng Katolisismo ay napakapormal. Marami silang malalaking katedral sa buong mundo na kilala dahil sa kanilang magagandang arkitektura. Napapalamutian ang mga katedral ng mga larawan at estatwa ng mga santo mula sa kasaysayan. Madalas na may espesyal na damit ang mga pari. Ang mga gawaing pagsamba ay karamihang ginagawa ng mga pari, na may kaunting pakikilahok mula sa kongregasyon.

Ang mga tao sa maraming kultura ay nagiging Katoliko habang patuloy na ginagawa ang mga gawaing pangrelihiyon ng kanilang nakaraang relihiyon. Ang mga dios-diosan ay binibigyan ng mga pangalan ng mga santong Katoliko. Ang mga seremonya ng Katolisismo ay kahalo ng mga seremonya ng mga sumasamba sa dios-diosan o relihiyong animistiko.

Ang simbahang Katoliko ay naniniwala sa pangunahing doktrinang Kristiyano tulad ng Trinidad at ang pagiging Dios, kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay ng katawan ni Kristo.

Inaangkin ng Simbahang Katoliko na ang simbahan ang may awtoridad upang ipaliwanag ang kahulugan ng Biblia, kahit na ang kanilang pagpapakahulugan ay tila naiiba sa sinasabi ng Biblia. Isinasama rin nila ang ibang mga isinulat sa kanilang Biblia (bilang Kasulatan) na hindi kasama sa Biblia ng ibang mga iglesya.

► Ano ang wastong pananaw sa awtoridad ng simbahan kaugnay sa Biblia?

Naniniwala ang mga Katoliko na ang papa ang kinatawan ni Kristo sa mundo. Naniniwala sila na kapag siya ay gumagawa ng mga opisyal na pagpapasya tungkol sa relihiyon, hindi siya maaaring magkamali. Ang awtoridad na ito ay nagmumula sa kanilang tradisyon at hindi mula sa Biblia. Maraming papa sa nakalipas na panahon ang naging masasamang tao, nagkasala maging ng pagpatay.

Ang Eastern Orthodoxy at ang Katolikong Romano ay kapwa pumipili ng mga tao sa kasaysayan upang kilalanin bilang mga santo. Marami sa mga santo ang may kalagayan sa simbahan na katulad ng mga dios. Nagdarasal ang mga tao sa kanila para humingi ng tulong. May mga tiyak na santo na ipinapalagay na interesado sa tiyak na aspeto ng buhay o sa mga tiyak na trabaho, kaya't ang mga mandaragat, mga magsasaka, at mga guro ay may espesyal na santo, na tinatawag na santong patron, na kanilang dinadalanginan. Sa ilang mga lugar, ang mga santo ay pumapalit sa lugar ng isang paganong kalipunan ng mga dios-diosan. Itinuturing ng mga tao na ang Dios at maging si Kristo ay malayo at walang pakialam tungkol sa kanila, kung kaya't sa halip ay sa mga santo sila nananalangin.[131] Ang mga larawan at estatwa ng mga santo ay ibinibigay sa mga iglesya para dasalan ng mga tao.[132]

Ang mga bagay, na tinatawag na "relikaryo," na ginamit ng mga santo ay itinatago sa mga simbahan para parangalan. Kung minsan, ang mga natira sa katawan tulad ng ngipin o buto ay itinatago sa simbahan. Pumupunta ang mga tao upang lumuhod at manalangin sa mga santo na kinakatawan ng mga buto.

Hindi pinahihintulutang mag-asawa ang mga paring Katolikong Romano.

Si Maria (ang ina ni Hesus) ay espesyal na pinararangalan. Ang doktrina ng **Immaculate Conception/Ipinaglihi ng Walang Sala** ay nagtuturo na si Maria ay isinilang nang walang makasalanang kalikasan at hindi kailanman nagkasala. Maraming Katoliko ang nagdadasal kay Maria nang higit pa sa Dios. Ang pakiramdam nila pakikinggan ni Hesus si Maria at maiimpluwensiyahan niya si Hesus. Si Maria ay naging isang tagapamagitan sa pagitan ng sumasamba at ni Kristo.[133]

►Ano ang tamang pananaw ng Kristiyano kay Maria?

---

[131] Inaanyayahan tayo ng Dios na lumapit sa kanya sa panalangin ng may buong pagtitiwala (Hebreo 4:16). Wala tayong merito sa ating mga sarili, ngunit binigyan tayo ng Dios ng kakayahang lumapit sa presensiya ng Dios sa pamamagitan ng pagbabayad-sala.

[132] Ipinagbabawal ng Biblia ang pagsamba sa dios-diosan. (Exodo 20:4-5). Ang paggawa ng imahen na dadasalan at sasambahin ay pagsamba sa dios-diosan. Kapag nagsisi ang isang makasalanan at nagkaroon ng relasyon sa Dios, tinatanggihan niya ang mga dios-diosan (1 Tesalonica 1:9). Hindi kailanman sinabi ng Biblia na ang Kristiyano ay dapat manalangin sa kaninuman maliban sa Dios o gumamit ng imahen para sambahin.

[133] Si Hesus lamang ang tagapamagitan sa Dios at sa tao (1 Timoteo 2:5). Taglay ni Hesus ang lahat ng kahabagan, at hindi natin kailangan ng sinumang iimpluwensiya sa kanya upang magmalasakit sa atin. (Juan 11:35).

Naniniwala ang mga Katoliko na walang kaligtasan sa labas ng iglesya Katolika. Naniniwala sila na ang isang tao ay hindi maaaring magkaroon ng katiyakan na siya ay ligtas, subalit dapat matapat na sundin ang mga direksiyon ng pari at umasa sa kaligtasan.

Ang Katolisismo at Eastern Orthodoxy ay kapwa nagtuturo ng doktrina ng **transubstantiation**. Ito ang paniniwala na sa panahon ng komunyon, ang tinapay at ang alak ay nagbabagong anyo at nagiging literal na katawan at dugo ni Hesus, kung kaya't ang sumasamba ay matatanggap ang mga ito para sa kaligtasan. Samakatuwid, naniniwala sila na ang tinapay at alak ay dapat sambahin.

Hindi naniniwala ang mga Katoliko na ang isang tao ay makatatanggap ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya nang wala ang mga sakramento ng simbahan.

Hindi nangangaral ng mensahe ng ebanghelyo ang mga Katoliko na ang isang makasalanan ay maaaring magsisi sa kanyang mga kasalanan, ilagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo, at tumanggap kaagad nang katiyakan ng kaligtasan.

Mula sa milyon na bilang ng mga miyembro ng Katoliko, karamihan ay patuloy na namumuhay sa hayag na kasalanan.[134] Inaasahan nila na sila ay mananatiling Katoliko hanggang sa sila ay mamatay, pagkatapos ay gugulin ang ilang panahon sa purgatoryo, at pagkatapos ay pupunta sa langit.

> "Ang isang tunay na Protestante ay naniniwala sa Dios, may lubos na pagtitiwala sa kanyang awa, kinatatakutan siya ng paggalang tulad ng sa isang anak, at minamahal siya ng kanyang buong kaluluwa. Sinasamba niya ang Dios sa espiritu at sa katotohanan, sa lahat ng bagay ay pinasasalamatan siya; tumatawag sa kanya sa kanyang puso gayundin sa kanyang mga labi, sa lahat ng pagkakataon at sa lahat ng lugar; pinararangalan ang kanyang banal na pangalan at kanyang salita at tunay na pinaglilingkuran siya sa lahat ng araw ng kanyang buhay."
>
> "Itinatakwil ko ang lahat ng karaniwang nanunumpa,lumalabag sa Sabbath, lasenggo; lahat ng nagkakalat ng maling balita, mapakiapid, mga sinungaling, manlilinlang, nangingikil; samakatuwid, ang lahat ng nabubuhay sa hayag na kasalanan. Ang mga ito ay hindi Protestante; ni hindi sila mga Kristiyano."
>
> - John Wesley
> ("Liham sa isang Romano Katoliko")

### Ang Purgatoryo at Mga Indulhensiya

Naniniwala ang mga Romano Katoliko na pagkatapos mamatay, karamihan sa mga tao ay napupunta sa purgatoryo. Sa purgatoryo ang isang tao ay nagdurusa ng kaparusahan para sa mga kasalanan, upang makapunta siya sa langit sa hinaharap. Naniniwala sila na ang kasalanan ay dapat pa ring parusahan kahit na pinatawad na ito.[135] Samakatuwid, maging ang matapat na Katoliko ay dapat umasa na mag-uukol ng ilang panahon sa purgatoryo para sa mga kasalanang kanyang nagawa. Ang mga walang ingat na makasalanan ay umaasa na sila ay mag-uukol ng ilang panahon sa purgatoryo

[134] Sinasabi ng Biblia na ang isang ebidensiya na ang isang tao ay isang Kristiyano ay ang kanyang matuwid na pamumuhay. (1 Juan 3:7).

[135] Naghirap si Hesus upang hindi na natin kailangan maparusahan dahil sa kasalanan (Isaias 53:5). Itinatanggi ng mga Katoliko na ang sakripisyo ni Kristo ay sapat na, upang tayo ay mapatawad at hindi na maparusahan dahil sa kasalanan.

pagkatapos mamatay, pagkatapos ay papayagang pumasok sa langit. Naniniwala sila na ang apoy sa purgatoryo ay nagdudulot ng sobrang sakit na higit pa sa alinmang sakit na naranasan sa buhay.

Naniniwala sila na ang mga Kristiyano ay dapat magdasal sa mga namatay na at mag-alay sa mga simbahan para sa kanila, upang mas maagang patawarin ng Dios ang kanilang mga kasalanan at ialis sila sa purgatoryo.[136]

Ang mga Katoliko ay naniniwala na ang iglesya ay nakapagimpok na ng kayamanan ng ekstrang merito mula kay Kristo at sa mga santo.[137] Maibibigay ng papa ang meritong ito sa mga tao upang makakuha sila ng kapatawaran. Maibibigay ang meritong ito sa mga taong nabubuhay o patay na nasa purgatoryo.

► Paano nakakaapekto ang doktrina ng purgatoryo sa paraan ng pamumuhay ng mga naniniwala dito?

Ang mga katangi-tanging doktrina ng Katolisismo ay hindi nakabatay sa Kasulatan. Ang kanilang doktrina ay batay karamihan sa tradisyon ng simbahan.

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Katolikong Romano. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang mga reperensiyang talata mula sa Kasulatan. Magsalit-salit sa pagbasa ng mga iyon sa grupo.*

### Pag-eebanghelyo / Gamit ang *Handbook ng Doktrina*

Naniniwala ang mga Katolikong Romano sa mga pundasyong katotohanang Kristiyano ng Trinidad at ang pagiging Dios ni Kristo at ang Banal na Espiritu.

May mga Katoliko na inilagak na ang kanilang pananampalataya kay Kristo para sa kaligtasan, ngunit ang mensahe ng Ebanghelyo ay hindi malinaw sa Katolisismo. Karamihan sa mga Katoliko ay hindi pa nakararanas ng pagsisisi, kapatawaran, at katiyakan ng kaligtasan, at hindi namumuhay sa relasyon sa Dios. Samakatuwid, mahalaga para sa isang Kristiyano na ibahagi ang ebanghelyo. Ang mga mahahalagang aspeto ng Ebanghelyo na nakaligtaan sa Katolisismo ay maaaring patunayan sa mga sumusunod na seksiyon mula sa *Handbook ng Doktrina:*

(9) Ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Kristo.

(10) Tanging ang Dios ang dapat sambahin.

(11) Tinatanggip natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

---

[136] Hindi kailanman sinabi sa Biblia na dapat tayong manalangin para sa mga patay. Sa halip ipinahihiwatig nito na wala nang anumang magagawa para sa isang taong namatay nang walang kaligtasan. (Lucas 16:23-26).

[137] Ang kaisipan na ang merito mula sa mga banal ay idadagdag sa merito mula kay Kristo upang tulungan ang mga makasalanan ay isang teribleng doktrina. Ang mga gawa ng tao ay hindi nagbibigay ng anumang merito para sa kapatawaran (Efeso 2:8-9). Ang mananampalataya ay lubusang pinatatawad batay sa biyaya, at hindi sa pamamagitan ng gawa ng sinuman (Roma 4:5-8).

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Dahil idinagdag ng mga Katolikong Romano ang mga tradisyon na itinuturing nilang kinakailangan sa Kristiyanismo, dapat ipakita sa kanila ng Kristiyano ang Kasulatan na binanggit sa *Handbook ng Doktrina* sa seksiyong ito.

(1) Ang Biblia ay sapat para sa doktrina.

## Isang Patotoo

Naging isang pari ng Katolikong Romano si Bartolome pagkatapos ng ilang taon ng pag-aaral. Naglingkod siya bilang punong-pari sa California at makalipas ang ilang panahon ay naglingkod bilang chaplain sa navy. Ang kanyang ina ay naging ebanghelikong Kristiyano. Nakita niya ang isang kahanga-hangang pagbabago sa kanya ng nagkaroon sila ng maraming kwentuhan patungkol sa kanyang pagbabalik-loob. Hinikayat siya nito na dumepende sa Biblia bilang panghuling awtoridad para sa kanyang mga paniniwala. Nagsimula niyang matanto na maraming mahahalagang doktrina ng Katolisismo ay salungat sa Biblia. Umalis siya sa Simbahang Katoliko. Sa paglipas ng panahon naunawaan niya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng ginawa ni Kristo at hindi sa mga gawa o sa mga sakramento ng simbahan.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon muling basahin ang Tito 2.*

*Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensahe ng talata na ito para sa isang Katolikong Romano. Hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin sa Bawat Leksiyon

Tandaan na hanapin ang pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pakikipag-usap ninyo. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa iyong tagapanguna sa klase.

# Leksiyon 19
# Pag-unawa sa Eastern Orthodoxy

## Unang Pakikipagharap

Habang nagiging pamilyar si Jonathan sa Eastern Orthodoxy, siya ay humanga sa kung paano sila nagtiis ng pag-uusig mula sa mga Muslim at Komunista sa maraming bansa. Ang kanilang mga bayani ay hindi mga pastor ng malalaking iglesya o mga tagapanguna sa musika. Ang kanilang mga bayani ay mga martir. Iniisip ni Jonathan na kung magiging mas mahigpit ang pag-uusig sa lahat ng lugar, ang mga mananampalatayang Eastern Orthodoxy ang siyang makapagtitiis nito.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang Bahagi

*Sama-samang basahin ng malakas ang 1 Tesalonica 1. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng Kasulatan. Ano ang nangyari sa panahon na ang mga taong ito ay naging Kristiyano? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## Eastern Orthodoxy

### Introduksyon sa Eastern Orthodoxy

Ang salitang *Orthodox* ay nagmula sa salitang Griego na nangangahulugan ng "tamang pagsamba." Naniniwala sila na sila ang tunay na iglesya na nagtataglay ng mga doktrina at gawaing nagbibigay ng tunay na pagsamba sa Dios.

Opisyal na naghiwalay ang Eastern Orthodoxy at Katolikong Romano noong A.D.1054. Kapwa sila nag-aangkin na sila ang orihinal na iglesya na itinatag ni Hesus at ng mga Apostol. Kapwa sila nag-aangkin na sila ang iglesya ng Dios sa lupa at siyang nagtataglay ng totoong doktrina, batay sa tradisyon ng mga unang Kristiyano. Naniniwala sila sa maraming magkakatulad na mga doktrina. Ang kanilang pagsamba ay mukhang maraming pagkakatulad sa isang taong hindi pamilyar sa kanila.

Ang Eastern Orthodoxy ay may labinlimang organisasyong pang-iglesya na namamahala sa kanilang sarili. Sila ay hati-hati ayon sa heograpiya. Sa ilang mga bansa ang iglesya ay gumagamit sa pangalan ng bansa upang bumuo ng pangalan ng iglesya tulad ng Russian Orthodox Church o Serbian Orthodox Church. Ang ilan na kabilang sa labinlima ay ang Greek Orthodox Church ng Antioch, ang Romanian Orthodox Church, at ang Church ng Cyprus.

Ang bawat organisasyong pang-iglesya ay pinamumunuan ng isang patriarch o arsobispo. Ang Patriarch ng Constantinople ay itinuturing na pinakamataas na posisyon sa labinlimang

tagapanguna. Ang sinaunang lungsod ng Constantinople ay Istanbul, Turkey sa kasalukuyan. Ang Patriarch ng Constantinople ay walang awtoridad sa ibang organisasyong pang-iglesya, ngunit lahat sila ay nagpaparangal sa kanya bilang ang pinakamataas sa lahat.

Ang bilang ng mga mananampalatayang Eastern Orthodox ay tinatayang mula sa 225 milyon hanggang 300 milion. Ito ang ikalawang pinakamalaking organisasyong Kristiyano sa mundo, kasunod ng Katolikong Romano.

> "Ngayon habang ang iglesya ni Kristo Hesus ay nabubuo sa pundasyon ng mga apostol at mga propeta, si Kristo Hesus bilang ang pangunahing panulukang bato, ang mga doktrina ng iglesyang Kristianong ito ay dapat hanapin sa mga Banal na Kasulatan."
> - Adam Clarke
> (Christian Theology, 250)

Sa maraming bansa ng Eastern Europe, ang karamihan sa populasyon nito ay itinuturing ang kanilang sarili na Eastern Orthodox, at marami pa silang malalaking bilang sa ilang bansa sa Gitnang Silangan.

► Anong mga iglesya ng Eastern Orthodox churches ang pamilyar sa inyo?

### Mga Paniniwala ng Eastern Orthodoxy

Naniniwala ang iglesya sa mga pangunahing doktrina ng Kristiyano tulad ng Trinidad at ang pagiging Dios ni Kristo at ang Banal na Espiritu.

> "Ang pagbabayad-sala ay sumasaklaw sa lahat ng kasalanan anuman iyon, orihinal gayun din ang aktuwal, nakalipas man o sa hinaharap, malaki man o maliit, sa ngayon o magpawalanghanggan."
> - Thomas Oden
> (The Word of Life, 389)

Mahigpit na inaasahan ng Eastern Orthodoxy ang tradisyon ng iglesya. Upang patunayan ang isang doktrina, sila ay maaasahang bumanggit mula sa mga unang tagapanguna sa iglesya na tulad ng pagbanggit mula sa Biblia.

Nabuo ng Orthodoxy ang isang complex na sistema ng mga paniniwala at gawain na nakabatay sa tradisyon. Inaangkin nila na ang iglesya ang may awtoridad na ituro ang kinakailangan upang maligtas, kahit na ito ay higit pa sa itinuturo ng Kasulatan. Naniniwala sila na ang kanilang mga tradisyon ay hindi sumasalungat sa Biblia.[138]



Ang paraan ng pagsamba ng Orthodox ay napakapormal. Marami silang katedral sa buong mundo na kilala para sa kanilang magandang arkitektura. Binibigyang palamuti ng mga tao ang katedral ng larawan at mga rebulto ng mga santo mula sa kasaysayan. Madalas na may espesyal na kasuotan ang mga pari. Ang mga karamihan sa mga

[138] Image by Freddy Torres from Pixabay, retrieved from https://pixabay.com/photos/architecture-church-kiev-religion-2166264/.

gawaing pagsamba ay ginagawa ng mga pari, na may kaunting pakikilahok ng kongregasyon.

Ang mga tao sa maraming kultura ang nagiging Orthodox habang nananatiling ginagawa ang mga gawaing pangrelihiyon ng kanilang naunang relihiyon. Ang mga dios-diosan ay binibigyan ng mga pangalan ng Kristiyanong santo. Ang mga seremonya ay ihinahalo sa mga seremonya ng isang may dios-diosan o animistic na relihiyon, o maging pangkukulam.

Maraming tagasunod ng Orthodox ang nagtuturing sa Dios at maging kay Hesus na malayo at walang pakialam tungkol sa kanila, kaya't sa halip, nananalangin sila sa mga santo. Ang mga larawan at estatwa ng mga santo ay ibinibigay ng mga iglesya para sa mga tao upang dasalan nila ang mga ito.[139]

Ang mga bagay-bagay na ginamit ng mga santo, na tinatawag na relikaryo, ay itinatago sa mga iglesya upang parangalan. Kung minsan ang mga bahagi ng katawan tulad ng ngipin o buto ay itinatago rin sa simbahan. Pumupunta ang mga tao upang lumuhod at magdasal sa mga santong kinakatawan ng mga buto.

►Ano ang kahulugan ng pagsamba sa dios-diosan? Ang ilan ba sa mga gawain ng Eastern Orthodoxy ay masasabing pagsamba sa dios-diosan?

Si Maria ay espesyal na pinararangalan. Maraming tagasunod ng Orthodoxy ay nagdarasal kay Maria nang higit sa Dios. Sa pakiramdam nila makikinig si Hesus kay Maria at maiimpluwensiyahan niya Siya.[140] Si Maria ay naging tagapamagitan sa pagitan ng sumasamba at ni Kristo. Hindi katulad ng Katolisismo, ang Eastern Orthodoxy ay hindi naniniwala na si Maria ay isinilang na may kalikasang tao na naiiba sa lahat ng iba at namalaging malaya sa kasalanan.

Ang Katolisismo at Eastern Orthodoxy ay kapwa nagtuturo ng **transubstantiation**, ang paniniwala na sa panahon ng komunyon, ang tinapay at alak ay nagbabagong-anyo at nagiging literal na katawan at dugo ni Hesus, upang ang sumasamba ay matatanggap ang mga iyon para sa kaligtasan.[141]

Hindi katulad ng Katolisismo, ang Eastern Orthodoxy ay hindi naniniwala sa purgatoryo. Hindi rin sila naniniwala sa papa na mayroong awtoridad ni Kristo sa iglesyang pambuong

---

[139] Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na manalangin sa paraang katanggap –tanggap sa Dios (Roma 8:26-27). Dapat tayong magkaroon ng pagtitiwala na naririnig at tinutugon ng Dios ang ating mga panalangin. Ang isang taong nananalangin ay dapat maniwala na ang Dios ay tumutugon sa panalangin, o ang taong iyon ay hindi nagtataglay ng pananampalatayang nakalulugod sa Dios (Hebreo 11:6).

[140] Ang pananalangin kay Hesus ay isang tanda ng mga Kristiyano sa lahat ng lugar (1 Corinto 1:2). Nananalangin din ang mga Kristiyano sa Dios Ama (1 Pedro 1:17). Binabanggit din ng Biblia ang pakikipagkomunikasyon sa Banal na Espiritu. (2 Corinto 13:14). Hindi kailanman sinabi ng Biblia sa atin na dapat tayong manalangin kay Maria o sa kanino pang ibang tao maliban sa Dios.

[141] Nang ipakita ni Hesus sa mga disipulo kung paano makipagkomunikasyon, siya ay nabubuhay pa at kasama pa nila. (1 Corinto 11:23-25). Samakatuwid, nang sabihin niyang, "Ito ang aking katawan," ang ibig niyang sabihin na ang tinapay ay isang simbolo ng kanyang katawan. Sa ngayon, ang komunyon ay dapat ituring na pareho nang panahong itatag ito ni Hesus.

mundo. Tinatanggihan nila ang papa ng Katolikong Romano at wala silang sariling tagapanguna na kanilang binibigyan ng katulad na awtoridad.

Ang mga paring Orthodox ay pinahihintulutang mag-asawa ngunit tanging ang isang pari na walang asawa ang maaaring maging isang obispo.

Nagtuturo ang Eastern Orthodoxy ng doktrina na tinatawag na ***theosis***. Naniniwala sila na ang isang tao ay unti-unting binabago ng biyaya at ng pagkilos ng Banal na Espiritu upang maging katulad ng Dios. Ang isang pribilehiyo ng kaligtasan ay maaari tayong magkaroon ng kalikasan ng Dios. (2 Pedro 1:3-4). Sinasabi nila na tayo ay magiging dios, ngunit hindi nila ibig sabihin na tayo ay walang hangganan katulad ng Dios; magtataglay tayo ng parehong kalikasan ng banal na pagiging perpekto.

Matagal ang proseso ng *theosis,* tumatagal sa buong panahon ng buhay sa lupa at nalulubos lamang pagkatapos ng kamatayan. Nagapi na ni Kristo ang kasalanan para sa atin, ngunit dapat tanggapin ng bawat Kristiyano ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang magpatuloy sa kanyang personal na tagumpay laban sa kasalanan at karumihan. Ito ay mabuting teolohiya maliban na ito ay nagkukulang sa malinaw na doktrina ng buong pagpapabanal, ang doktrina na magagawa ng Dios na dalisayin ang puso ng mananampalataya sa isang sandali ng pagkilos ng Banal na Espiritu.

Naniniwala ang Orthodoxy na ang isang Kristiyano ay pinawawalang-sala kay Kristo, na nangangahulugan na ang mananampalataya ay pinatatawad na sa mga kasalanang kanyang nagawa at ginawa nang matuwid sa kanyang pamumuhay. Hindi ito nangangahulugan na ang isang tao ay itinuturing na inosente habang siya ay nagpapatuloy sa pagkakasala, at hindi ito nangangahulugan na kung ang isang tao ay bumabalik sa kasalanan siya ay patuloy pa ring pinawawalang-sala. Ang mananampalataya ay umaasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang makapamuhay nang matuwid sa araw-araw. Ito rin ay mabuting teolohiya kung inaalala ng isang tao na tinatanggap siya ng Dios dahil kay Hesus at hindi dahil mabubuti ang kanyang mga gawa.

Maaaring maniwala sa ebanghelyo at maranasan ang biyaya ng Dios ng isang tagasunod ng Eastern Orthodoxy, kahit habang nagpapatuloy siya sa pagsunod sa Eastern Orthodoxy. Gayunman, ang iglesya ay hindi malinaw na nangangaral ng mensahe ng ebanghelyo na dapat pagsisihan ng isang makasalanan ang kanyang mga kasalanan at ilagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo upang makatanggap ng agad na katiyakan ng kaligtasan. Samakatuwid, sa milyong bilang ng mga miyembro ng Orthodox, karamihan ay namumuhay pa rin sa hayag na kasalanan, habang isinasagawa ang mga kaugaliang pangrelihiyon. Karamihan sa kanila ay hindi nauunawaan kung paano maliligtas.

► Ano ang ilang mabubuting bagay tungkol sa teolohiya ng Eastern Orthodoxy?

*Ngayon bumalik at sama-samang basahin ang mga footnotes para sa buong seksiyon tungkol sa Eastern Orthodoxy. Dapat hanapin ng lahat ng mag-aaral ang reperensiyang talata sa Kasulatan at magsalit-salit sa pagbasa ng mga iyon sa inyong grupo.*

## Pag-eebanghelyo / Paggamit ng *Handbook ng Doktrina*

Naniniwala ang Eastern Orthodoxy sa pundasyong katotohanan ng Kristiyano tungkol sa Trinidad at ang pagiging Dios ni Kristo at ang Banal na Espiritu.

May mga sumasambang Orthodox na naglagak na ng kanilang pananampalataya kay Kristo para sa kaligtasan, ngunit ang mensahe ng Ebanghelyo ay hindi malinaw sa kanilang pagtuturo. Karamihan sa kanila ay hindi pa nararanasan ang pagsisisi, kapatawaran, at katiyakan ng kaligtasan, at hindi namumuhay nang may relasyon sa Dios. Samakatuwid, mahalaga para sa isang Kristiyano na ibahagi ang ebanghelyo. Ang mga mahahalagang aspeto ng Ebanghelyo na napabayaan sa Orthodoxy ay maaaring patunayan sa mga sumusunod na seksiyon mula sa *Handbook ng Doktrina:*

(9) Ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Kristo.

(10) Tanging ang Dios lang ang dapat sambahin.

(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Dahil nagdagdag ang Eastern Orthodoxy ng mga tradisyon na itinuturing nilang kinakailangan para sa Kristiyanismo, dapat ipakita sa kanila ng isang Kristiyano ang mga Kasulatan na binanggit sa *Handbook ng Doktrina*.

(1) Ang Biblia ay sapat para sa doktrina.

## Isang Patotoo

Si John ay pinalaki sa isang pamilyang Orthodox sa Romania. Tagapanguna sa iglesya ang kanyang mga lolo at lola. Siya ay nabautismuhan at ikinasal sa simbahan, subali’t hindi siya madalas dumadalo sa mga gawain. Hindi siya kailanman kinausap ng pari tungkol sa kanyang mga kasalanan. Wala siyang Biblia, at hindi kailanman sinabi sa kanya ng pari na dapat niyang basahin ang Biblia. Bilang isang kabataan ay sumali siya sa grupo ng komunista. Ipinadala siya ng mga komunista sa mga iglesyang Baptist upang obserbahan ang mga gawaing Baptist. Kailangan niyang itanong sa kanila kung bakit sila Baptist sa halip na Orthodox. Sa mga gawain, napagtanto niya na hindi pa niya napagsisisihan ang kanyang mga kasalanan. Nagpasya siyang magsisi at maging isang tunay na tagasunod ni Hesus. Siya ay ginigipit ng kanyang pamilya at ng grupo ng komunista na talikuran ang kanyang bagong pananampalataya. Lumakas ang kanyang kalooban sa pag-uukol ng oras sa pagbabasa ng Biblia. Matapos makita ng kanyang pamilya ang pagbabago sa kanyang buhay, marami sa kanila ang naging Kristiyano rin. Sinabi ni John ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Eastern Orthodoxy at ebanghelikong Kristiyano ay ang pagbibigay-diin ng mga ebangheliko sa bagong kapanganakan.

## Pag-aaral sa Kassulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon muling basahin ang 1 Tesalonica. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensaheng inihahatid ng talata na ito para sa isang tagasunod ng Eastern Orthodoxy. Hayaan ang ilang mag-aaral na ibahagi ang kanilang isinulat.*

## Opsiyonal na Babasahin: Oriental Orthodox Church

Ang mga Iglesyang Oriental Orthodox ay bukod sa Iglesyang Eastern Orthodox.

Ang Oriental Orthodoxy ay may anim na organisasyon ng iglesya: Coptic, Ethiopian, Eritrean, Malankara Syrian, Syriac, at Armenian Apostolic. Ang bawat organisasyon ay pinamumunuan ng isang patriarch. Ang bawat organisasyon ay pinamamahalaan na nakabukod sa iba pa. Ang patriarch ng Iglesyang Coptic ay ang papa ng lahat ng Oriental Orthodoxy, ngunit walang awtoridad sa iba pa, maliban sa manguna sa mga pagpupulong ng mga kinatawan mula sa anim na organisasyon.

Sa mga bansang Armenia, Ethiopia, at Eritrea, ang mga Kristiyanong Oriental Orthodox ang pinakamalaking grupong pangrelihiyon. Sa ilang bansang Muslim kung saan ang mga Kristiyano ay maliit na porsiyento lamang ng populasyon, katulad ng Egypt, Sudan, Syria, at Lebanon, ang mga Kristiyanong Oriental Orthodox ang mataas na porsiyento ng mga Kristiyano. Sila ay matinding pinag-uusig sa loob ng maraming siglo sa mga bansang Muslim.

Ang Oriental Orthodoxy ay naging bukod sa ibang iglesyang Kristiyano dahil sa isang di-pagkakasundo sa doktrina noong A.D. 451.

Humiwalay sila dahil sa isang hindi pagkakasundo sa teolohiya patungkol sa kalikasan ni Kristo. Sa panahong iyon mayroon lamang isang pangunahing organisasyong pang-iglesya na kumakatawan sa Kristiyanismo. Hindi pa nahahati noon ang iglesya sa Eastern Orthodox Church at sa Iglesiya ng Katolikong Romano. Ilang iglesya na ang umalis sa pangunahing iglesya sa panahong ito.

Ang Konseho ng Chalcedon, na naglalayong kumatawan sa lahat ng Kristiyano, ay nagpasya na tama na paniwalaan si Kristo ay may dalawang kalikasan, bilang tao at bilang Dios. Tinanggihan ng ilang iglesya ang pasyang ito dahil tila sinasabi nito na si Kristo ay dalawang persona na iisa. Naniniwala sila na ang kanyang kalikasan ay nagmula kapwa sa pagiging tao at pagiging Dios, ngunit ito'y iisang kalikasan lamang. Naniniwala sila na pinanghahawakan nila ang orihinal na mga paniniwala ng Kristiyanismo. Kasangkot doon ang iba pang mga usapin, kabilang ang mga usaping pampulitika, ngunit ang usaping teolohikal ang pinakamahalaga.

Sa loob ng ilang taon pagkatapos ng konseho, ang mga obispong hindi sumang-ayon sa pasya ng konseho ay inalis na mula sa iglesya. Ang Oriental Orthodox Church ay binuo pagkatapos ng panahong iyon.

## Takdang Aralin sa Bawat Leksiyon

Tandaan na hanapin ang pagkakataon upang ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa grupong pangrelihiyon na ito. Maghanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pakikipag-usap ninyo. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa iyong tagapanguna sa klase.

# Leksiyon 20
# Pag-unawa sa United Pentecostalism

## Unang Pakikipagharap

Si Steve ay lumaki bilang isang Katolikong Romano at pumupunta sa misa linggo –linggo noong bata pa. Bilang isang tin-edyer, nagsimula siyang lumiban sa mga gawaing pangrelihiyon at nakilahok sa mga bagay na makamundo. Sa paaralan sa secondarya, nakilala niya ang isang babae na nag-anyaya sa kanya sa kanilang iglesya. Kabilang sa istilo ng pagsamba ay malakas na musika, pagsasayaw, pagsasalita sa ibang wika, at pagsigaw na nakamangha sa kanya kung ihahambing niya sa paraan ng pagsamba ng Katoliko. Nagsimula siyang maging interesado sa *dynamic* na pangangaral at musika.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Unang bahagi

*Sama-samang basahin nang malakas ang Juan 14. Pasulatin ang bawat mag-aaral ng isang parapo na nagbubuod sa talata na ito ng kasulatan. Anong interaksiyon ang nakikita natin sa pagitan ng mga miyembro ng Trinidad? Pasulatin ang bawat mag-aaral ng listahan ng mga pahayag. Bilang isang grupo, talakayin kung ano ang inyong isinulat.*

## United Pentecostalism

### Introduksiyon sa United Pentecostalism

Ang iglesyang United Pentecostal ay nag-aangkin ng 36,000 iglesya sa 203 bansa, at bilang ng miyembro na 3,000,000 nakatao.[142] Ang organisasyon ay binuo noong 1945 sa pamamagitan ng pagbubuklod ng dalawang Pentecostal na denominasyon. Ang kanilang mga doktrina ay nagmula sa pagbabalik-sigla ng Pentecostal na nagsimula noong 1901.

Ang United Pentecostal Church ay nabubukod sa ibang Pentecostals na naniniwala sa Trinidad o hindi nagsasagawa ng pagbabautismo. Hindi sila nakikisangkot sa "Kilusan ng Pananampalataya" (na tinalakay sa isang leksiyon sa kursong ito).

> "Isinusulong niya [ng demonyo] ang pagkakaisa ng Dios, ang omnipotent na Manlilikha ng mundo, Manlilikha ng sanlibutan, upang gawin lamang ang pagkakaisang iyon na isang maling paniniwala.
> Sinasabi niya na ang Ama mismo ang bumaba sa isang birhen, at isinilang siya nito, at siya ay nagdusa; sa katotohanan, na siya mismo si Kristo Hesus."
> - Tertullian
> (Against Praxeus)

### Pundasyong mga Doktrina/Foundational Doctrines

Ang mga pangunahin at pundasyong doktrina ng organisasyon ay ang pamantayan ng Biblia para sa buong kaligtasan, ang pagsisisi, bautismo sa tubig sa pamamagitan ng paglulubog sa pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo para sa kabayaran ng

[142] Iniulat noong 2014

kasalanan, at ang bautismo ng Banal na Espiritu kabilang ang paunang tanda ng pagsasalita ng ibang wika ayon sa salitang ibinibigay ng Espiritu (Mula sa "Mga Artikulo ng Pananampalataya" ng United Pentecostal Church).

Naniniwala ang mga United Pentecostals sa Biblia bilang ang pangwakas na awtoridad. Binibigyang diin nila ang salitang *apostolic* dahil naniniwala sila na itinuturo nila ang parehong mga doktrina ayon sa mga apostol. Sinisikap nilang sundan ang halimbawa ng iglesya sa Mga Gawa.

Hindi sila naniniwala sa Trinidad. Naniniwala sila na ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay tatlong kapahayagan ng Dios. Naniniwala sila na sa panahon ng Lumang Tipan, ang Dios ay espiritu, pagkatapos sa pagkakatawang tao ay naging tao. Hindi sila naniniwala na ang Ama at ang Anak ay dalawang persona. Naniniwala sila na ang Dios bilang Espiritu ay ang ama ni Hesus, ngunit sila ay ang parehong persona.

Ang kanilang pananaw kay Kristo at sa Banal na Espiritu ay naiiba sa karamihan sa mga kulto na tumatanggi sa Trinidad. Dahil naniniwala sila na si Hesus ay ang parehong persona sa Dios Ama, naniniwala sila sa pagiging Dios ni Kristo. Naniniwala sila na kung saan binabanggit ang Banal na Espiritu bilang isang persona sa Biblia, siya ay Dios na kumikilos.

> "Ang kanilang doktrina [ang Sabellian heretics] ay ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay iisa at parehong nilalang, sa kahulugan, ang tatlong pangalan ay nakaugnay sa iisang elemento."
> - Epiphanius
> (Bishop in AD 375, Against Heresies)

Ipinapahayag nila na sila ay naniniwala sa Ebanghelyo ng kaligtasan sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, na ipinagkaloob ng lubusan ng sakripisyo ni Kristo. Ito ay naiiba sa mga kulto na kailangang mag-imbento ng ibang ebanghelyo dahil hindi sila naniniwala sa pagiging Dios ni Kristo.

► Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Saksi ni Jehovah at ng United Pentecostal sa kanilang pagtanggi sa doktrina ng Trinidad?

Naniniwala sila na ang isang tao ay hindi maliligtas hanggang hindi niya nararanasan ang pagpuspos ng Banal na Espiritu. Naniniwala sila na ang ebidensiya ng pagpuspos ng Espiritu ay laging ang kaloob ng pagsasalita sa ibang wika. Kung nagsisi sa kasalanan ang isang tao at inilagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo, hindi pa rin siya ligtas hanggang sa mapuspos siya ng Espiritu at magsalita sa ibang wika.

Naniniwala sila na ang mga Kristiyano ay dapat mabautismuhan sa pangalan ni Hesus, at hindi sa pagpapahayag ng Tatlong Persona. Naniniwala sila na ang bautismo sa pangalan ni Hesus ay kinakailangan para sa kaligtasan. Kung ang isang tao ay sasama sa kanila matapos na ito ay mabautismuhan sa pahayag ng Trinidad, dapat muling mabautismuhan ang taong iyon.

► Ayon sa United Pentecostal, anong mga bagay ang dapat mangyari upang ang isang tao ay maligtas?

### Mga Paniniwala Tungkol sa Pamumuhay Kristiyano

Naniniwala ang mga United Pentecostal na ang pisikal na kagalingan ay ipinagkaloob sa pagbabayad ng kasalanan, at binibigyang-diin ang pananalangin para sa maysakit, ngunit nauunawaan nila na hindi laging kalooban ng Dios ang paggaling ng bawat kaso.

Naniniwala sila sa konserbatibong pamumuhay. Hindi sila naniniwala sa mga alahas o gamit pampaganda. Lumalaban sila sa hindi dalisay na paglilibangan, at ayaw nila na magkaroon ng telebisyon ang kanilang mga miyembro. Ang kababaihan ay hindi nagsusuot ng pantalon at hindi rin naggugupit ng kanilang buhok.

Naniniwala sila na ang isang Kristiyano ay inaasahang mamumuhay ng matagumpay laban sa kasalanan, at hindi sila naniniwala na ang isang tao ay nagpapatuloy bilang isang Kristiyano kung siya ay bumabalik sa makasalanang buhay. Binibigyang-diin nila ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang makapamuhay nang matagumpay.

Hindi sila naniniwala sa pagtatanggol sa sarili laban sa karahasan o paglilingkod sa militar sa anumang tungkulin kung saan sila ay kakailanganing lumaban.

Nagsasagawa sila ng seremonyang paghuhugas ng paa dahil iniutos ni Hesus sa mga disipulo na hugasan nila ang paa ng isa’t-isa (Juan 13:14-15).

### Pag-eebanghelyo/Paggamit sa *Handbook ng Doktrina*

Hindi natin dapat sabihin na ang isang tao ay hindi ligtas dahil lamang naniniwala siya sa mga doktrina ng United Pentecostalism. Maaaring naniniwala siya sa Ebanghelyo at pinagsisihan na niya ang kanyang mga kasalanan at inilagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo.

Ang *Handbook ng Doktrina* ay nagbibigay ng Biblikal na ebidensya para sa Trinidad sa seksiyon ng

(8) Ang Dios ay Trinidad.

Ang pinakapundasyong pagkakamali ng United Pentecostalism ay ang kanilang pagtanggi sa Trinidad, bagaman hindi nito pinawawalang halaga ang ebanghelyo sa parehong paraan ng mga kulto na itinatanggi ang pagiging Dios ni Kristo.

Ang suliranin sa pakikisama sa United Pentecostal ay ang hindi nila paniniwala na ang ibang tao ay mga Kristiyano kung hindi nagsasalita sa ibang wika at nabautismuhan sa pangalan ni Hesus.

Sinasabi ng Biblia na ang bawat mananampalataya ay nagtataglay ng Espiritu (Roma 8:9). Ang isang tao ay hindi tunay na magsisisi at ilalagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo nang wala ang tulong ng Espiritu. Kahit hindi pa nararanasan ng isang tao ang espesyal na kapuspusan ng Banal na Espiritu, taglay niya ang Espiritu.

## Isang Patotoo

Umalis si Steve sa Iglesya ng Katoliko at umanib sa Iglesyang United Pentecostal. Nagpatuloy siya sa pag-inom ng alak at paninigarilyo at hindi ipinamumuhay ang buhay Kristiyano. Sa isang pagkakataon nagkaroon siya ng karanasan kung kailan naniniwala siya na tinanggap niya ang Banal na Espiritu, at sinabi sa kanya ng ibang tao na siya ay nagsalita sa ibang wika. Alam niya na hindi pa siya tunay na nagsasalita sa ibang wika, subali't nais niyang matanggap nila siya kaya't nagkunwari siya na iyon ay totoo. Nagpatuloy siya sa makasalanang pamumuhay nang walang tunay na pagbabago. Sa paglipas ng panahon, siya ay naligtas at nakaranas ng pagbabago sa buhay ngunit hindi siya nagsalita sa ibang wika. Naging tagapagturo siya at tagapangaral sa kanilang iglesya, ngunit mayroong pagdududa tungkol sa doktrina. Sa katagalan umalis siya sa iglesya at pumunta sa isang samahang naniniwala sa Trinidad at hindi nagsasalita sa ibang wika.

## Pag-aaral ng Kasulatan – Ikalawang Bahagi

*Ngayon basahing muli ang Juan 14. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa mensaheng taglay ng talata na ito para sa isang tagasunod ng United Pentecostalism. Hayaang ibahagi ng ilan sa mag-aaral ang kanilang isinulat.*

## Takdang Aralin Para sa Bawat Leksiyon

Tandaang humanap ng pagkakataon na maipahayag ang ebanghelyo sa isang nagmula sa grupong pangrelihiyon na ito. Humanda na ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa iyong pakikipag-usap. Isulat ang iyong 2-pahinang ulat at isumite iyon sa tagapanguna sa inyong klase.

# Handbook ng Doktrina

Ang handbook na ito ay nagbibigay ng Biblikal na suporta para sa ilang doktrina na madalas na itinatanggi ng mga huwad na relihiyon. Ang handbook ay hindi idinesenyo upang isama ang lahat ng doktrinang Kristiyano, at hindi lahat ng mahahalagang doktrina ay tinalakay dito.

**(1) Ang Biblia ay sapat para sa doktrina.**

**Bakit ito Mahalaga**

May mga relihiyon na nagsasabing sila ay Kristiyano ngunit dumidepende sa bagong rebelasyon para sa kanilang pinakamahalagang mga doktrina. Inaangkin nila na ang Biblia ay hindi naglalaman ng lahat ng kinakailangan para sa doktrina. Ngunit inaangkin ng Biblia na ang mensahe nito ay sapat, kung kaya't kapag ito ay lubusang sinunod ng isang tao, siya ay maliligtas.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"At mas madali para sa langit at lupa ang mawala, kaysa isang kudlit ng batas ang magkamali" (Lucas 16:17). Ang pamagat ay isang kudlit ng panulat. Sinasabi ng talatang ito na naingatan ang Salita ng Dios.

"Pagiging muling isinilang…sa pamamagitan ng salita ng Dios, na nabubuhay at nananatili sa pangwalang-hanggan. Ang salita ng Panginoon ay nananatili magpasawalang-hanggan. At ito ang salita na sa pamamagitan nito ay naipangaral sa inyo ang ebanghelyo" (1 Pedro 1:23-25). Ang Salita ng Dios ay hindi kailanman mabibigo, at ipinapahayag nito ang ebanghelyo. Samakatuwid, ang Ebanghelyo ay hindi matatagpuan sa mga doktrina na nasa labas ng Kasulatan, o salungat sa Kasulatan.

"Ang langit at ang mundo ay lilipas, ngunit ang aking mga salita ay hindi lilipas" (Marcos 13:31). Sinabi ni Hesus na ang kanyang mga salita ay hindi mawawala.

"Nalaman na ninyo ang Banal na Kasulatan, na nagagawa kayong matalino sa kaligtasan" (2 Timoteo 3:15).

"Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan…upang ang mga pinili ng Dios ay maging perpekto" (2 Timoteo 3:16-17). Ang Biblia ay may kasapatan upang ang isang tao ay maging eksakto sa kung ano ang nais na mangyari sa kanya ng Dios.

**(2) Mayroon lamang isang Dios.**

**Bakit ito Mahalaga**

Bilang Manlilikha at Ama, karapat-dapat sambahin ang Dios. Hinihingi niya sa atin ang katapatang hindi nahahati sa iba pang nilikha. Sinasabi niya na siya ay isang Dios na mapanibughuin (Exodo 34:14, Deuteronomio 4:24, 5:9, 6:15). Nagagalit ang Dios kapag binibigyan ng pagsamba ang iba na sa kanya lamang nararapat iukol (Deuteronomio 32:16, 21). Kapag ang relihiyon ay nagtuturo na mayroong higit sa isang dios, o kaya'y ang tao ay maaaring maging isang dios, ang resulta ay alisin mula sa Dios ang bahagi ng kaluwalhatian na tanging sa kanya lamang nauukol.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"Bago ako walang Dios na inanyuan, gayundin walang sinuman ang darating pagkatapos ko." (Isaias 43:10).

"Ako ang simula, at ako ang katapusan; at bukod sa akin, wala nang iba pang Dios." (Isaias 44:6)

"Mayroon bang ibang Dios bukod sa akin? Oo, walang ibang Dios, wala akong ibang nalalaman" (Isaias 44:8).

Tingnan din ang Isaias 45:5, 6, 14, 21-22, at 46:9 bilang patunay na walang ibang Dios.

"Ang langit ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios, at ang kalangitan ay nagpapakita ng gawa ng kanyang mga kamay" (Awit 19:1). "Kapag tinitingnan ko ang kalangitan, ang mga gawa ng iyong mga kamay, ang buwan at mga bituin, na iyong inilagay; ano nga ang tao, upang iyong pahalagahan?" (Awit 8:3). Ang Dios ay hindi lamang ang Dios ng mundong ito, kundi ang Dios at Manlilikha ng sanlibutan.

**(3) Ang Dios Ama ay hindi isang tao.**

**Bakit ito Mahalaga**

Ang dahilan na ang ilang relihiyon ay nagsasabi na ang Dios ay isang tao ay upang parangalan ang tao na ihinahambing sa Dios. Ito ay nag-aalis ng kaluwalhatian sa Dios. Tingnan ang mga talata tungkol sa panibugho ng Dios sa ilalim ng "Mayroon lamang iisang Dios" sa itaas.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"Ang Dios ay hindi isang tao, na siya ay magsisinungaling;

O anak ng tao, na siya ay dapat magsisi"(Bilang 23:19).

"Ako ang Dios at hindi tao" (Hosea 11:9).

"Ipinapahayag nila na sila ay matalino, sila ay naging hangal, at tinalikuran nila ang kaluwalhatian ng Dios na walang kamatayan at sinamba nila ang mga larawan ng mga taong may kamatayan"(Roma 1:23). Kapag ginawa natin ang Dios sa imahen ng tao ito ay pagsamba sa dios-diosan.

"At sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, 'Pinagpala ka, Simon Bar-jona: dahil hindi ito ipinahayag sa iyo ng tao, kundi ng aking Ama na nasa langit'"(Mateo 16:17). Ang Ama ay hindi dugo at laman, ayon sa salita ni Hesus.

"Ang Dios ay isang Espiritu" (Juan 4:24).

**(4) Ang Dios ay hindi kailanman nagbabago.**

**Bakit ito Mahalaga**

Ang mga huwad na relihiyon ay may iba't-ibang dahilan sa pagsasabi na ang Dios ay maaaring magbago. Maaaring nais nilang sabihin na siya ay taong katulad natin, na nagtataas sa tao sa kalagayan ng Dios. Maaaring nais nilang sabihin na mayroon kapwa ng mabuti at masama sa Dios, o ang Dios ay maaaring makagawa ng pagkakamali.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"Hindi ako nagbabago" (Malakias 3:6).

"Noon pa mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan, ikaw ay Dios" (Awit 90:2).

"Ang Ama ng liwanag, na hindi pabago-bago, o anumang anino ng pagtalikod" (Santiago 1:17).

**(5) Si Hesus ay Dios.**

**Bakit ito Mahalaga**

(1) Dahil si Hesus ay Dios, ang kanyang sakripisyong kamatayan ay may walang hanggang halaga – sapat para sa kapatawaran ng kasalanan ng mundo.

(2) Dahil siya ay Dios, siya ay may kapangyarihang iligtas tayo; Siya ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay.

(3) Dahil siya ay Dios, dapat natin siyang sambahin kung paano natin sinasamba ang Ama.

Kung ang relihiyon ay nagsasabi na si Hesus ay nilikha ng Dios o na Siya ay isang tao at hindi Dios, inaalis nila sa kanya ang pagsamba na nauukol sa kanya. Naniniwala rin sila sa ibang ebanghelyo sa halip na paglalagak ng kanilang lubos na pananampalataya kay Hesus para sa kaligtasan.

**Patunay mula sa Kasulatan**

“Ako at ang Ama ay iisa” (Juan 10:30).

“Bago pa si Abraham, Ako na” (Juan 8:58).

“Dapat parangalan ng lahat ng tao ang Anak kung paanong pinararangalan nila ang Ama” (Juan 5:23).

Nilikha ni Hesus ang lahat ng bagay, at lahat ng bagay ay umiiral para sa kanyang ikararangal (Colosas 1:17).

Si Hesus ang kumpletong imahen ng Dios at pinananatili ang sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang sariling kapangyarihan. (Hebreo 1:3).

Si Hesus ang “Una at ang Huli” isang titulo na inaangkin ng Dios para sa kanyang sarili (Pahayag 1:8, 11, 17-18, Isaias 44:6).

Iba pang reperensiya kung saan si Hesus ay tinawag ng Dios: Juan 1:1, 14, Mga Gawa 20:28, Tito 2:13, Isaias 9:6, 1 Timoteo 3:16, at Juan 14:9.

Mga talatang nagpapakita na si Hesus ay nagtataglay ng mga katangian ng Dios: Mateo 18:20, 28:20, Filipos 3:21, Hebreo 13:8, Juan 2:24-25, at Mikas 5:2.

Mga talatang nagpapakita na si Hesus ay sinamba kung paanong ang Ama ay sinamba: Hebreo 1:6, 1 Corinto 1:2, Filipos 2:9-11 (katulad ng Isaias 45:22-23), Pahayag 1:6, 5:12-13, at Juan 17:5 (tingnan ang Isaias 42:8, 48:11).

**(6) Si Hesus ay bumangon mula sa mga patay.**

**Bakit ito Mahalaga**

Mula sa mga unang araw ng iglesya, ang muling pagkabuhay ay mahalagang aspeto ng ebanghelyo. Ang mga apostol ay nangaral na ito ay nagpapatunay na si Hesus ay ang Anak ng Dios at Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang kanyang muling pagkabuhay ay nagpapatunay na ang kanyang ebanghelyo ay makapagliligtas at nagbibigay sa atin ng walang hanggang buhay.

**Patunay mula sa Kasulatan**

Ipinahayag ni Hesus ang kanyang sariling pisikal na muling pagkabuhay: “Wasakin ninyo ang templong ito, at sa tatlong araw muli ko itong itatayo. Nagsasalita siya tungkol sa templo ng kanyang katawan.” (Juan 2:19-21).

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay: "Masdan ninyo ang aking mga kamay at mga paa, na ito nga ako: hawakan ninyo ako, at masdan ninyo; dahil ang espiritu ay walang laman at buto, tulad ng nakikita ninyong mayroon ako.”(Lucas 24:39).

Sinabi ni Hesus kay Tomas: “Ilagay mo ang iyong daliri dito, at tingnan mo ang aking mga kamay; at ilagay mo ang iyong kamay sa aking tagiliran: at huwag ka nang mag-alinlangan pa, sa halip ay maniwala ka.” (Juan 20:27).

Sinasabi ng 1 Corinto 15:20-23 na si Hesus ay muling binuhay sa parehong paraan na ang mga Kristiyano ay muling bubuhayin. Ang buong kabanata ay nagpapakita ng pangangailangan ng pisikal na muling pagkabuhay ni Kristo para sa Kristiyanismo. Kung hindi muling binuhay si Kristo, sagayun wala tayong pag-asa na muling bubuhayin, ang ating Ebanghelyo ay walang kabuluhan (15:17). Kung si Hesus ay hindi muling binuhay, samakatuwid, gayundin hindi rin tayo bubuhayin, at tayo ay kahabag-habag na walang pag-asa sa walang hanggan (15:19)

Ipinangaral ng mga Apostol ang muling pagkabuhay bilang isang mahalagang bahagi ng ebanghelyo. (Mga Gawa 2:31-32, 3:15, 4:10, 10:40-41, 13:30-37, 17:31, at 26:8, 23.

### (7) Ang Banal na Espiritu ay Dios.

### Bakit Ito Mahalaga

Ang relihiyon na itinatanggi ang pagiging Dios ng Banal na Espiritu ay karaniwang itinatanggi rin ang Trinidad at ang pagiging Dios ni Kristo. Ang isang taong hindi naniniwala na ang Banal na Espiritu ay Dios ay hindi sasamba sa kanya at hindi rin ibibigay ang paggalang na nararapat sa kanya.

### Patunay mula sa Kasulatan

Ang Banal na Espiritu ay tinawag na Dios (Mga Gawa 5:4 at 2 Corinto 3:17).

Ang Banal na Espiritu ay may karunungang na ang Dios lamang ang nagtataglay: Lubos niyang nauunawaan ang Dios (1 Corinto 2:10-11) at siya ay humula sa sinauang panahon (1 Pedro 1:10-11, 2 Pedro 1:21).

Ang Banal na Espiritu ay nasa lahat ng lugar. (Awit 139:7).

Ang Banal na Espiritu ay tinawag na Espiritu ni Kristo at nasa bawat isang mananampalataya. (Roma 8:9).

Ginagawa ng Banal na Espiritu ang mga bagay na ang Dios lang ang makagagawa. (Lucas 24:49, Juan 16:8-11, Efeso 3:16, Galacia 5:22-23).

Ang Banal na Espiritu ay hindi maaaring lapastanganin (Lucas 12:10).

**(8) Ang Dios ay Trinidad.**

**Bakit Ito Mahalaga**

Ang mga taong itinatanggi ang Trinidad ay karaniwang itinatanggi na si Hesus at ang Banal na Espiritu ay Dios, at hindi sila sinasamba. Ang pinakamasamang pagkakamali na magagawa ng isang tao ay ang sumamba sa isang hindi naman Dios, o mabigong sumamba sa Dios. Ang relihiyon na itinatanggi na si Hesus ay Dios ay bubuo ng bagong ebanghelyo.

**Patunay mula sa Kasulatan**

Ang doktrina ng Trinidad ay nagmumula sa tatlong katotohanan.

(1) Sinasabi ng Biblia na mayroon lamang isang Dios.

(2) Nagsasalita ang Biblia tungkol sa Ama, sa Anak at sa Banal na Espiritu bilang Dios.

(3) Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay nakikipag-ugnayan sa isa't-isa bilang mga persona.

Para sa ebidensiyang pangKasulatan ng unang dalawang katotohanan, tingnan ang seksiyon sa handbook na ito na may pamagat na "Mayroon lamang Isang Dios," "Si Hesus ay Dios," at "Ang Banal na Espiritu ay Dios."

Para sa ebidensiya na ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay nakikipag-ugnayan sa isa't-isa at sa mga mananampalataya bilang mga persona, tingnan ang Juan kabanata 14-16. Sa Juan 14, tingnan ang mga talatang 10-13, 16, 21, 23, 24, 26, 28, at 31. Sa Juan 15, tingnan ang mga talatang 1-2, 9, 10, 15, 23-24, at 26. Sa Juan 16, tingnan ang mga talatang 7, 10, 13-16, 26-28, at 32.

**(9) Ang Kaligtasan ay tanging sa pamamagitan ng pagbabayad sala ni Kristo.**

**Bakit Ito Mahalaga**

Ang mga huwad na relihiyon ay nagbibigay ng mga maling direksiyon para hanapin ng isang tao ang habag ng Dios. Mayroon lamang isang daan upang maligtas.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"Walang ibang pangalan ang ibinigay….kung paano tayo maliligtas." (Mga Gawa 4:12).

"Ang dugo ni Kristo Hesus na kanyang Anak ang naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan"(1 Juan 1:7).

"Sapagkat sa biyaya tayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa ating sarili: ito ay kaloob ng Dios" (Efeso 2:8).

"Sapagkat pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong na si Kristo Hesus"(Roma 5:1).

"Ngunit dahil sa kanyang kagandahang-loob na kanyang ibinigay nang walang bayad, sila ay itinuring na matuwid sa pamamagitan ng pagtubos na nakay Kristo Hesus" (Roma 3:24).

"Yamang sa pamamagitan ng kanyang dugo, tayo ngayon ay napawalang-sala, lalong tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Dios" (Roma 5:9).

"Ngunit ang walang bayad na kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggang sa pamamagitan ni Kristo Hesus na ating Panginoon." (Roma 6:23).

**(10) Tanging ang Dios ang dapat sambahin.**

**Bakit Ito Mahalaga**

Kung ang isang tao ay sumasamba sa isang bagay maliban sa Dios, siya ay kaaway ng Dios at nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Hindi maaaring sambahin ang Dios nang maayos at sambahin rin ang iba pa. Mali na sambahin ang mga taong tagapanguna, mga santo, o si Maria. Mali na manalangin sa mga espiritu at sundin sila.

**Patunay mula sa Kasulatan**

Sinabi ng Dios sa kanyang bayan na huwag yuyukod sa anumang imahen ng anumang bagay (Exodo 20:4-5). Samakatuwid nalalaman natin na mali na sumamba sa anumang bagay.

Tinukso ni Satanas si Hesus upang yumukod sa kanya, ngunit sinabi ni Hesus na nasusulat na tanging sa Dios lang tayo dapat sumamba at maglingkod (Mateo 4:10). Samakatuwid alam natin na mali na sambahin si Satanas.

Sinabi ni Apostol Pablo na kapag sinamba ang demonyo ay nakakapukaw sa galit at panibugho ng Dios (1 Corinto 10:20-22). Samakatuwid alam natin na mali na sambahin ang mga espiritu na laban sa Dios.

Sinabi ni Apostol Pablo na ang mga tao ay nalinlang na sumamba sa mga anghel (Colosas 2:18). Samakatuwid alam natin na mali ang sumamba sa mga anghel.

Sinabi ni Apostol Pedro kay Cornelio na huwag siyang sambahin dahil siya ay tao rin (Mga Gawa 10:25-26). Samakatuwid alam natin na mali ang sumamba sa isang tao.

**(11) Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.**

**Bakit Ito Mahalaga**

Dahil ang kaligtasan ay lubusang ipinagkaloob ng pagbabayad-sala ni Cristo, walang anumang magagawa ang tao upang makamit ang kanilang kaligtasan, kahit bahagya man lang. Walang organisasyon ng tao ang makapagkakait ng kaligtasan mula sa isang tao sa pamamagitan ng pagtatalaga ng ibang kinakailangan.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"Walang sinuman ang mapawawalang-sala sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan" (Roma 3:20).

"Ang isang tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya nang wala ang gawain ng kautusan" (Roma 3:28).

"Samakatuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, na ito'y maging sa pamamagitan ng biyaya" (Roma 4:16).

"Yamang pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ni Kristo Hesus na ating Panginoon"(Roma 5:1).

"At ang sinumang tatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas" (Mga Gawa 2:21).

"Sapagkat dahil sa biyaya ikaw ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya… ito ay kaloob ng Dios…hindi dahil sa mabubuting mga gawa" (Efeso 2:8-9).

"Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay matapat at makatarungan na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan, at lilinisin tayo sa lahat ng ating mga karumihan" (1 Juan 1:9).

"Kung ang sinuman ay nangangaral ng ibang ebanghelyo sa inyo…hayaan siyang sumpain" (Galacia 1:9).

**(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.**

**Bakit Ito Mahalaga**

Dahil ang kaligtasan ay ang walang bayad na kaloob ng Dios, na natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya, malalaman ng tao na siya ay ligtas. Kung ipinapahayag ng isang tao ang kanyang mga kasalanan sa Dios, at sumasampalataya sa pangako ng Dios na patatawarin siya batay sa pagbabayad-sala ni Kristo, ang taong iyon ay maaaring sumampalataya na siya ay ligtas. Ibinibigay din ng Dios ang patotoo ng kanyang Espiritu na tayo ay ligtas. Karaniwang pinananatili sa takot ng mga huwad na relihiyon ang mga tao.

**Patunay mula sa Kasulatan**

"Ang mga bagay na ito ay aking isinulat….upang inyong malaman na kayo ay may buhay na walang hanggan" (1 Juan 5:13).

"Upang tayo'y magkaroon ng katapangan sa araw ng paghuhukom" (1 Juan 4:17).

"Tinanggap na ninyo ang espiritu ng tinuring na anak, sa pamamagitan nito ay makakatawag tayo ng Ama, sa Dios. Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo sa ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Dios." (Roma 8:15-16).

**(13) Ang mga hindi ligtas ay magdurusa ng walang hanggang kaparusahan.**

**Bakit Ito Mahalaga**

Kung itinatanggi ng isang relihiyon ang reyalidad ng walang hanggang kaparusahan, pinabababa nito ang kahalagahan ng pagpili ng mga tao at pinabababa ang paggalang sa batas ng Dios. Nagsalita si Hesus tungkol sa impiyerno nang maraming beses, na nagpapakita ng kahalagahan ng doktrina.

**Patunay mula sa Kasulatan**

Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa isang mayamang lalaki na nasa apoy ng impiyerno matapos na ito ay mamatay. (Lucas 16:24).

"Ang usok ng apoy na nagpapahirap sa kanila ay patuloy na tataas magpasawalang hanggan, at araw at gabi ay maghihirap nang walang pahinga." (Pahayag 14:11)

"Nagdurusa sa apoy na hindi namamatay" (Judas 7).

"Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa, sa walang hanggang apoy. (Mateo 25:41).

"At ang mga ito ay pupunta sa walang hanggang kaparusahan, ngunit ang matuwid ay sa buhay na walang hanggan." (Mateo 25:46)

# Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral

Ang mga tanong na ito ay para sa mga leksiyon na tumalakay sa mga grupong pangrelihiyon.

Sa simula ng isang sesyon ng klase, dapat magbalik-aral ang tagapagturo gamit ang ilan sa mga tanong na ito. Ang bawat tanong ay maaaring sagutin sa isang pangungusap. Tutulong ang mga tanong na ito upang maalala ng mga mag-aaral ang pinakamahalagang detalye tungkol sa bawat grupong pangrelihiyon.

**Leksiyon 3 - Mormonismo**

(1) Ano ang iniisip ng mga Mormon tungkol sa ibang iglesya?

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Mormon tungkol sa kasaysayan ng Kristiyanismo?

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Mormon tungkol kay Hesus?

(4) Ano ang layunin ng isang Mormon?

(5) Ano ang pinakamataas na awtoridad para sa isang Mormon?

**Leksiyon 4 – Saksi ni Jehovah**

(1) Ano ang iniisip ng mga Saksi ni Jehovah tungkol sa ibang iglesya?

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehovah tungkol sa Banal na Espiritu?

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehovah tungkol kay Hesus?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehovah tungkol sa kaligtasan?

**Lesson 5 – Iglesia ni Cristo**

(1) Ano ang pangalang isinalin ng Iglesya ni Cristo?

(2) Anong malaking kulto ang katulad ng Iglesya ni Cristo sa kanilang doktrina?

(3) Ano ang batayan ng awtoridad para sa Iglesia ni Cristo?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng Iglesia ni Cristo tungkol kay Hesus?

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng Iglesia ni Cristo tungkol sa kaligtasan?

**Leksiyon 6 – Eastern Lightning**

(1) Ano ang opisyal na pangalan ng kulto na tinatawag na Eastern Lightning?

(2) Ano ang pinakamahalagang doktrina ng Eastern Lightning?

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng Eastern Lightning tungkol kay Hesus?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng Eastern Lightning tungkol sa kaligtasan?

**Leksiyon 7 - Teolohiya ng Kasaganahan**

(1) Ano ang pinakamadalas na paksa ng mga tagapangaral ng Teolohiya ng Kasaganahan?

(2) Ano ang pananampalataya, ayon sa Teolohiya ng Kasaganahan?

(3) Ano ang katulad ng Dios, ayon sa Teolohiya ng Kasaganahan?

(4) Ano ang tao, ayon sa Teolohiya ng Kasaganahan?

(5) Paano ipinapaliwanag ng Teolohiya ng Kasaganahan ang paghihirap at karamdaman sa buhay ng isang Kristiyano?

**Leksiyon 8 - Apocalyptic Cults**

(1) Ano ang pangangailangan na sinisikap na tugunan ng apocalyptic cults?

(2) Paano maling ginagamit ng apocalyptic cults ang Biblia?

(3) Ano ang dakilang tema ng kasulatang apocalyptic mula sa Biblia?

(4) Paano nakakasama ang mga apocalyptic cults?

**Leksiyon 9 - Hinduismo**

(1) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Hindu sa halip ng Dios?

(2) Anong uri ng mga dios ang nasa Hinduismo?

(3) Ano ang pangwakas na layunin ng isang Hindu?

(4) Ano ang pananaw ng Hindu kay Hesus?

**Leksiyon 10 - Buddhismo**

(1) Ano ang ultimong layunin ng Buddhist?

(2) Ano ang konsepto ng Buddhist tungkol sa Dios?

(3) Paano ipinapaliwanag ng Buddhist ang paghihirap sa buhay?

(4) Ano ang sinisikap ng Buddhist na matupad sa kanyang buhay?

**Leksiyon 11 - Taoismo**

(1) Kanino nagdarasal ang mga Taoist?

(2) Sino ang mga supremong dios sa Taoism?

(3) Ano ang layunin ng Taoismo?

(4) Ayon sa Taoism, sino si Hesus?

**Leksiyon 12 - Islam**

(1) Banggitin ang dios, ang propeta, at ang banal na aklat ng Islam.

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim tungkol kay Hesus?

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim tungkol sa Biblia?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim tungkol sa kaligtasan?

**Lesson 13 - Judaismo**

(1) Anong mga Kasulatan ang nagkakatulad sa Judaismo at Kristiyanismo?

(2) Sino si Hesus, ayon sa Judaismo?

(3) Anong klase ng Mesiyas ang inaasahan ng Judaismo?

(4) Ano ang konsepto ng kaligtasan ayon sa Judaismo?

**Leksiyon 14 - New Age**

(1) Ano ang pagtingin ng New Age sa ibang relihiyon?

(2) Ano ang konsepto ng New Age tungkol sa Dios?

(3) Paano nakikipag-ugnayan ang New Age sa supernatural?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng New Age tungkol kay Hesus?

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng New Age tungkol sa kasalanan at kaligtasan?

**Leksiyon 15 - Animismo**

(1) Bakit ang animismo ay hindi lamang isang partikular na relihiyon?

(2) Paano nakikipag-ugnayan ang animists sa supernatural?

(3) Bakit hindi nananalangin sa Dios ang mga animist?

(4) Ano ang pamahiin?

(5) Bakit hindi nagagapos sa pamahiin ang isang Kristiyano?

**Leksiyon 16 - Voodoo**

(1) Kanino sumasamba ang mga nagsasagawa ng Voodoo?

(2) Ano ang layunin ng isang sumasamba sa panahon ng isang gawaing pagsamba ng Voodoo?

(3) Anong iglesyang Kristiyano ang madalas na nahahaluan ng Voodoo?

(4) Ano ang ilang halimbawa ng mga bagay na ginagamit sa mga seremonyang Voodoo?

**Leksiyon 17 - Sabadista**

(1) Ano ang pangunahing doktrina na nagbubukod sa mga Sabadista mula sa ibang mga iglesya?

(2) Ano ang pananaw sa Dios ng Sabadista?

(3) Ano ang pananaw sa kaligtasan ng mga Sabadista?

(4) Ano ang pananaw ng Sabadista tungkol sa pangwalanghanggang patutunguhan ng tao?

**Leksiyon 18 –Katolisismong Romano**

(1) Ano ang inaangkin ng Katolikong Romano kaugnay sa kanilang pangalan?

(2) Ano ang ilan sa mga dahilan na ang mga Katolikong Romano ay inaakusahan ng pagsamba sa dios-diosan?

(3) Ano ang pananaw ng Katolikong Romano tungkol sa kaligtasan?

(4) Ano ang doktrina ng purgatoryo ayon sa Katolikong Romano?

**Leksiyon 19 - Eastern Orthodoxy**

(1) Ano ang ipinakikitang inaangkin ng pangalan ng Eastern Orthodoxy?

(2) Ano ang pananaw ng Eastern Orthodox patungkol sa Dios?

(3) Bakit naniniwala ang mga Eastern Orthodoxy tungkol sa mga santo?

(4) Ano ang doktrina ng *theosis* para sa Eastern Orthodoxy?

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng Eastern Orthodoxy tungkol sa Biblia?

**Leksiyon 20 - United Pentecostalism**

(1) Ano ang pananaw ng United Pentecostal tungkol sa Dios?

(2) Ano ang mga pinaniniwalaan ng United Pentecostals bilang kinakailangang mga tanda ng kaligtasan?

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng United Pentecostal tungkol sa pamumuhay Kristiyano?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng United Pentecostal tungkol sa Biblia?

# Mga Inirerekomendang Pagkukunan

Upang mas mapag-aralan ang mga paksa na tinalakay sa tekstong ito, mangyaring tingnan ang mga sumusunod na pagkukunan.

**Pag-eebanghelyo**

Coleman, Robert. *The Master Plan of Evangelism*. Ada: Revell, 2010.

Comfort, Ray. *Hell's Best-Kept Secret*. New Kensington: Whitaker House, 2004.

Little, Paul. *How to Give Away Your Faith*. Downers Grove: IVP Books, 2019.

**Mormonismo**

Martin, Walter and Ravi Zacharias. *The Kingdom of the Cults*. Bloomington: Bethany House Publishers, 2003.

Geisler, Norman and William Nix. *From God to Us Revised and Expanded: How We Got Our Bible*. Chicago: Moody Publishers, 2012.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga leksiyon tungkol sa Saksi ni Jehovah, Iglesia ni Cristo, at Eastern Lightning ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Jehovah's Witnesses/Mga Saksi ni Jehovah**

Strobel, Lee. *The Case for Christ: A Journalist's Personal Investigation of the Evidence for Jesus*. Grand Rapids: Zondervan, 2016.

Carlson, Ron and Ed Decker. *Fast Facts on False Teachings*. Eugene: Harvest House Publishers, 2003.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga leksiyon sa Mormonismo, Iglesia ni Cristo, at Eastern Lightning ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Iglesia ni Cristo**

Strobel, Lee. *The Case for Easter: A Journalist Investigates the Evidence for the Resurrection*. Grand Rapids: Zondervan, 2018.

McDowell, Josh and Bob Hostetler. *Beyond Belief to Convictions*. Carol Stream: Tyndale House Publishers, Inc., 2002

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon tungkol sa Mormonismo, Saksi ni Jehovah, at Eastern Lightning ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Eastern Lightning**

Strobel, Lee. *The Case for the Real Jesus: A Journalist Investigates Current Attacks on the Identity of Christ*. Grand Rapids: Zondervan, 2009.

Hattaway, Paul. *China's Christian Martyrs*. Grand Rapids: Kregel Publications, 2007.

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon sa Mormonismo, Saksi ni Jehovah at Iglesia ni Cristo ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Prosperity Theology/Teolohiya ng Kasaganahan**

Hanegraaff, Hank. *Christianity in Crisis*. Nashville: Thomas Nelson, 2012.

Gibson, Stephen. *Prosperity Prophets*. Salem: Allegheny Publications, 2006.

Sider, Ronald. *The Scandal of the Evangelical Conscience*. Ada: Baker Books, 2005.

**Apocalyptic Cults**

Bird, Mark, Allan Brown, Philip Brown, Ben Durr, Stephen Gibson, Daniel Glick, Richard Miles, and Larry Smith. *I Believe: Fundamentals of the Christian Faith*. Cincinnati: Revivalist Press, 2006.

Ladd, Eldon. *The Blessed Hope*. Grand Rapids: Eerdmans, 1990.

**Hinduismo**

Strobel, Lee. *The Case for Faith: A Journalist Investigates the Toughest Objections to Christianity*. Grand Rapids: Zondervan, 2014.

Zacharias, Ravi. *Walking from East to West*. Grand Rapids: Zondervan, 2010.

Ang mga aklat ng inirekomenda para sa mga leksiyon sa Buddhismo, Taoismo, Islam at Judaismo ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Buddhismo**

Strobel, Lee. *The Case for a Creator: A Journalist Investigates Scientific Evidence that Points toward God*. Grand Rapids: Zondervan, 2014.

Zacharias, Ravi. *The Lotus and the Cross: Jesus Talks with Buddha*. Colorado Springs: Multnomah, 2010.

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon tungkol sa Hinduismo, Taoismo, Islam, at Judaismo ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Taoismo**

Zacharias, Ravi. *Jesus Among Other Gods: The Absolute Claims of the Christian Message*. New York: W Publishing Group, 2002.

Geisler, Norman. *Christian Apologetics*. Ada: Baker Academic, 2013.

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon sa Hinduismo, Buddhismo, Islam, at Judaismo ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Islam**

Zacharias, Ravi. *Light in the Shadow of Jihad*. Colorado Springs: Multnomah, 2002.

Rhodes, Ron. *Reasoning from the Scriptures with Muslims*. Eugene: Harvest House Publishers, 2002.

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon sa Hinduismo, Buddhismo, Taoismo, at Judaismo ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Judaismo**

McDowell, Josh. *More than a Carpenter*. Carol Stream: Tyndale Momentum, 2009.

Kaiser, Walter C. *The Messiah in the Old Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1995.

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon sa Saksi ni Jehovah at Iglesia ni Cristo ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

Ang website ng Jews for Jesus ay nagkaloob ng ebidensiya para sa Kristiyanismo at sumasagot sa mga pagtutol, espesyal para sa mga Judio, sa JewsforJesus.org.

Isa pang ministeryo na nagbibigay ng mga artikulo at impormasyon ay ang Chosen People Ministries, sa chosenpeople.com.

**New Age Religion**

Geisler, Norman and Ronald M. Brooks. *When Skeptics Ask: A Handbook on Christian Evidences*. Ada: Baker Books, 1990.

Chesterton, G.K. *The Everlasting Man*. Brooklyn: Angelico Press, 2013.

Lewis, C. S. *The Abolition of Man*. San Francisco: HarperOne, 2015.

Ang mga aklat na inirekomenda para sa mga leksiyon kaugnay sa Saksi ni Jehovah, Iglesia ni Cristo at Eastern Lightning ay nakaugnay rin sa leksiyong ito.

**Animismo**

Richardson, Don. *Peace Child*. Bloomington: Bethany House Publishers, 2005.

Richardson, Don. *Eternity in Their Hearts*. Bloomington: Bethany House Publishers, 2006.

**Voodoo**

Spurgeon, Charles and Robert Hall. *Spiritual Warfare in a Believer's Life*. Edmonds: YWAM Publishing, 1993.

Middleton, David. *Victory Over the Forces of Darkness*. Salem: Allegheny Publications, 2010.

**Seventh-Day Adventism/Sabadista**

Carson, D. A. *From Sabbath to Lord's Day: A Biblical, Historical, and Theological Investigation*. Eugene: Wipf and Stock, 2000.

**Catholicism/Katolisismo**

Noll, Mark. *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity*. Ada: Baker Academic, 2012.

Ang aklat na inirekomenda para sa leksiyon sa Eastern Orthodoxy ay kaugnay din leksiyong ito.

**Eastern Orthodoxy**

Gonzalez, Justo. *A History of Christian Thought, Volume 1: From the Beginnings to the Council of Chalcedon*. Nashville: Abingdon Press, 1987.

Ang aklat na inirekomenda para sa leksiyon tungkol sa Romano Katolisismo ay kaugnay rin sa leksiyong ito.

**United Pentecostal**

Taylor, Richard. *What Does it Mean to be Filled with the Holy Spirit?* Boston: Beacon Hill Press, 2011.

Wesley, John. *John Wesley for the 21st Century*. Edited by Stephen Gibson. Salem: Allegheny Publications, 2000.

# Mga Relihiyon sa Mundo at Mga Kulto
# Talaan ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ____________________________________

Sa table sa ibaba, lagdaan kapag ang bawat isusulat na ulat ay naisumite na. Ang lahat ng takdang-aralin ay dapat matagumpay na makumpleto upang makatanggap ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| | **Petsa ng Pagbabalik-loob** | **Grupong Pangrelihiyon na Tinalakay** | **Nakasulat na Ulat na Naisumite** |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |
| 10 | | | |

## Kahilingan para sa Sertipiko Mula sa Shepherds Global Classroom

Maaaring kumpletuhin ang aplikasyon para sa sertipiko ng pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom sa aming webpage sa [www.shepherdsglobal.org](http://www.shepherdsglobal.org). Maaaring digitally transmitted na ipadala mula sa presidente ng SGC sa mga tagapagturo at facilitators na siyang kukumpleto ng aplikasyon para kapakanan ng kanilang (mga) mag-aaral.